# Ang mga Sunnah ng Propeta
– pagpalain siya ni Allah at pangalagaan –
**at mga Dhikr Niyang Pang-araw-araw**




Akda
**Dr. `Abdullāh bin Ḥamūd Al-Furayḥ**

Pambungad
**Propesor Doktor Khālid bin `Alīy Al-Mushayqiḥ**

# Ang mga Sunnah ng Propeta

pagpalain siya ni Allah at pangalagaan

# at mga Dhikr Niyang Pang-araw-araw

Nagsasabi si Allāh – kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan – sa banal na ḥadīth:

“Hindi titigil ang lingkod Ko sa pagpapakalapit sa Akin sa pamamagitan ng mga kusang-loob na pagsamba hanggang sa ibigin ko Siya.”

Akda

Dr. `Abdullāh bin Ḥamūd Al-Furayḥ

Pambungad

Propesor Doktor Khālid bin `Alīy Al-Mushayqiḥ

**Sarili ang lahat ng karapatan**

Maliban sa sinumang nagnanais na isalin ang aklat o ilathala para ipamahagi nang libre matapos ang pahintulot mula sa may-akda o tagalathala.

Ang aklat ay naisalin sa mahigit sa dalawampung wika.


بسم الله الرحمن الرحيم

# Indese ng mga Paksa ng Aklat

## Ang mga Panimula


| Paksa | Pahina |
|---|---|
| **Pambungad** | 21 |
| Paunang Salita | 24 |
| Ang Kahulugan ng Sunnah | 24 |
| Mga Halimbawa ng Sigasig ng Sinaunang Muslim sa Sunnah: | 24 |
| Ilan sa mga Bunga ng Pagsunod sa Sunnah: | 26 |


## Ang mga Sunnah na Napapanahon




| Paksa | Pahina |
|---|---|
| Ang Oras ng Bago Magmadaling-araw | 32 |
| **Unang Bahagi:** Ang pagkagising at ang sumusunod dito na mga gawaing ginagawa ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: | 32 |
| 1 **Nililinis niya ang bibig niya ng siwāk. Nangangahulugan ito: Kinikiskis niya ang ngipin ng siwāk.** | 32 |
| 2 **Nagsasabi siya ng takdang dhikr pagkagising.** | 33 |
| 3 **Pinapawi niya ang tulog sa mukha niya.** | 33 |
| 4 **Tumitingin siya sa langit.** | 33 |
| 5 **Binibigkas niya ang sampung huling talata ng Sūrah Āl `Imrān.** | 33 |

| Paksa | Pahina |
|---|---|
| ⑥ Hinuhugasan niya ang mga kamay niya nang tatlong ulit. | 34 |
| ⑦ Na sisinghot ng tubig nang tatlong ulit at isisinga sa tuwing singhot. | 34 |
| ⑧ Pagkatapos ay nagsasagawa siya ng wuḍū’ | 35 |
| Kabilang sa mga Sunnah ng Wuḍū’: | 35 |
| ① Ang Siwāk | 36 |
| ② Ang pagsambit ng pangalan ni Allāh | 36 |
| ③ Ang paghuhugas ng mga palad nang tatlong ulit. | 36 |
| ④ Ang pagsisimula sa kanan sa paghuhugas ng mga kamay at mga paa. | 37 |
| ⑤ Ang pagsisimula sa pagmumumog at ang pagsinghot ng tubig | 37 |
| ⑥ Ang Masinsinang Pagmumumog at Pagsinghot ng Tubig para sa Hindi Nag-aayuno. | 37 |
| ⑦ Ang Pagmumumog at ang Pagsinghot ng Tubig mula sa Iisang Dakot na Tubig | 38 |
| ⑧ Hinggil sa Pagpapahid ng Ulo Ayon sa Sunnah ang Katangiang Ayon sa Sunnah | 38 |
| ⑨ Ang Pagtatatlong Ulit sa Paghugas ng Kamay at Paa | 38 |
| ⑩ Ang Nasasaad na Panalangin Matapos ang Wuḍū’ | 39 |
| Ikalawang Bahagi: Ang Qiyāmullayl at ang Witr. | 40 |
| ① Bahagi ng Sunnah na dasalin ang ṣalāh sa gabi sa oras nitong pinakamainam. | 41 |
| ② Ang Sunnah ay magsagawa ng labing-isang rak`ah. | 43 |
| ③ Bahagi ng Sunnah na pasimulan ang ṣalāh sa gabi ng dalawang maikling rak`ah. | 44 |
| ④ Bahagi ng Sunnah na isagawa ang mga panimulang nasasaad sa dasal sa gabi. | 44 |

| Paksa | Pahina |
|---|---|
| 5 **Bahagi ng Sunnah na patagalin ang pagtayo, ang pagyukod, at ang pagpapatirapa. Ang lahat ng mga panggawaing haligi ng ṣalāh ay malapit sa pagkaka-pantay ng haba.** | 45 |
| 6 **Isasagawa ang mga sunnah na nasasaad sa pagbigkas ng Qur'ān dito. Kabilang doon:** | 45 |
| 7 **Bahagi ng Sunnah na magsagawa ng taslīm sa bawat dalawang rak`ah.** | 46 |
| 8 **Bahagi ng Sunnah ang pagbigkas ng mga takdang sūrah sa huling tatlong rak`ah.** | 47 |
| 9 **Bahagi ng Sunnah na magsagawa ng qunūt sa witr minsan.** | 47 |
| 10 **Ang panalangin sa Huling Ikatlong Bahagi ng Gabi** | 49 |
| 11 **Itinuturing na Sunnah, kapag nagsagawa ng taslīm sa witr, na magsabi ng *Subḥāna -lmāliki -lquddūs (Napakamaluwalhati ng Haring Pagkabanal-banal)* nang tatlong ulit at itataas ang tinig sa ikatlo.** | 49 |
| 12 **Itinuturing na Sunnah na gisingin ang asawa sa pag-sasagawa ng dasal sa gabi.** | 50 |
| 13 **Bahagi ng Sunnah na gawin ng nagdarasal sa gabi ang pinakabanayad para sa sarili niya upang hindi makaapekto ito sa kataimtiman niya.** | 50 |
| 14 **Ang Sunnah para sa nakaligtaan ang pagdarasal ng witr sa gabi ay dasalin ito sa araw nang may isang rak`ah na dagdag.** | 51 |
| Ikalawa: Ang Oras ng Fajr | 52 |
| 1 **Ang Pagsunod sa Mu'adhdhin.** | 52 |
| 2 **Ang Pagsabi ng Dhikr na Ito Pagkatapos ng Shahādatayn.** | 53 |
| 3 **Ang Panalangin ng Pagpapala sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – matapos ang adhān.** | 53 |

| Paksa | Pahina |
|---|---|
| ④ Ang Pagsabi ng Panalanging Nasasaad Matapos ang Adhān | 54 |
| ⑤ Ang Panalangin Matapos ang Adhān | 54 |
| ⑥ Ang Sunnah sa Fajr: Mayroon Itong Ilang Sunnah. | 55 |
| ⑦ Ang Pinakatiyak sa mga Sunnah Rātibah | 55 |
| ⑧ Ang Sunnah sa Fajr ay Natatangi sa Ilang Usapin. | 56 |
| ▶ Ang Pagpunta sa Masjid at Mayroon Itong Ilang Sunnah. | 57 |
| ① Itinuturing na sunnah ang pagsambit ng takbīr sa pagpunta sa masjid. | 57 |
| ② Na lalabas ng bahay niya samantalang nakapag-sagawa ng wuḍū' upang itala [ng anghel] ang mga hakbang niya. | 57 |
| ③ Na pupunta siya sa ṣalāh nang may katiwasayan at kahinahunan. | 58 |
| ④ Ang Pag-una sa Kanang Paa sa Pagpasok sa Masjid at ang Pag-una sa Kaliwang Paa sa Paglabas Mula Roon. | 58 |
| ⑤ Na sasabihin ang dhikr na nasasaad sa pagpasok sa masjid at sa paglabas doon. | 58 |
| ⑥ Na magdarasal ng dalawang rak`ah bilang pagbati para sa masjid. | 59 |
| ⑦ Itinuturing na sunnah para sa mga lalaki ang mag-madali sa unang hanay sapagkat ito ang pinakamai-nam sa mga hanay at para sa mga babae ang pinaka-mainam sa mga ito ay ang huli sa mga ito. | 59 |
| ⑧ Itinuturing na sunnah para sa ma'mūm na maging malapit sa imām niya. | 60 |
| ▶ Mga Sunnah sa Ṣalāh: | 61 |
| ◆ Ang sutrah, at itinuturing na sunnah dito ang sumu-sunod: | 61 |

| Paksa | Pahina |
|---|---|
| 1 Itinuturing na sunnah ang paggawa ng sutrah. | 61 |
| 2 Itinuturing na sunnah ang pagkalapit sa sutrah. | 62 |
| 3 Itinuturing na sunnah na pigilin ang dumaraan sa harapan ng nagdarasal. | 62 |
| 4 Itinuturing na Sunnah ang Paggamit ng siwāk sa Bawat Ṣalāh. | 63 |
| ◆ Habang Nakatayo, Itinuturing na Sunnah ang Sumusunod: | 63 |
| 1 Ang pag-angat ng mga kamay sa pagsasagawa ng Panimulang Takbīr (Takbīratul'iḥrām) | 63 |
| 2 Itinuturing na sunnah sa sandal ng pag-aangat ng mga kamay na ang mga daliri ay nakaunat. | 64 |
| 3 Itinuturing na sunnah na ang pag-angat ng mga kamay ay sa magkapantay na posisyon. | 64 |
| 4 Itinuturing na sunnah na para sa nagdarasal matapos ang takbīr ng pagsisimula na ilagay ang kanang kamay sa ibabaw ng kaliwa. | 65 |
| 5 Itinuturing na sunnah na hawakan ng kanang kamay ang kaliwang kamay. | 65 |
| 6 Itinuturing na sunnah na sabihin ang panalangin sa pagsisimula ng ṣalāh (du`ā' al-istiftāḥ). | 66 |
| 7 Ang Isti`ādhah. | 67 |
| 8 Ang Basmalah. | 68 |
| 9 Ang Pagsabi ng Amen Kasama ng Imām. | 68 |
| 10 Pagbigkas ng sūrah pagkatapos ng Fātiḥah. | 68 |
| ◆ Samantalang Nasa Pagkakayukod, Itinuturing na Sunnah ang Sumusunod: | 69 |
| 1 Itinuturing na sunnah ang paglalagay ng mga kamay sa mga tuhod gaya ng humahawak sa mga ito samantalang ipinaghihiwalay ang mga daliri. | 69 |

| Paksa | Pahina |
|---|---|
| ② **Itinuturing na sunnah para sa yumuyukod na banatin niya ang likod niya upang pumantay.** | 69 |
| ③ **Itinuturing na sunnah para sa nagdarasal sa sandali ng pakakayukod na ilayo ang mga siko sa mga tagiliran.** | 70 |
| ④ **Itinuturing na sunnah na sumambit ng mga dhikr na nasasaad habang nasa pagkakayukod.** | 71 |
| ◆ **Ang Pag-angat Mula sa Pagkakayukod ay May Ilang Sunnah:** | 71 |
| ① **Ang pagpapahaba sa gawaing ito.** | 71 |
| ② Ang pagsasari-sari sa mga anyo ng **rabbanā wa laka -lḥamd** gamit ang sumusunod: | 72 |
| ③ **Itinuturing na sunnah na sumambit ng mga dhikr na nasasaad matapos umangat sa pagkakayukod.** | 72 |
| ◆ **Ang Pagkakapatirapa ay May Ilang Sunnah:** | 73 |
| ① **Itinuturing na sunnah para sa nakapatirapa na paghiwalayin ang mga braso sa tagiliran niya, at ang tiyan niya sa mga hita niya** | 73 |
| ② **Itinuturing na sunnah para sa nakapatirapa na iharap ang mga dulo ng mga daliri ng mga paa sa Qiblah.** | 74 |
| ③ **Itinuturing na sunnah na sumambit ng mga dhikr na nasasaad habang nasa pagkakapatirapa.** | 75 |
| ④ **Itinuturing na sunnah ang magparami ng mga pan-alangin (du`ā’) habang nakapatirapa** | 76 |
| ◆ **Kabilang sa mga Sunnah sa Pag-upo sa Pagitan ng Dalawang Pagpapatirapa:** | 77 |
| ① **Kabilang sa sunnah na ihiga ng nagdarasal ang kaliwang paa niya, upuan ito, at itukod naman ang kanang paa.** | 77 |
| ② **Ang pagpapahaba sa gawaing ito** | 77 |

| Paksa | Pahina |
|---|---|
| ③ Itinuturing na sunnah para para sa sinumang nagnais na tumayo sa anumang rak`ah: ikalawa o ikaapat, na umupo nang saglit bago tumayo. | 77 |
| ◆ Kabilang sa mga Sunnah sa Tashahhud: | 78 |
| ① Itinuturing na sunnah na ihiga ng nagdarasal ang kaliwang paa sa tashahhud at itukod ang kanang paa. | 78 |
| ② Ang sunnah ay Sari-sariin ang Paglalagay ng mga Kamay sa Sandali ng Tashahhud. | 78 |
| ③ Ang Sunnah ay Sari-sariin ang Pamamaraan ng Paglalagay ng mga Daliri sa Sandali ng Tashahhud. | 79 |
| ④ Ang sunnah ay sari-sariin ng nagdarasal ang mga anyo ng tashahhud. | 80 |
| ⑤ Ang sunnah ay maupo ng upong tawarruk ang nagdarasal sa huling tashahhud sa ṣalāh na tatluhang rak`ah at apatang rak`ah. | 81 |
| ⑥ Ang sunnah ay sari-sariin ng nagdasal ang mga anyo ng panalangin ng pagpapala sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan. | 82 |
| ⑦ Itinuturing na sunnah na magpakupkop kay Allāh ang nagdarasal laban sa apat bago magsagawa ng taslīm. | 83 |
| ◆ Ang mga Dhikr na Itinatagubilin Matapos ang Taslīm ng Ṣalāh na Isinatungkulin ay Sunnah. | 84 |
| ◆ Bahagi ng Sunnah na Maupo Pagkatapos ng Fajr sa Dasalan Hanggang sa Sumikat ang Araw. | 88 |
| ▶ Mga Dhikr sa Umaga | 90 |
| ◆ Ang mga Dhikr sa Umaga at Gabi: | 90 |
| Ikatlo: Ang Oras ng Ḍuḥā | 96 |
| ◆ Ang oras nito | 97 |
| ◆ Ang pinakamainam na oras nito | 97 |
| ◆ Ang bilang ng mga rak`ah nito: | 98 |

| Paksa | Pahina |
|---|---|
| Ikaapat: Ang Oras ng Dhuhr | 99 |
| Unang Usapin: Ang Pagdarasal ng Sunnah ng Dhuhr Bago at Matapos ang Dhuhr. | 99 |
| Ikalawang Usapin: Bahagi ng Sunnah ang Pagpapahaba sa Unang rak`ah sa Ṣalāh sa Dhuhr. | 99 |
| Ikatlong Usapin: Sa sandali ng tindi ng init, itinuturing na sunnah na ipahuli ang ṣalāh sa dhuhr hanggang sa humina ang init. | 100 |
| Ikalima: Ang Oras ng `Aṣr | 102 |
| Mga Dhikr sa Umaga at Gabi | 103 |
| Oras ng mga Dhikr sa Umaga: | 103 |
| Oras ng mga Dhikr sa Gabi: | 103 |
| Ikaanim: Ang Oras ng Maghrib | 104 |
| Unang Usapin: Kabilang sa Sunnah ang Pigilin sa Paglabas ang mga Bata sa Simula ng Maghrib. | 104 |
| Ikalawang Usapin: Kabilang sa Sunnah ang Pagsasara ng mga Pinto sa Simula ng Maghrib at ang Pagsambit ng Pangalan ni Allāh – Pagkataas-taas Niya. | 104 |
| Ikatlong Usapin: Ṣalāh na Dalawang Rak`ah Bago ang Maghrib | 105 |
| Ikaapat na Usapin: Kinasusuklaman ang Pagtulog Bago ang `Ishā’ | 106 |
| Ikapito: Ang Oras ng `Ishā’ | 107 |
| Unang Usapin: Kinasusuklaman ang Pag-uusap at ang Pagtitipon Matapos nito. | 107 |
| Ikalawang Usapin: Ang Pinakamainam sa Ṣalāh sa `Ishā’ ay Ipahuli ito Hanggat Walang Pahirap Doon sa mga Ma`mūm. | 107 |

| Paksa | Pahina |
| --- | --- |
| ◆ Bahagi ng Sunnah ang pagbigkas ng Srahrah Al-Ikhlāṣ (Kabanata 112 ng Qur'an) sa bawat gabi. | 108 |
| ◆ Mga Sunnah sa Pagtulog | 109 |
| 1 Ang Pagsasara ng mga Pinto sa Pagtulog | 109 |
| 2 Ang Pagpatay ng Apoy Bago Matulog | 109 |
| 3 Ang Pagsasagawa ng Wuḍū' Bago Matulog | 110 |
| 4 Ang Pagpagpag ng Higaan Bago Mahiga Rito | 110 |
| 5 Ang Pagtulog sa Kanang Tagiliran | 111 |
| 6 Ang Paglalagay ng Kanang Kamay sa Ilalim ng Kanang Pisngi | 111 |
| 7 Ang Pagbigkas ng mga Dhikr sa Pagtulog | 111 |
| ◆ Mga Sunnah Kaugnay sa Napapanaginipan ng Natutulog | 118 |
| ◆ Ang sinumang nagising sa gabi, tunay na itinuturing na sunnah na sabihin niya ang dhikr na ito: | 120 |

## Ang mga Sunnah na Hindi Pampanahon




| Paksa | Pahina |
|---|---|
| Mga Sunnah sa Pagkain | 124 |
| (1) **Ang Pagsambit ng Bismi –llāh sa Simula ng Pagkain** | 124 |
| (2) **Ang Pagkain mula sa nalalapit** | 125 |
| (3) **Ang Pagpulot sa Nalaglag na Mumo, ang Pag-aalis ng Anumang Kumakapit Dito na Dumi, at Pagkain Nito** | 126 |
| (4) **Ang Pagdila sa mga Daliri** | 126 |
| (5) **Ang Pagsimot sa Plato** | 127 |
| (6) **Ang Pagkain Gamit ang Tatlong Daliri** | 127 |
| (7) **Ang Paghinga sa Labas ng Iniinuman Nang Tat-long Ulit** | 128 |
| (8) **Ang Papuri kay Allāh – Pagkataas-taas Niya – Matapos Kumain.** | 128 |
| (9) **Ang Pagtitipon sa Pagkain** | 129 |
| (10) **Ang Pagpupuri sa Pagkain Kapag Hinangaan Ito** | 130 |
| (11) **Ang Panalangin Para sa May-ari ng Pagkain.** | 130 |
| (12) **Ang Pagtuturing na Kaibig-ibig na Magpainom ang Umiinom sa Isang Nasa Kanan Niya Bago ang Isang Nasa Kaliwa Niya** | 131 |
| (13) **Ang Tagapagpainom ng mga Tao ay ang Pinakahuli sa Kanila sa Pag-inom** | 131 |
| (14) **Ang Pagtatakip ng Lalagyan at ang Pagbanggit ng Pangalan ni Allāh – Pagkataas-taas Niya – sa San-dali ng Pagsapit ng Gabi** | 132 |

| Paksa | Pahina |
|---|---|
| Mga Sunnah sa Pagbati, Pakikipagkita, at Pagtitipon | 134 |
| ① **Kabilang sa Sunnah ang Magbigay ng Pagbati** | 134 |
| ② **Ang Pagtuturing na Kaibig-ibig ang Pagbati Nang Tatlong Ulit Kung Humiling ang Pangangailangan Niyon** | 135 |
| ③ **Bahagi ng Sunnah ang Pagsasalahat ng Pagbati sa Kilala Mo o Hindi Mo Kilala** | 136 |
| ④ **Ang Sunnah ay ang Pagpapasimula ng Pagbati ng Sinumang Binanggit ng Sunnah na Magpasimula Nito** | 136 |
| ⑤ **Bahagi ng Sunnah ang Pagbati sa mga Paslit** | 137 |
| ⑥ **Bahagi ng Sunnah ang Pagbati sa Sandali ng Pag-pasok sa Bahay** | 137 |
| ⑦ **Bahagi ng Sunnah ang Pagpapababa ng Tinig sa Pagbati Kapag Pumasok sa mga Taong May mga Natutulog sa Kanila.** | 138 |
| ⑧ **Bahagi ng Sunnah ang Pagpaparating ng Pagbati.** | 138 |
| ⑨ **Ang Pagbati sa Sandali ng Pagpasok sa Pagtitipon at sa Sandali ng Paglisan din Dito.** | 139 |
| ⑩ **Itinuturing na Sunnah ang Pakikipagkamay Kasa-ma ng Pagbati sa Sandali ng Pagkikita** | 139 |
| ⑪ **Itinuturing na Sunnah ang Pagngiti at ang Kaali-walasan ng Mukha sa Pakikipagkita** | 139 |
| ⑫ **Itinuturing na Sunnah ang Mabuting Salita Sapag-kat Ito ay Kawanggawa.** | 140 |
| ⑬ **Ang Pagtuturing na Kaibig-ibig ang Pag-alaala kay Allāh – Pagkataas-taas Niya – sa Pagtitipon** | 140 |
| ⑭ **Itinuturing na sunnah na wakasan ang pagtitipon sa pamamagitan ng Pambayad-sala ng Pagtitipon** | 141 |

| Paksa | Pahina |
|---|---|
| Mga Sunnah sa Kasuutan at Gayak | 142 |
| ① Kabilang sa Sunnah ang Pagkakanan sa Pagsusuot ng Sapatos. | 142 |
| ② Bahagi ng Sunnah ang Pagsusuot ng Puti sa mga Kasuutan. | 143 |
| ③ Bahagi ng Sunnah ang Paggamit ng Pabango. | 144 |
| ④ Bahagi ng sunnah ang pagkakanan sa sandali ng pagsusuklay ng buhok. | 145 |
| Mga Sunnah sa Pagbahin at Paghikab | 146 |
| Mga Sunnah sa Pagbahin: | 146 |
| ① Itinuturing na Sunnah Para sa Bumabahin na Magsabi ng Alḥamdu lillāh | 146 |
| ② Ang Sunnah Kapag Hindi Nagpuri kay Allāh – Pagkataas-taas Niya – ang Bumahin ay Hindi Dadalanginan. | 147 |
| Mga Sunnah sa Paghikab | 148 |
| Bahagi ng Sunnah na Pigilin ang Paghikab o Takpan ito ng Kamay. | 148 |
| Mga Ibang Pang-araw-araw na Sunnah | 150 |
| Ang Pagsambit ng Dhikr na Nasasaad sa Pagpasok sa Palikuran at Paglabas Mula Roon. | 150 |
| Itinuturing na sunnah ang pagsusulat ng huling habilin. | 151 |
| Ang Pagpaparaya at ang Kabanayaran sa Pagtitinda ang Pagbili | 152 |
| Ṣalāh na Dalawang Rak`ah Pagkatapos ng Bawat Wuḍū’ | 152 |
| Ang Paghihintay sa Ṣalāh | 153 |

| Paksa | Pahina |
|---|---|
| ◆ Ang Siwāk | 153 |
| ◆ Ang Pagpapanibago ng Wuḍū’ Para sa Bawat Ṣalāh | 154 |
| ◆ Ang Panalangin | 155 |
| ▸ Na manalangin samantalang siya ay nasa kadali-sayan. | 155 |
| ▸ Ang pagharap sa Qiblah. | 155 |
| ▸ Ang pag-aangat ng mga kamay. | 156 |
| ▸ Ang pagsisimula sa pagbubunyi kay Allāh – kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan – at pagdalangin ng pagpapala sa Sugo Niya – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan. | 156 |
| ▸ Ang panalangin kay Allāh – pagkataas-taas Niya – gamit ang mga pangalan Niyang pinakamagaganda. | 156 |
| ▸ Ang pag-uulit ng panalangin at ang pangungulit dito. | 157 |
| ▸ Ang pagkukubli ng panalangin. | 157 |
| ◆ Ano ang sasabihin ko sa panalangin ko? | 158 |
| ◆ Bahagi ng Sunnah para sa Tao na Manalangin Para sa Kapatid Niya sa Likod ng Paglilingid | 158 |
| ◆ Bahagi ng mga sunnah na pang-araw-araw ang pag-alaala kay Allāh – pagkataas-taas Niya. | 160 |
| ◆ Papaano noon ang mga kasamahan kasama ng Qur’ān? | 160 |
| ◆ Ang dhikr, dito ay may buhay para sa mga puso. | 162 |
| ◆ Naghikayat si Allāh – kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan – sa pag-alaala sa Kanya sa maraming kalagayan. Kabilang sa mga ito: | 163 |

| Paksa | Pahina |
| --- | --- |
| ◆ **Ang nasaad sa sunnah ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – na mga uri ng dhikr ay marami. Kabilang sa mga ito ang sumusunod:** | 164 |

بسم الله الرحمن الرحيم

الحمد لله وحده والصلاة والسلام على من لا نبي بعده، وبعد:

فقد قرأت في هذا المؤلف للشيخ عبد الله بن حمود الفريح (المنح العلية في بيان السنن اليومية)

فقد ألفيته مؤلفاً مفيداً اشتمل على استقصاء السنن اليومية الفعلية والقولية في الليل والنهار، المنفردة والتابعة لغيرها مما ثبت بالدليل فجزاه الله خيراً، ونفع بمؤلفه آمين، وبالله التوفيق.

كتبه

د/ خالد بن علي المشيقح

٧/١١/١٤٣٤هـ

## Pambungad:

## Doktor Khālid bin `Alīy Al-Mushayqiḥ

Ang papuri ay ukol kay Allah lamang. Ang pagpapala at ang pangangalaga ay ukol sa kanyang wala nang propeta matapos niya.


Nabasa ko nga ang akdang ito ni Shaykh `Abdullāh bin Ḥamūd Al-Furayḥ, Ang mga Kaloob na Mataas sa Paglilinaw sa mga Pang-araw-araw na Sunnah. Natagpuan ko ito na isang akdang. Nagsagawa siya ng pagsiyasat sa mga sunnah na pang-araw-araw na ginawa at sinasabi sa gabi at araw na namumukod-tanging napabibilang sa napagtibay ng patunay.

Gantihan nawa siya ni Allah ng mabuti at pakinabangin sa akda niya. Āmīn at sa pamamagitan ni Allah ang pananagumpay.

Isinulat ni Dr. Khālid bin `Alīy Al-Mushayqiḥ

Doktor Propesor sa Pamantasan ng Qaṣīm

Guro sa Ḥaram sa Makkah at Madīnah


ادخلوها بسلام آمنين

## Pambungad

Ang papuri ay ukol kay Allāh na nagsabi (Qur'ān 33:21): **“Talaga ngang nagkaroon kayo sa Sugo ni Allāh ng isang magandang huwaran para sa sinumang nag-aasam kay Allāh at sa Huling Araw at nag-aalaala kay Allāh nang madalas.”** Isinabatas Niya ang pagsunod sa Sunnah ng Sugo Niya – pagpalain siya ni Allah at pangalagaan. Ang pagpapala at ang pangangalaga ay ukol sa pinakamabuti sa gumabay sa Kalipunang Islam sa kalubusan ng pagtalima at pagsunod sa Sunnah. Inilalagay ko sa harapan mo, kapatid na mambabasa, ang mga pang-araw-araw na sunnah ng Propeta – pagpalain siya ni Allah at pangalagaan – magmula sa paggising hanggang sa pagtulog, na isinaayos ayon sa mga oras. Pagkatapos ay pinasundan ko ito ng mga iba pang sunnah na pang-araw-araw na hindi natatakdaan ng takdang oras. Tinutukoy ko ang sunnah bilang ang itinuturing na kaibig-ibig, ang ipinag-utos ng Marunong na Tagapagbatas hindi sa paraang pag-oobliga bagkus sa paraang pagpapakalubos at pagpapadagdag lamang ng mga pagtalima. Ang aklat ito ay pagpapaikli ng orihinal na aklat na Al-Minaḥ Al-`Alīyah Fī Bayān As-Sunnah Al-Yawmīyah (Ang mga Kaloob ng Mataas Sa Paglilinaw ng mga Sunnah na Pang-araw-araw) matapos kung alisin ang mga usaping eskolastiko at ang mga aral na nauugnay sa mga sunnah. Pinanatili ko ang pinaiksing ito lamang sa paglalahad sa sunnah kalakip ng patunay nito upang matugon ang mungkahi ng ilan sa mga kapatid kaugnay sa pagpapaiksi nito, upang padaliin para sa hindi nagtataglay ng oras o tiyaga sa pagbabasa ng orihinal, at upang makaya ng ilan sa mga institusyong nag-aanyaya para sa Islam ang paglilimbag nito at ang pagpaparating nito sa pinakamalaking posi-

bleng bilang. Ang nagtulak noon sa pagsasaliksik sa mga pang-araw-araw na sunnah ng Propeta – pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ay ang pagkaibig na ilantad ang patnubay ng Propeta – pagpalain siya ni Allah at pangalagaan – gaya ng nararapat at ang pinilipit ng kanluran karagdagan sa nasasaksihan ng panahon natin na pagpapabaya sa sunnah dahil sa katwirang hindi pinarurusahan ang nagsasaisang-tabi nito kaya naman naiwan ito dahil doon ng isang dakilang kabutihan. Nagsigasig ako sa paglalahad ng mga sunnah na tumpak at pang-araw-araw lamang na nalalakipan ng mga patunay sa mga ito. Hinihiling ko kay Allah na gawin Niya tayong kabilang sa mga sumusunod sa patnubay ng Propeta - pagpalain siya ni Allah at pangalagaan – tumatalunton sa bakas niya, at magtitipon sa pangkat niya.

Isinulat ng nangangailangan

sa paumanhin ng Panginoon

Dr. `Abdullāh bin Ḥamūd Al-Furayḥ

Para makipag-ugnayan sa electronic mail:

A0504975170@hotmail.com

## Lagyan ng paunang salita



### Ang Kahulugan ng Sunnah

Ang sunnah ay nangangahulugang ang kaibig-ibig at ang kanais-nais.

Ang Sunnah ay ang ipinag-utos ng Tagapagbatas hindi sa paraang nag-oobliga, at at bunga nito ay ginagantimpalaan ang nagsasagawa nito at hindi naman pinarurusahan ang nagsasaisang-tabi nito.

### Mga Halimbawa ng Sigasig ng Sinaunang Muslim sa Sunnah:

1. Isinaysay ni Muslim sa Ṣaḥīḥ niya ang ḥadīth ayon kay An-Nu`mān bin Sālim ayon kay `Amr bin Aws – malugod si Allāh sa kanilang dalawa – na nagsabi: Isinalaysay sa akin ni `Anbasah bin Abī Sufyān, na nagsabi: Narinig ko si Umm Ḥabībah na nagsasabi: Narinig ko ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – na nagsasabi: ***"Ang sinumang nagdasal ng labindalawang rak`ah sa araw at gabi, magpapatayo para***

***sa kanya dahil sa mga ito ng isang bahay sa Paraiso."***[1] Nagsabi si Umm Ḥabībah: "Kaya hindi ko na iniwan ang mga ito magmula nang narinig ko ang mga ito mula sa Sugo ni Allāh - pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan." Nagsabi naman si `Anbasah: "Kaya hindi ko na iniwan ang mga ito magmula nang narinig ko ang mga ito mula kay Umm Ḥabībah."

Nagsabi si `Amr bin Aws: "Hindi ko na iniwan ang mga ito magmula nang narinig ko ang mga ito mula kay `Anbasah."

Nagsabi si An-Nu`mān bin Sālim: "Hindi ko na iniwan ang mga ito magmula nang narinig ko ang mga ito mula kay `Amr bin Aws."

2 Ang ḥadīth ayon kay `Alīy, malugod si Allāh sa kanya: Na si Fāṭimah ay dumaing sa natatagpuan niyang kalyo sa kamay niya. May pumunta sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – na isang bihag kaya pumunta siya ngunit hindi niya natagpuan ito. Ibinalita ni `Ā'ishah sa Propeta ang pagdating ni Fāṭimah sa kanya. Kaya dumating ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – sa amin noong kinuha na namin ang mga higaan namin kaya kami ay nakatayo. Nagsabi ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***"Sa upuan ninyo."*** Naupo siya sa pagitan namin hanggang sa naramdaman ko ang lamig ng paa niya sa dibdib ko. Pagkatapos ay nagsabi siya: ***"Hindi ba ako magtuturo sa inyo ng higit na maganda kay sa hiniling ninyo? Kapag inihanda ninyo ang mga higaan ninyo ay magsabi kayo ng Allāhu akbar nang tatlumpu't apat na ulit, magsabi kayo ng subḥāna -llāh nang tatlumpu't tatlong ulit, at magsabi kaya ng alḥamdu lillāh nang tatlumpu't tatlong ulit sapagkat ito ay higit na mabuti para sa inyo kaysa sa isang utusan."***[2]

Sa isang sanaysay, nagsabi si `Alīy, malugod si Allāh sa kanya: "Hindi ko na iniwan iyon magmula nang narinig ko iyon mula sa Propeta - pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan." Sinabi sa kanya: "Ni sa gabi ng Ṣiffīn?" Nagsabi siya: "Ni sa gabi ng Ṣiffīn."[3]

Alam natin na ang Gabi ng Ṣiffīn ay gabi na may naganap doon na labanan. Si `Alīy – malugod si Allāh sa kanya – ay pinuno roon at sa kabila niyon ay hindi niya nakaligtaan ang sunnah na ito.

(1) Isinaysay ito ni Imām Muslim, na may numerong 1727.
(2) Isinaysay ni Al-Bukhārīy na may numerong 3705. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2727.
(3) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 5362 at isinalaysay rin ito ni Muslim na may numerong 2727.

3. Si Ibnu `Umar – malugod si Allāh sa kanya – ay nagdarasal para sa patay. Pagkatapos ay umalis siya at hindi nakikilibing sa pag-aakalang ito ay kalubusan ng sunnah. Hindi niya nalaman ang kabutihang nasaad sa pakikilibing hanggang sa mailibing ang patay. Kaya noon nakarating sa kanya ang ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – nagsisi siya sa pagkaiwan ng sunnah. Pagnilay-nilayan mo ang sinabi niya!

Ipinukol ni Ibnu `Umar – malugod si Allāh sa kanya – ang maliliit na bato na nasa kamay niya sa lupa. Pagkatapos ay nagsabi siya: "Talaga ngang nagpabaya tayo sa maraming qīrāṭ."(4)

Nagsabi si An-Nawawīy, kaawaan siya ni Allāh: "Nasaad dito ang taglay ng mga Kasamahan na pagkaibig sa mga pagtalima nang ipinarating sa kanila at ang panghihinayang sa nakalampas sa kanila mula sa mga iyon gayong hindi nila nalalaman ang laki ng kahalagahan niyon."(5)

## Ilan sa mga Bunga ng Pagsunod sa Sunnah:

Ang pagsunod sa Sunnah – minamahal na kapatid ko – ay may maraming bunga. Ang ilan dito:

1. Ang pagdating sa antas ng pag-ibig. Sa pamamagitan ng pagpapakalapit kay Allāh – kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan – sa pamamagitan ng mga kusang-loob na pagdarasal natatamo ang pag-ibig ni Allāh – kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan – para sa tao.

Nagsabi si Ibnu Al-Qayyim – kaawaan siya ni Allāh: "Hindi ka mamahalin ni Allāh malibang kapag sinunod mo ang Mahal Niya nang hayagan at palihim, pinaniwalaan mo siya sa pahayag niya, sinunod mo siya sa utos niya, tinugon mo siya sa paanyaya niya, pinili mo siya nang kusang-loob, at pinalitan mo ang kahatulan ng iba sa kanya ng kahatulan niya, ang pag-ibig sa iba sa kanya na nilikha ng pag-ibig sa kanya, at ang pagtalima sa iba sa kanya ng pagtalima sa kanya. Kung hindi iyon, huwag kang magpakahirap at bumalik ka saan mo man naisin. Maghanap ka ng liwanag sapagkat ikaw ay hindi nakabatay sa anuman."(6)

(4) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 1324 at Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 945.
(5) Tingnan ang Al-Minhāj 7/15.
(6) Tingnan: Madārij As-Sālikīn 3/37.

2. Ang pagkamit ng pagkakasama ni Allāh, pagkataas-taas Niya, sa tao. Itutuon siya ni Allāh, pagkataas-taas Niya, sa kabutihan kaya walang mamumutawi sa mga kamay niya kundi ang ikinalulugod ng Panginoon niya – kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan – dahil siya, kapag nakamit ang pag-ibig, ay makakamit ang pagkakasama ni Allāh.

3. Ang pagtugon sa panalanging naglalaman pagkamit ng pag-ibig sapagkat ang sinumang nagpapakalapit kay Allāh sa pamamagitan ng mga kusang-loob na pagsama ay magkakamit ng pag-ibig. Ang sinumang nagkamit ng pag-ibig ay magkakamit ng pagtugon sa panalangin.

### Nagpapatunay sa tatlong bungang ito:

Ang ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "***Tunay na si Allāh − pagkataas-taas Niya − ay nagsabi: Ang sinumang um-away sa isang tinangkilik Ko ay nagpahayag na Ako sa kanya ng digmaan. Hindi nagpapakalapit sa Akin ang Lingkod Ko sa pamamagitan ng anuman na higit na kaibig-ibig sa Akin kaysa sa [mga pagsambang] isinatungku-lin Ko sa kanya. Hindi titigil ang Lingkod Ko na nagpapakalapit sa Akin sa pamamagitan ng mga kusang-loob na pagsamba hanggang sa ibigin Ko siya. Kaya kapag inibig Ko siya, magiging Ako ang pandinig niya na ipinandidinig niya, ang paningin niya na ipinaniningin niya, ang kamay niya na ipinanghahawak niya at ang paa niya na ipinanlalakad niya. Kung manghihingi siya sa Akin, talagang bibigyan Ko nga siya. Talagang kung magpapakupkop siya sa Akin, talagang kukupkupin Ko nga siya. Hindi Ako nag-aatubili sa isang bagay na Ako ay gumagawa nito gaya ng pag-aatubili Ko sa [pagbawi sa] kaluluwa ng mananampalataya samantalang nasusuklam siya sa kamatayan at Ako naman ay nasusuklam sa pag-inis sa kanya.***"[7]

(7) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 6502.

4. Ang pagpuno sa kakulangang nangyayari sa mga isinatungkuling dasal. Ang mga kusang-loob na dasal ay pupuno anumang nangyari sa mga isinatungkuling dasal na mga kasiraan.

**Nagpapatunay rito:**

Ang ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: Narinig ko ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – na nagsasabi: ***“Tunay na ang unang tutuusin sa tao sa Araw ng Pagkabuhay sa gawa niya ay ang pagdarasal niya. Kung bumuti, nagtamo nga siya at nagtagumpay. Kung nasira, nabigo nga siya at nalugi. Kung nagkulang mula sa isinatungkulin dito ng anuman, magsasabi ang Panginoon – kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan: Tingnan ninyo, ang lingkod Ko ba ay may kusang-loob na dasal? Bubuuhin sa pamamagitan nito ang kinulang sa isinatungkulin. Pagkatapos ang nalalabi sa gawa niya ay hahatulan ayon doon.”***[8]

(8) Isinaysay ito ni Aḥmad na may numerong 9494. Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud na may numerong 864. Isinaysay ito ni Imām At-Tirmidhīy na may numerong 413. Itinuring ito na tumpak ni Al-Albānīy, Ṣaḥīḥ Al-Jāmi` 1/405.







# Ang mga Sunnah na Napapanahon

**Ang nilalayon natin sa mga sunnah na napapanahon** ay ang mga sunnah na may oras ayon sa mga oras ng araw at gabi. Ang mga ito ay mga sunnah na isinasagawa sa mga takdang oras. Hinati ko ang mga ito sa pitong oras: bago magmadaling-araw, oras ng madaling-araw, oras ng umaga, oras ng tanghali, oras ng maghrib, at oras ng `ishā’.

# Una: Ang Oras ng Bago Magmadaling-araw



Ito ay ang unang oras sa pagsasaalang-alang ng pagkagising. Maaaring hatiin ang mga sunnah sa oras na ito sa dalawang bahagi:

**Unang Bahagi:** Ang pagkagising at ang sumusunod dito na mga gawaing ginagawa ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan:

**1 Nalilinis niya ang bibig niya ng siwāk. Nangangahulugan ito: Kinikiskis niya ang ngipin ng siwāk.**

Ayon kay Ḥudhayfah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Ang Propeta noon – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – kapag bumangon sa tulog ay naglilinis ng bibig niya sa pamamagitan ng siwāk."[1] Ayon kay Muslim sa isang sanaysay: "Ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh

(1) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 245. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 255.



at pangalagaan – kapag bumangon noon [sa gabi] para sa tahajjud ay naglilinis ng bibig niya sa pamamagitan ng siwāk."[2]

### 2 Nagsasabi siya ng takdang dhikr pagkagising.

Ito ay ang nasaad sa Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy mula sa ḥadīth ayon Ḥudhayfah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: Ang Propeta noon – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – kapag nagnais na matulog ay nagsasabi: **"Bismika -llāhumma amūtu wa aḥyā.** ***(Sa ngalan mo, o Allāh, namamatay ako at nabubuhay ako.)"*** Kapag nagising siya ay nagsasabi siya: **"Alḥamdu lillāhi -lladhī aḥyānā ba`da mā amātanā wa ilayhi –nnushūr.** ***(Ang papuri ay ukol kay Allāh na nagbigay-buhay sa atin matapos nagbigay-kamatayan sa atin at tungo sa Kanya ang pagkabuhay.)"***[3]

### 3 Pinapawi niya ang tulog sa mukha niya.

### 4 Tumitingin siya sa langit.

### 5 Binibigkas niya ang sampung huling talata ng Sūrah Āl `Imrān.

Ito ay tatlong sunnah na nasaad sa ḥadīth ayon kay Ibnu `Abbās – malugod si Allāh sa kanilang dalawa. Muttafaq `alayhi: "Na siya ay nagpalipas ng gabi kina Maymūnah, ang maybahay ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – at ito ay tiyahin niya sa ina. 'Nahiga ako sa palapad na bahagi ng higaan at nahiga ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – at ang maybahay niya sa pahabang bahagi nito.' Natulog ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – hanggang sa naghating-gabi o bago nito nang kakaunti o matapos nito nang kakaunti. Gumising ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – at naupo na pinapawi ng kamay niya ang tulog mula sa mukha niya. Pagkatapos ay binigkas niya ang sampung huling talata ng Sūrah Āl `Imrān. Pagkatapos ay tumayo siya papunta sa nakasabit na sisidlan ng tubig. Nagsagawa ng wuḍū' mula roon at hinusayan niya ang wuḍū' niya. Pagkatapos ay tumayo siya at nagdasal."[4]

---

(2) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 255. Ang paglilinis ng bibig na tinutukoy dito ay ang pagkiskis ng siwāk sa mga ngipin nang pahalang.

(3) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 6324. Isinaysay ito ni Imām Muslim mula sa ḥadīth ayon Al-Barrā' – malugod si Allāh sa kanya. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2711.

(4) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 183. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 763.

Sa isang sanaysay ni Muslim na may numerong 256: "Bumangon ang Propeta ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – sa huling bahagi ng gabi. Pagkatapos ay lumabas at tumingin sa langit. Pagkatapos ay binigkas niya ang talatang ito sa [Sūrah] Āl `Imrān (Qur'ān 3:190): **"Tunay na sa pagkalikha sa mga langit at lupa at pagsasalitan ng gabi at araw ay talagang may mga tanda para sa may pag-iisip,"**

Ang "pinapawi ng kamay niya ang tulog mula sa mukha niya" ay nangangahulugang: Pinapahiran niya ang mga mata niya upang mapawi ang bakas ng pagtulog. Ang sisidlan ng tubig ay ang sisidlang balat.

Sa isang sanaysay ni Muslim ay may paglilinaw sa kung ano ang binibigkas niya para sa sinumang nagnanais na ipatupad ang sunnah na ito. Ito ay nagsisimula sa sabi Niya, pagkataas-taas Niya: **"Tunay na sa pagkalikha sa mga langit at lupa at pagsasalitan ng gabi at araw"** hanggang sa katapusan ng Sūrah Āl `Imrān.

### 6 Hinuhugasan niya ang mga kamay niya nang tatlong ulit.

Batay sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah - malugod si Allāh sa kanya – ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi: ***"Kapag nagising ang isa sa inyo sa pagkatulog niya ay huwag niyang ipasok ang kamay niya sa lalagyan malibang nahugasan niya ito nang tatlong ulit sapagkat tunay na siya ay hindi nakaaalam kung saan nagpalipas ng gabi ang kamayniya."***[5]

### 7 Na sisinghot ng tubig nang tatlong ulit at isisinga sa tuwing singhot.

Batay sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi: ***"Kapag nagising ang isa sa inyo mula sa pagkatulog ay suminga siya [ng tubig na sininghot] nang tatlong ulit sapagkat tunay na ang Demonyo ay nagpapalipas ng gabi sa mga kalooob-looban ng ilong niya."***[6] Sa isang sanaysay ni Al-Bukhārīy: ***"Kapag nagising ang isa sa inyo mula sa pagkatulog ay magsagawa siya ng wuḍū' at suminga siya [ng tubig na sininghot] nang tatlongulit…"***[7]

(5) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 162. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 278.
(6) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 3295. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 238.
(7) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 3295.

### 8 Pagkatapos ay nagsasagawa siya ng wuḍū’

Batay sa ḥadīth ayon kay Ibnu `Abbās – malugod si Allāh sa kanilang dalawa – na naunang nabanggit nang ninais ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – na magdasal, tumayo siya papunta sa sisidlan ng tubig na nakasabit at nagsagawa ng wuḍū’ mula roon.

## Mga Sunnah ng Wuḍū’



Sa pagsasagawa ng wuḍū’, titigil tayo nang saglit upang liwanagin natin rito ang mga sunnah sa wuḍū’ sa maiksing paraan hindi sa paraang detalyado at puspusan dahil ito ay alam na. Magpapaalaala lamang tayo niyon bilang paglubos sa mga sunnah.



## ① Ang Siwāk

Iyon ay bago simulan ang wuḍū o bago magmumog. Ito ang ikalawang kalagayan na itinuturing na sunnah ang siwāk. Naunang nabanggit ang unang kalagayan. Nagiging sunnah sa sinumang nagnanais na magsagawa ng wuḍū' na gumamit ng siwāk batay sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – na ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi: ***"Kung hindi nga lamang ako makapagpapahirap sa kalipunan, talagang ipag-uutos ko sa kanila ang paggamit ng siwāk sa bawat wuḍū'."***[8]

Batay sa ḥadīth ayon kay `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Kami noon ay naghahanda para sa kanya ng siwāk niya at pandalisay na tubig niya at gigisingin siya ni Allāh sa anumang oras na niloob Niya sa gabi. Gagamit siya ng siwāk, magsasagawa siya ng wuḍū', at magdarasal siya."[9]

## ② Ang pagsambit ng pangalan ni Allah

Batay sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya: ***"Walang wuḍū' para sa sinumang hindi bumanggit ng pangalan ni Allāh."***[10]



## ③ Ang paghuhugas ng mga palad nang tatlong ulit.

Batay sa ḥadīth ni `Uthmān – malugod si Allāh sa kanya – hinggil sa katangian ng wuḍū' ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – at nasaad dito: "Nagpakuha siya ng pang-wuḍū' at nagsagawa siya ng wuḍū'. Hinugasan niya ang mga palad niya nang tatlong ulit…" Nagsabi ito: "Nakita ko ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – na nagsasagawa ng wuḍū' na tulad ng wuḍū' kong ito."[11]

---

(8) Isinaysay ito ni Aḥmad na may numerong 9928. Isinaysay ito ni Imām Ibnu Khuzaymah, at itinuring niyang tumpak ito (1/73/140), ni Al-Ḥākim (1/245), at ni Al-Bukhārīy bilang komentaryo sa anyo ng pagtitiyak sa usapin ng siwāk na sariwa at tuyot para sa nag-aayuno.

(9) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 746.

(10) Isinaysay ito ni Aḥmad na may numerong 11371, ni Abū Dāwud na may numerong 101, at ni Ibnu Mājah na may numerong 397.

(11) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 146. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 226.

## 4 Ang pagsisimula sa kanan sa paghuhugas ng mga kamay at mga paa.



Batay sa ḥadīth ni `Uthmān – malugod si Allāh sa kanya – hinggil sa katangian ng wuḍū' ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "…nagmumog siya, at isininga niya [ang tubig na sininghot]. Pagkatapos ay hinugasan niya ang mukha niya nang tatlong ulit…"(12)

## 5 Ang pagsisimula sa pagmumumog at ang pagsinghot ng tubig

Batay sa ḥadīth ayon kay Laqīṭ bin Ṣabrah – malugod si Allāh sa kanya – ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi: ***"Lubusin mo ang wuḍū', palagusin mo ang tubig sa pagitan ng mga daliri, magpakalubus-lubos sa pagsinghot ng tubig maliban kung ikaw ay nag-aayuno."***(13) Inalis ang pagpapakalubus-lubos sa pagmumumog sa sabi niyang: ***"Lubusin ang wuḍū'."***

## 6 Ang Masinsinang Pagmumumog at Pagsinghot ng Tubig para sa Hindi Nag-aayuno.



Batay sa ḥadīth ayon kay Laqīṭ bin Ṣabrah – malugod si Allāh sa kanya – ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi: ***"Lubusin mo ang wuḍū', palagusin mo ang tubig sa pagitan ng mga daliri, magpakalubus-lubos sa pagsinghot ng tubig maliban kung ikaw ay nag-aayuno."***(14) Inalis ang pagpapakalubus-lubos sa pagmumumog sa sabi niyang: ***"Lubusin ang wuḍū'."***


---

(12) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 199. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 226. Kung ipahuhuli ang pagmumumog at ang pagsinghot ng tubig hanggang sa matapos makapaghilamos, ipinahihintulot ito.

(13) Isinaysay ito ni Aḥmad na may numerong 17846, ni Abū Dāwud na may numerong 142. Nagsabi si Ibnu Ḥijr: "Ito ay ḥadīth na tumpak." Al-Iṣābah 9/15

(14) Isinaysay ito ni Aḥmad na may numerong 17846, ni Abū Dāwud na may numerong 142. Nagsabi si Ibnu Ḥijr: "Ito ay ḥadīth na tumpak." Al-Iṣābah 9/15


### 7 Ang Pagmumumog at ang Pagsinghot ng Tubig mula sa Iisang Dakot na Tubig



Batay sa ḥadīth ayon kay `Abdullāh bin Zayd – malugod si Allāh sa kanya – hinggil katangian ng wuḍū' ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – na nagsabi: "…ipinasok niya ang kamay niya at inilabas ito. Nagmumog siya at suminghot ng tubig mula sa iisang palad at ginawa niya iyon nang tatlong ulit."(15)

### 8 Hinggil sa Pagpapahid ng Ulo Ayon sa Sunnah ang Katangiang Ayon sa Sunnah

Ito ay ang pagsisimula sa pagpahid niya sa ulo niya. Inilalagay niya ang mga kamay niya sa harapan ng ulo niya. Pagkatapos ay ipinupunas niya ang mga ito hanggang sa batok ng ulo niya. Pagkatapos ay ibinabalik niya ang mga ito sa lugar na pinagsimulan niya. Ang babae rin ay gagawa ng sunnah na ito sa mismong paraan. Ang anumang lumabis sa buhok lampas sa leeg ng babae, tunay na ito ay hindi papahiran.



**Nagpapatunay rito:**

Ang ḥadīth ayon kay `Abdullāh – malugod si Allāh sa kanya – hinggil sa katangian ng wuḍū' ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – at nasaad dito: "Nagsimula siya sa harapan ng ulo niya. Pagkatapos ay ipinupunas niya ang mga ito hanggang sa batok niya. Pagkatapos ay pinanunumbalik niya ang mga ito hanggang sa makabalik sa lugar na pinagsimulan niya."(16)

### 9 Ang Pagtatatlong Ulit sa Paghugas ng Kamay at Paa

Ang unang paghugas ay isinasatungkulin. Tungkol naman sa ikalawa at ikatlo, ito ay sunnah. Hindi magpapalabis sa tatlo.

(15) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 192. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 235.
(16) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 185. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 235.

**Nagpapatunay rito:**

Ang napagtibay ayon kay Al-Bukhārīy – kaawaan siya Allāh – mula sa ḥadīth ayon kay Ibnu `Abbās – malugod si Allāh sa kanilang dalawa: "Na ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsagawa ng wuḍū' nang tig-iisang ulit [na paghuhugas]."(17) Napagtibay din ayon kay Al-Bukhārīy mula sa ḥadīth ayon kay `Abdullāh bin Zayd – malugod si Allāh sa kanya: "Na ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsagawa ng wuḍū' nang tigdadalawang ulit [na paghuhugas]."(18) Napagtibay din sa Ṣaḥīḥān mula sa ḥadīth ni `Uthmān – malugod si Allāh sa kanya: "Na ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsagawa ng wuḍū' nang tig-tatatlong ulit [na paghuhugas]."(19) Dahil dito, ang pinakamainam ay ang pag-iiba paminsan-minsan. Kaya paminsan-minsan, magsasagawa ng wuḍū' nang tig-iisang hugas; paminsan-minsan, tigdadalawang hugas; paminsan-minsan, tigtatatlong hugas. Paminsan-minsan, iibahin ang bilang. Huhugasan halimbawa ang mukha nang tatlong ulit, ang mga kamay nang dalawang ulit, ang mga paa nang isang ulit, gaya ng nasaad sa Ṣaḥīḥān mula sa ḥadīth ni `Abdullāh bin Zayd – malugod si Allāh sa kanya – sa ibang sanaysay.(20) Subalit ang pinakananingibabaw ay isagawa nang lubos na tigtatatlong hugas sapagkat ito ang patnubay ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan.

## 10 Ang Nasasaad na Panalangin Matapos ang Wuḍū'

Ayon kay `Umar – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***"Kapag may isang kabilang sa inyo na nagsasagawa ng wuḍū' at nilubus-lubos – o nilubos – ang wuḍū', pagkatapos ay nagsasabi:* Ashhadu an lā ilāha illā -llāh, wa anna Muḥammadan `abdu -llāhi wa rasūluh. *(Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay alipin ni Allāh at Sugo Niya, bubuksan para sa kanya ang walong pinto ng Paraiso. Papasok siya mula sa alin ang niloob niya.)"***(21)

O ang nasaad sa ḥadīth ayon kay Abū Sa`īs – malugod si Allāh sa kanya: ***"Ang sinumang nagsagawa ng wuḍū' at natapos sa wuḍū' niya at nagsabi ng –* Subḥānaka -llāhumma wa biḥamdik, ashhadu an lā ilāha illa anta, astaghfiruka wa atūbu ilayka. (*Napakamaluwalhati Mo, o Allāh, at kalakip***

(17) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 157.
(18) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 158.
(19) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 159.
(20) Tingnan: Zād Al-Ma`ād 1/192.
(21) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 234

***ng papuri sa iyo, sumasaksi ako na walang Diyos kundi Ikaw, humihingi ako ng tawad sa Iyo, at nagbabalik-loob ako sa Iyo.*) *– ay tatatakan ni Allāh dahil doon ng isang pantatak. Pagkatapos ay iaangat sa ilalim ng Trono at hindi mababasag hanggang sa Araw ng Pagkabuhay."***[22] Itinuring na tumpak ang kawing ng pananalaysay nito ni Ibnu Ḥijr – kaaawaan siya ni Allāh.[23] Nilinaw niya na kung hindi tumumpak ito bilang marfū` (umabot sa Propeta ang kawing ng pananalaysay), ito ay mawqūf (umabot sa kasamahan lamang ng Propeta ang kawing ng pananalaysay). Hindi makapipinsala sa kanya iyon dahil ito ay may kahatulang marfū` at dahil ito ay kabilang sa walang puwang dito ang opinyon.



**Ikalawang Bahagi:** Ang Qiyāmullayl at ang Witr, at dito ay may ilang gawain na bahagi ng patnubay ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan.

(22) Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'īy sa `Amal Al-Yawm wa Al-Laylah (Gawain sa Araw at Gabi), pahina 147. Isinaysay rin ito ni Al-Ḥākim 1/752.

(23) Tingnan: Natā'ij Al-Afkār 1/246.

### 1 Bahagi ng Sunnah na dasalin ang ṣalāh sa gabi sa oras nitong pinakamainam.

**Kaya kapag sinabi: Ano ang pinakamainam na oras para sa ṣalāh sa gabi?**

**Ang sagot:** Nalalaman na ang oras ng ṣalāh na witr ay nagsisimula pagkatapos ng `ishā' hanggan sa pagsapit ng fajr, kaya naman ang ṣalāh na fajr, ang kinalalagyan nito ay ang nasa pagitan ng `ishā' at fajr.

**Nagpapatunay rito:**

A. Ang ḥadīth ayon kay `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagdarasal noon sa pagitan ng pagkatapos ng ṣalāh na `ishā' hanggang sa fajr ng labing-isang rak`ah. Nagsasagawa siya ng taslīm sa pagitan ng bawat dalawang rak`ah. Nagsasagawa siya ng witr na isang rak`ah."(24)

**Tungkol naman sa pinakamainam na oras para sa dasal sa gabi (ṣalātullayl), ito ay ang ikatlong bahagi ng gabi matapos ang hatinggabi.**

Ang ipinakakahulugan: Na hahatiin ng tao ang gabi sa mga kalahati. Magdadasal sa ikatlong bahagi ng ikalawang kalahati ng gabi at sa huling bahagi ng gabi ay matutulog. Nangangahulugan ito: Na siya ay magdarasal sa ikaanim na bahagi na pang-apat at panglima at matutulog sa ikaanim na bahagi na pang-anim.

**Nagpapatunay rito:** Ang ḥadīth ayon kay `Abdullāh bin `Amr – malugod si Allāh sa kanilang dalawa – na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***"Tunay na ang pinakakaibig-ibig na pag-aayuno kay Allāh ay ang pag-aayuno ni David. Ang pinakakaibig-ibig na dasal kay Allāh ay ang dasal ni David – sumakanya ang pangangalaga. Siya noon ay natutulog ng kalahating bahagi ng gabi, nagdarasal ng ikatlong bahagi ng gabi, at natutulog ng ikaanim na bahagi nito. Siya noon ay nag-aayuno ng isang araw at tumitigil sa pag-aayuno sa [kasunod na] araw."***(25)

(24) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 2031. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 736. Napagkaisahan ang katumpakan.

(25) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 3420. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 1159.

### Kung sakaling ninais ng tao na ipatupad ang Sunnah na ito, magiging papaano ang pagtataya niya sa gabi.

Tatayain mula sa paglubog ng araw hanggang sa pagsapit ng madaling-araw. Pagkatapos ay hahatiin niya ito sa anim na bahagi. Ang unang tatlong bahaging ito ay ang unang kalahati ng gabi. Magdarasal siya pagkatapos nito. Ibig sabihin: magdarasal siya sa ikaanim na bahagi na pang-apat at panglima dahil ito ay itinuturing ng isang ikatlong bahagi. Pagkatapos ay matutulog siya sa huling ikaanim na bahagi. Dahil dito si `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya – ay nagsabi: "Hindi siya natagpuan ng huling bahagi ng gabi – tinutukoy ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – sa piling ko malibang siya ay tulog."(26)

Sa pamamagitan ng pamamaraang ito ang Muslim ay magiging nasa pinakamainam na oras para sa dasal sa gabi, gaya ng nasaad sa naunang ḥadīth ayon kay `Abdullā bin `Amr – malugod si Allāh sa kanilang dalawa.

### Ang Buod ng Pananalita: na Ang Kainaman sa Oras ng Pagdarasal sa Gabi ay Nasa Tatlong Antas:

**Unang Antas:** Na matutulog sa unang kalahating bahagi ng gabi. Pagkatapos ay magdarasal sa ikatlong bahagi nito. Pagkatapos ay matutulog sa [huling] ikaanim na bahagi – gaya ng naunang nabanggit.

**Nagpapatunay rito:** Ang ḥadīth ayon kay `Abdullāh bin `Amr bin Al-`Āṣṣ ḥadīth – malugod si Allāh sa kanilang dalawa – na naunang nabanggit kanina.

**Ikalawang Antas:** Na magdadasal sa huling ikatlong bahagi ng gabi.

**Nagpapatunay rito:**

Ang ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi: ***"Bumababa ang Panginoon natin, mapagpala Siya at pagkataas-taas Niya, sa bawat gabi tungo sa mababang langit kapag natitira ang huling ikatlong bahagi ng gabi at nagsasabi: Sino ang dadalangin sa Akin at tutugon Ako sa kanya, sino ang hihiling sa Akin at bibigyan Ko siya, at sino ang hihingi ng tawad sa Akin at magpapatawad Ako sa kanya."***(27) Gayon din sa ḥadīth ayon kay Jābir – malugod si Allāh sa kanya – at darating ito.

Kung nangambang hindi makapagdasal sa huling bahagi ng gabi, magdasal

(26) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 1133. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 742.
(27) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 1145. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 758.

sa unang bahagi nito, o sa alinman sa mga bahagi ng gabi na madala sa kanya. Ito ang ikatlong antas.

**Ang Ikatlong Antas:** Na magdarasal sa unang bahagi ng gabi, o sa bahaging madali sa kanya sa gabi.

**Nagpapatunay rito:**

Ang ḥadīth ayon kay Jābir – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***Ang sinumang nangambang hindi makapagdarasal mula sa huling bahagi ng gabi ay magsagawa ng witr sa unang bahagi nito at ang sinumang nagmimithing magdasal sa huling bahagi nito ay magsagawa ng witr sa huling bahagi ng gabi sapagkat tunay na ang dasal sa huling bahagi ng gabi ay sinasaksihan. Iyon ay pinakamainam.***"(28)

Mahihinuha rin dito ang tagubilin ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – kina Abū Dharr,(29) Abu Ad-Dardā',(30) at Abū Hurayrah(31) – malugod si Allāh sa kanya. Bawat isa ay nagsasabi: "Tinagubilinan ako ng matalik na kaibigan ng tatlo". Nabanggit mula rito: "at na nagsasagawa ako ng witr bago ako matulog."

## 2 Ang Sunnah ay magsagawa ng labing-isang rak`ah.

Ito ang pinakalubos batay sa ḥadīth ayon kay `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya – na siya ay nagsabi: "Ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay hindi noon lumalabis sa Ramaḍān ni sa iba pa rito higit salabing-isangrak`ah."(32)

Nasaad na ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagdasal ng labintatlong rak`ah, mula sa ḥadīth ayon kay `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya.

Ito ay kaugnay sa pagsasari-sari sa pagsasagawa ng witr. Ang madalas sa witr niya – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsasagawa siya noon ng witr na labing-isang rak`ah. Siya noon ay nagsasagawa minsan ng witr na labintatlong rak`ah. Sa pamamagitan nito ay napagtutugma natin ang mga ḥadīth na nasaad.

(28) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 755.

(29) Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'īy sa As-Sunan Al-Kubrā 2712. Itinuring na tumpak ito ni Al-Albānīy (Aṣ-Ṣaḥīḥah 2166).

(30) Isinaysay ito ni Imām Aḥmad na may numerong 27481 at Imām Abū Dāwud na may numerong 1433. Itinuring na tumpak ito ni Al-Albānīy (Ṣaḥīḥ Abī Dāwud 5/177).

(31) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 737.

(32) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 1147. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 738.

### 3 Bahagi ng Sunnah na pasimulan ang ṣalāh sa gabi ng dalawang maikling rak`ah.

Batay sa ḥadīrh ayon kay `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – noon, kapag tumayo sa gabi upang magdasal, ay nagsisimula sa pagdarasal niya sa dalawangmaiklingrak`ah."(33)

### 4 Bahagi ng Sunnah na isagawa ang mga panimulang nasasaad sa dasal sa gabi. Kabilang doon:



1 Ang nasaad sa Ṣaḥīḥ Muslim mula sa ḥadīth ayon kay `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Siya – tinutukoy ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – kapag tumindig sa gabi, ay nagpapasimula sa ṣalāh niya [ng ganito]: **"Allāhumma rabba jibra'īla wa mīkā'īla wa isrāfīl, fāṭira -ssamāwāti wa -l'arḍ, `ālima -lghaybi wa -shshahādah, anta taḥkumu bayna `ibādika fīmā kānū fīhi yakhtalifūn, ihdinī lima -khtulifa fīhi mina -lḥaqqi bi'idhnika innaka tahdī man tashā'u ilā ṣirāṭim mustaqīm** ***(O Allāh, ang Panginoon nina Jibrā'īl, Mīkā`īl at Isrāfīl, ang Tagapaglalang ng mga langit at lupa, ang Nakaaalam sa lingid at nasasaksihan, Ikaw ay humahatol sa mga lingkod mo sa anumang pinagtatalunan nila. Patnubayan Mo ako sa pinagtatalunan na katotohanan ayon sa kapahintulutan Mo. Tunay na ikaw nagpapatnubay sa sinumang niloob Mo tungo sa isang tuwid nalandasin.)"***(34)

2 Ang nasaad sa Ṣaḥīḥān mula sa ḥadīth ayon kay Ibnu `Abbās – malugod si Allāh sa kanilang dalawa – na nagsabi: "Ang Propeta noon – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – kapag nagdasal ng tahajjud sa gabi ay nagsasabi: **Allāhumma laka -lḥamdu, anta nūru -ssamāwāti wa -l'arḍi wa man fī hinnā, wa laka -lḥamdu anta qayyimu -ssamāwāti wa -l'arḍi;**

(33) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 698.
(34) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 770.

**wa laka -lḥamdu anta rabbu -ssamāwāti wa -l’arḍi wa man fī hinnā; anta -lḥaqqu, wa wa`duka -lḥaqqu, wa qawluka -lḥaqqu, wa liqā’uka -lḥaqqu, wa -ljannatu ḥaqqun, wa -nnāru ḥaqqun, wa -nnabīyūna ḥaqqun, wa muḥammadun ṣalla -llāhu `alayhi wa sallama ḥaqqun, wa –ssā`atu ḥaqq; Allāhumma laka aslamtu, wa bika āmantu, wa `alayka tawakkaltu, wa ilayka anabtu, wa bika khāṣamtu, wa ilayka ḥākamtu, fa-ghfir lī mā qaddamtu, wa mā akhkhartu, wa mā asrartu, wa mā a`lantu; anta ilāhī, lā ilāha illā anta.** ***(Ukol sa Iyo ang papuri. Ikaw ay ang Liwanag ng mga langit at lupa. Ukol sa Iyo ang papuri. Ikaw ay ang Tagapagpanatili ng mga langit at lupa. Ukol sa Iyo ang papuri. Ikaw ay ang Panginoon ng mga langit at lupa at sinumang nasa mga ito. Ikaw ay ang Katotohanan. Ang pangako Mo ay ang katotohanan. Ang sabi Mo ay ang katotohanan, Ang pakikipagkita sa Iyo ay ang katotohanan. Ang Paraiso ay katotohanan. Ang Impiyerno ay katotohanan. Ang mga Propeta ay katotohanan. Ang Huling sandali ay katotohanan. O Allāh, sa Iyo ako nagpasakop, sa Iyo ako naniwala, sa Iyo ako nanalig, sa Iyo ako nagbalik-loob, dahil sa Iyo nakipagtunggalian ako, sa Iyo ako nagpapahatol. Kaya patawarin Mo ako sa anumang [kasalanang] ipinauna ko, sa anumang [kasalanang] ipinahuli ko, anumang inilihim ko, at anuman inihayag ko. Ikaw ay Diyos ko; walang Diyos kundi Ikaw.)”***[35]

5 **Bahagi ng Sunnah na patagalin ang pagtayo, ang pagyukod, at ang pagpapatirapa. Ang lahat ng mga panggawaing haligi ng ṣalāh ay malapit sa pagkakapantay ng haba.**

6 **Isasagawa ang mga sunnah na nasasaad sa pagbigkas ng Qur’ān dito. Kabilang doon:**

1. Na bibigkas siya ng Qur’ān nang naghihinay-hinay. Ang ibig sabihin: Na hindi niya papaspasan o mamadaliin ang pagbigkas.
2. Na puputul-putulin niya ang pagbigkas nang talata sa talata. Ang ibig sabihin: Na siya ay hindi magdudugtong sa dalawang talata o tatlo nang walang pagtigil, bagkus ay titigil siya sa bawat talata.
3. Kapag napadaan siya sa isang talata ng pagluluwalhati kay Allāh, nagluluwalhati siya. Kapag napadaan siya sa isang talata ng paghiling kay Allāh, humihiling siya. Kapag napadaan siya sa isang talata ng pagpapakupkop kay Allāh, nagpapakupkop siya.

(35) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 7499. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 768.

**Nagpapatunay sa naunang nabanggit:**

Ang ḥadīth ayon kay Ḥudhayfah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Nagdasal ako kasama ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – isang gabi. Sinimulan niya ang Sūrah Al-Baqarah at naisip ko na yuyukod siya sa ika-isandaang talata ngunit nagpatuloy siya. Naisip na yuyukod sa katapusan nito ngunit sinimulan niya ang Sūrah An-Nisā' at binigkas. Pagkatapos ay sinimulan niya Sūrah Āl `Īmrān at binigkas ito. Bumibigkas siya nang hinay-hinay. Kapag napadaan siya sa isang talata na may pagluluwalhati kay Allāh, nagluluwalhati siya. Kapag napadaan siya sa isang talata na may paghiling kay Allāh, humihiling siya. Kapag napadaan siya sa isang talata na may pagpapakupkop kay Allāh, nagpapakupkop siya. Pagkatapos ay yumukod siya at nagsimulang magsabi: **"Subḥāna rabbiya -l`dhīm.** ***(Napakamaluwalhati ng Panginoon ko, ang Dakila.)"*** Ang pagyukod niya ay gaya ng [haba ng] pagtayo niya. Pagkatapos ay nagsabi siya: **"Sami`a -llāhu liman ḥamidah.** ***(Narinig ni Allāh ang sinumang nagpuri sa Kanya.)"*** Pagkatapos ay tumayo siya nang matagal, malapit sa [tagal noong] yumukod siya. Pagkatapos ay nagpatirapa siya at nagsabi: **"Subḥāna rabbiya -l'a`lā.** ***(Napakamaluwalhati ng Panginoon ko ang Pinakamataas.)"*** Ang pagpapatirapa niya ay malapit [sa tagal] ng pagtayo niya."(36)

Batay rin sa isinaysay ni Imām Aḥmad – kaawaan siya ni Allāh – sa Musnad niya mula sa ḥadīth ayon kay Umm Salamah – malugod si Allāh sa kanya: Na ito ay tinanong tungkol sa pagbigkas ng Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – kaya nagsabi ito: "Siya noon ay paputul-putol sa pagbigkas niya, talata sa talata: **1. Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain. 2. Ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang. 3. ang Napakamaawain, ang Maawain. 4. ang May-aring Araw ng Paggantimpala.**"(37)



## 7 Bahagi ng Sunnah na magsagawa ng taslīm sa bawat dalawang rak`ah.

Ayon kay Ibnu `Umar – malugod si Allāh sa kanilang dalawa – na siya ay nagsabi: "May tumindig na isang lalaki at nagsabi ito: O Sugo ni Allāh, papaano ang pagdasal sa gabi?

(36) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 772.

(37) Isinaysay ito ni Imām Aḥmad na may numerong 26583. Nagsabi si Imām Ad-Daraquṭnīy (118): "Ang kawing ng pananalaysay nito tumpak at lahat sila ay mga mapagkakatiwalaan." Itinuring na tumpak ito ni Imām An-Nawawīy, Al-Majmū` 3/333.

Nagsabi siya: ***Ang dasal sa gabi ay dala-dalawa ngunit kung nangamba ka na maabutan ng madaling-araw, magsagawa ka ng witr na isang rak`ah.***"(38)

Ang ***dala-dalawa*** ay nangangahulugang: Magdadasal ng tig-dadalawang rak`ah, magsasagawa ng taslīm pagkatapos ng dalawang rak`ah, at hindi magdadasal ng apat na rak`ah na magkakasama.


### 8 Bahagi ng Sunnah ang pagbigkas ng mga takdang sūrah sa huling tatlong rak`ah.

Babasahin sa unang rak`ah ang Sūrah 87, sa ikalawa ang Sūrah 109, at sa ikatlo ang Sūrah 112 lamang.

**Nagpapatunay rito:**

Ang ḥadīth ayon kay Ubayy bin Ka`b – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – noon ay nagsasagawa ng witr gamit ang Sūrah 87, Sūrah 109, at Sūrah 112."(39)

### 9 Bahagi ng Sunnah magsagawa ng qunūt sa witr minsan.



Ang ibig sabihin nito rito ay ang panalangin. Iyon ay ikatlong rak`ah na binibigkas doon ang Sūrah 112.

Ang qunūt sa witr ay bahagi ng Sunnah ang pagsasagawa nito minsan at ang di-pagsasagawa nito minsan. Pinili ito ni Shaykh Al-Islām Ibnu Taymiyah – kaawaan siya ni Allāh. Ang karapat-dapat ay maging higit na madalas ang pagtigil kaysa sa pagsasagawa.

◆ **Usapin:** Inaangat ba ang kamay sa qunūt ng witr?

**Ang Tumpak:** Na siya ay mag-aangat ng mga kamay niya, at alinsunod dito ang sinabi ng mayoriya ng mga pantas – kaawaan sila ni Allāh – batay sa pagpapatibay niyon buhat kay `Umar – malugod si Allāh sa kanya – gaya din ng kay Imām Al-Bayhaqīy, na nagturing na tumpak ito.

(38) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 990. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 749.

(39) Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud na may numerong 1423. Isinaysay ito nina Imām An-Nasā'īy na may numerong 1733 at Imām Ibnu Mājah na may numerong 1171. Itinuring na tumpak ito nina Imām An-Nawawīy (Al-Khulāṣah 1/556) at Al-Albānīy (Ṣaḥīḥ An-Nasā'īy 1/273).

Nagsabi si Imām Al-Bayhaqīy – kaawaan siya ni Allāh: "Tunay may ilan sa mga Kasamahan – malugod si Allāh sa kanila – na nag-angat ng mga kamay nilasaqunūt."(40)

◆ **Usapin:** Sa alin sisimulan ang qunūt sa witr?

**Ang matimbang na pahayag – at si Allāh ay higit na nakaaalam:** Na siya ay magsisimula sa pagpupuri kay Allāh – pagkataas-taas Niya – at pagbubunyi sa kanya. Pagkatapos ay dadalangin siya ng pagpapala para sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan. Pagkatapos ay mananalangin siya dahil ito ay higit na malapit sa pagtugon.

**Nagpapatunay rito:**

Ang ḥadīth ayon kay Fuḍālah bin `Ubayd – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Narinig ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ang isang lalaking dumadalangin sa ṣalāh niya ngunit hindi dumalangin ng pagpapala sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – kaya nagsabi ang Propeta: ***"Nagmadali ito."*** Pagkatapos ay tinawag nito ito at nagsabi rito at sa iba pa rito: ***"Kapag nagdasal ang isa sa inyo, magsimula siya sa pagpuri kay Allāh at pagbunyi sa Kanya. Pagkatapos ay manalangin siya ng pagpapala sa Propeta. Pagkatapos ay ipanalangin niya pagkatapos ang anumang loobin niya."***(41)

Nagsabi si Ibnu Al-Qayyim – kaawaan siya ni Allāh: "Ang itinuturing na kaibig-ibig sa panalangin ay magsimula ang dumadalangin sa pagpuri kay Allāh at pagbunyi sa kanya bago ang [paghiling ng] kinakailangan niya. Pagkatapos ay hihilingin niya ang kinakailangan niya gaya ng nasa ḥadīth ayon kay Fuḍālah bin `Ubayd.(42)

◆ **Usapin:** Ipapahid ba sa mukha ang mga kamay matapos ang panalangin sa qunūt?

**Ang Tumpak:** Hindi itinuturing na sunnah ang pagpahid sa mukha makaraang matapos ang panalangin dahil sa kawalan ng tumpak na patunay roon.

Tinanong si Imām Mālik – kaawaan siya ni Allāh – tungkol sa lalaking nagpapahid ng palad niya sa mukha niya matapos ang panalangin. Minasama niya iyon at sinabi: "Hindi ko nalaman."(43)

(40) Tingnan As-Sunan Al-Kubrā 2/211.

(41) Isinaysay ito ni Imām At-Tirmidhīy na may numerong 3477 at nagsabi siya: Ito ay ḥadīth na maganda na tumpak."

(42) Tingnan: Al-Wābil Aṣ-Ṣayyib, p. 110.

(43) Tingnan: Kitāb al-Witr ni Al-Marūzīy, p. 236.

Nagsabi si Shaykh Al-Islām – kaawaan siya ni Allāh: "Tungkol sa pagpapahid sa mukha ng mga kamay, walang nasaad hinggil dito maliban sa isang ḥadīth o dalawang ḥadīth na hindi maibabatay sa kanila ang patunay."(44)

## 10 Ang panalangin sa Huling Ikatlong Bahagi ng Gabi



Kabilang sa mga sunnah na natitiyak sa huling bahagi ng gabi ay ang panalangin. Kung nanalangin sa qunūt sa huling bahagi ng gabi, sasapat na sa kanya iyon. Kung hindi nanalangin, tunay na bahagi ng mga sunnah ang pagdalangin sa oras na ito dahil ito ay oras na natitiyak sa sandaling ito ang pagtugon sa panalangin sapagkat sa oras na ito nagaganap ang isang pagbaba ni Allāh – kapita-pitagan Siya at kataas-taasan – na naaangkop sa kadakilaan Niya tungo sa mababang langit. Nasaad nga sa Ṣaḥīḥayn mula sa ḥadīth ni Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – na ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi: ***"Bumababa ang Panginoon natin, mapagpala Siya at pagkataas-taas Niya, sa bawat gabi tungo sa mababang langit kapag natitira ang huling ikatlong bahagi ng gabi at nagsasabi: Sino ang dadalangin sa Akin at tutugon Ako sa kanya, sino ang hihiling sa Akin at bibigyan Ko siya, at sino ang hihingi ng tawad sa Akin at magpapatawad Ako sa kanya."***(45)

## 11 Itinuturing na Sunnah, kapag nagsagawa ng taslīm sa witr, na magsabi ng *Subḥāna -lmāliki -lquddūs (Napakamaluwalhati ng Haring Pagkabanal-banal)* nang tatlong ulit at itataas ang tinig sa ikatlo.

**Nagpapatunay rito:**

Ang ḥadīth ayon kay Ubayy bin Ka`b – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – noon ay bumibigkas sa witr ng Sūrah 87, Sūrah 109, at Sūrah 112. Kapag nagsagawa siya ng taslīm, nagsasabi siya: **Subḥāna -lmāliki l-quddūs *(Napakamaluwalhati ng Haring Pagkabanal-banal)*** nang tatlong ulit."(46)

(44) Tingnan: Al-Fatāwā 22/519.
(45) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 1145. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 758.
(46) Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'īy na may numerong 1702. Itinuring na tumpak ito nina Imām An-Nawawīy at Al-Albānīy.

Sa ḥadīth ayon kay `Abdurraḥmān bin Abzā – malugod si Allāh sa kanya: "Mag-aangat ng tinig sa ikatlong **Subḥāna -lmāliki -quddūs**."(47)

## 12 Itinuturing na Sunnah na gisingin ang asawa sa pagsasagawa ng dasal sa gabi.

Itinuturing na Sunnah para sa lalaki na gisingin ang maybahay niya para sa dasal sa gabi at ganoon din sa babae kapag bumangon siya sa gabi, itinuturing na Sunnah para sa kanya na gisingin ang asawa niya, at ang nalalabi sa mag-anak niya para roon. Ito ay bahagi ng pakikipagtulungan sa kabutihan.

**Nagpapatunay roon:**

Ang ḥadīth ayon kay `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Ang Propeta noon – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagdarasal ng ṣalāh niya sa buong gabi habang ako ay nakaharang sa pagitan niya at ng Qiblah. Kapag ninais niyang magdasal ng witr, ginigising niya ako at nagdarasal ako ng witr."(48)

Ayon kay Umm Salamah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Nagising ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – at nagsabi: ***Napakamaluwalhati ni Allāh, ano ang ibinaba na mga kayamanan at ano ang ibinaba na mga pagsubok. Sino ang gigising sa mga maybahay sa mga silid? – tinutukoy rito ang mga maybahay niya – upang magdasal. Kay raming nakadamit sa Mundo na hubad sa Kabilang-buhay.***"(49)

## 13 Bahagi ng Sunnah na gawin ng nagdarasal sa gabi ang pinakabanayad para sa sarili niya upang hindi makaapekto ito sa kataimtiman niya.

**Kapag dinapuan siya ng pananamlay, nagdarasal siya na nakaupo.**

Batay sa ḥadīth ayon kay Anas – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Pumasok ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – sa masjid at may lubid na nakatali sa pagitan ng dalawang halaga kaya nagsabi siya: Ano ito? Nagsabi sila: Para kay Zaynab; nagdarasal sila at kapag tinamad siya o nanamlay, humahawak siya rito. Nagsabi siya: ***Kalagin ninyo ito upang magdasal ang [bawat] isa sa inyo ayon sa sigla niya. Kapag tinamad siya o nanamlay, maupos siya.***"(50)

---

(47) Isinaysay ito ni Imām Aḥmad 15354. Itinuring na tumpak ito nina Al-Albānīy, Taḥqīq Mishkāh al-Maṣābīḥ, 1/398.
(48) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 512. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 512.
(49) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 6218.
(50) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 1150. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 784.

**Kapag dinapuan ng antok, matutulog upang magdasal sa gabi nang masigla, at saka siya magdasal matapos niyon.**

Batay sa ḥadīth ayon kay `Ā’ishah – malugod si Allāh sa kanya – ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi: ***“Kapag inantok ang isa sa inyo sa ṣalāh, matulog siya hanggang sa mawala sa kanya ang tulog sapagkat tunay na ang isa sa inyo kapag nagdasal habang siya ay inaantok. Marahil siya ay malilito: hihingi siya ng tawad at saka aalipustain niya ang sarili niya.”***(51)

**Gayon din kapag dinapuan ng antok at tulad nito habang siya ay bumibigkas ng Qur’ān sa gabi sapagkat tunay na ang Sunnah ay ang matulog upang magpalakas.**

Batay sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi: ***“Kapag bumangon ang isa sa inyo sa gabi at nauutal ang Qur’ān sa dila niya kaya naman hindi niya nalaman ang sinasabi niya, mahiga siya.”***(52)

## 14 Ang Sunnah para sa nakaligtaan ang pagdarasal ng witr sa gabi ay dasalin ito sa araw nang may isang rak`ah na dagdag.

Kapag bahagi ng nakagawian niya na magdasal ng witr na tatlong rak`ah ngunit nakatulugan niya ang witr o nagkasakit siya at hindi niya nagawang dasalin iyon, dadasalin niya iyon ng apat na arak`ah sa araw. Kapag bahagi ng nakagawian niya na magdasal ng witr na limang rak`ah ngunit nakatulugan niya ang witr o nagkasakit siya at hindi niya nagawang dasalin iyon, dadasalin niya iyon ng anim na arak`ah sa araw. Ganoon. Ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – noon ay gumagawa niyon at dahil sa ito noon ay bahagi ng nakagawian niya na magdasal ng witr na labing-isang rak`ah, tunay na si `Ā’ishah – malugod si Allāh sa kanya – ay nagsasabi tungkol sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: “Siya noon, kapag napanaigan siya ng tulog o sakit sa halip na magdasal sa gabi, ay nagdarasal sa araw ng labindalawangrak`ah.”(53)

(51) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 212. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 786.
(52) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 787.
(53) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 746.

## Ikalawa: Ang Oras ng Fajr



Mayroon ditong ilang gawain na bahagi ng patnubay ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan:

### Ang Adhān at Mayroon Itong Ilang Sunnah:

#### 1 Ang Pagsunod sa Mu'adhdhin.

Itinuturing na Sunnah para sa sinumang nakarinig ng adhān na sabihin ang tulad sa sinasabi ng mu'adhdhin maliban sa dalawang ḥayy `ala… sa halip ay sabihin ang *lā ḥawla wa lā qūwata illa bi-llāh.*

Batay sa ḥadīth ayon kay `Abdullāh bin `Amr bin Al-`Āṣṣ – malugod si Allāh sa kanilang dalawa – siya ay nakarinig sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – na nagsasabi: ***"Kapag narinig ninyo ang adhān, magsabi kayo ng tulad ng sinasabi…"***[(1)] Batay sa ḥadīth ayon kay `Umar bin Al-Khaṭṭāb – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***"Kapag nagsabi ang mu`adhdhin ng Allāhu akbar Allāhu akbar, magsasabi ang [bawat] isa sa inyo ng* Allāhu akbar Allāhu akbar. *Pagkatapos [kapag] nagsabi siya***

(1) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 384.

***ng*** **Ashhadu an lā ilāha illa -llāh, magsasabi ng Ashhadu an lā ilāha illa -llāh.** ***Pagkatapos [kapag] nagsabi siya ng*** **Ashhadu anna Muḥammadar rasūlu -llāh, magsasabi ng Ashhadu anna Muḥammadar rasūlu -llāh.** ***Pagkatapos [kapag] nagsabi siya ng*** **Ḥayya `ala -ṣṣalāh,** ***magsasabi ng Lā ḥawla wa lā qūwata illa bi-llāh. Pagkatapos [kapag] nagsabi siya ng*** **Ḥayya `ala -lfalāḥ,** ***magsasabi ng*** **Lā ḥawla wa lā qūwata illa bi-llāh.** ***Kapag nagsabi siya ng*** **Allāhu akbar Allāhu akbar,** ***magsasabi ng*** **Allāhu akbar Allāhu akbar.** ***Kapag nagsabi siya ng*** **Lā ilāha illa -llāh,** ***magsasabi ng*** **Lā ilāha illa -llāh.** ***[Sinumang magsabi nito] nang taos sa puso, papasok siya saParaiso."***(2)

Sa panawagan sa ṣalāh na fajr, ang sinumang sumusunod sa adhān ay magsasabi ng tulad sa sinasabi ng mu'adhdhin: *aṣṣalātu khayrum mina -nnawm* (ang pagdarasal ay higit na mabuti kaysa sa pagtulog).

## 2 Ang Pagsabi ng Dhikr na Ito Pagkatapos ng Shahādatayn.

Itinuturing na Sunnah na sabihin matapos sabihin ng mu'adhdhin ang ikalawang *Ashhadu anna Muḥammadar rasūlu -llāh* ang nasaad sa ḥadīth ayon kay Sa`d – malugod si Allāh sa kanya buhat sa Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan. Nagsabi siya: ***"Ang sinumang nagsabi nang naririnig niya ang mu`adhdhin ng*** **Ashhadu an lā ilāha illa -llāhu waḥdahu lā sharīka lah, wa anna Muḥammadan `abduhu wa rasūluh, raḍītu bi-llāhi rabban wa bi-Muḥammadir rasūlan wa bi-l'islāmi dīnā.** ***(Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh – tanging Siya: walang katambal para sa Kanya, at na si Muḥammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya. Nalugod ako kay Allāh bilang Panginoon, kay Muḥammad bilang Sugo, sa Islām bilang relihiyon.)"*** Patatawarin siya sa pagkakasala niya.(3)

## 3 Ang Panalangin ng Pagpapala sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – matapos ang adhān.

Batay sa ḥadīth ayon kay `Abdullāh bin `Amr – malugod si Allāh sa kanilang dalawa – na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "Kapag narinig ninyo ang mu'adhdhin, sabihin ninyo ang tulad sa sinasabi niya. Pagkatapos ay manalangin kaya ng pagpapala para sa akin sapagkat tunay na ang sinumang nanalangin para sa akin isang pagpapala, pagpapalain siya ni Allāh dahil doon ng sampung ulit. Pagkatapos hilingin ninyo kay Allāh para sa akin ang wasīlah sapagkat ito ay isang antas

(2) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 385.
(3) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 386.

sa Paraiso na hindi nararapat maliban sa isang lingkod kabilang sa mga lingkod ni Allāh. Minimithi ko na maging ako siya. Ang sinumang humiling para sa akin ng wasīlah, mapupunta sa kanya ang Pamamagitan."[4]

Ang pinakamainam na panalangin ng pagpapala ay ang panalangin ng pagpapala kay Ibrāhīm: *"Allāhumma ṣalli `alā Muḥammdin wa `alā āli Muḥammad, kamā ṣalayta `alā Ibrāhīm..."*

## 4 Ang Pagsabi ng Panalanging Nasasaad Matapos ang Adhān

Batay sa ḥadīth ayon kay Jābir – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***"Ang sinumang nagsabi, nang naririnig niya ang panawagan:*** **Allāhumma rabba hādhihi -dda`wati -ttāmmāti wa -ṣṣalāti -lqā'imah, āti muḥammadani -lwasīlata wa -lfaḍīlah, wab`athhu maqāmam maḥmūdani -lladhī wa`attahu** ***(O Allāh, Panginoon nitong ganap na panawagan at ng ṣalāh na isasagawa, ibigay Mo kay Muḥammad ang kaparaanan at ang kalamangan at ibangon Mo siya sa katayuang pupurihin, na ipinangako Mo), mapupunta sa kanya ang pamamagitan ko sa Araw ng Pagkabuhay."***[5]

## 5 Ang Panalangin Matapos ang Adhān



Batay sa ḥadīth ayon kay `Abdullāh bin `Amr – malugod si Allāh sa kanilang dalawa: "May lalaking nagsabi: 'O Sugo ni Allāh, tunay na ang mu'adhdhin ay nakalalamang sa amin,' kaya nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***Magsabi ka ng gaya ng sinasabi nila at kapag natapos ka, humiling ka, ibibigay sa iyoiyon.***"[6]

Batay sa ḥadīth ayon kay Anas – malugod si Allāh sa kanya – ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi: ***"Ang panalangin sa pagitan ng adhān at iqāmah ay hindi tinatanggihan."***[7]

(4) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 384.
(5) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 614.
(6) Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud na may numerong 524. Itinuring na maganda ito nina Ibnu Ḥijr (Natā'j al-Afkār, 1/367) at Albānīy (Ṣaḥīḥ al-Kalim aṭ-Ṭayyib, p. 73).
(7) Isinaysay ito Imām An-Nasā'īy na may numerong 9895. Itinuring na tumpak ito ni Ibnu Khuzaymah 1/221/425.

## Sunnah sa Fajr: Mayroon Itong Ilang Sunnah

Ang Sunnah sa fajr ay ang una sa mga sunnah rātibah (sunnah na tuluy-tuloy) na ginagawa ng tao sa araw niya. Mayroon itong ilang Sunnah. Bago ang paglilinaw nito, kailangang linawin ang ilan sa mga natatangi sa mga sunnah rātibah. Ang sunnah rātibah ay ang sunnah na palagian na nakaugnay sa mga farīḍh (obligadong dasal). Ito ay labindalawang rak`ah lahat.

Ayon kay Umm Ḥabībah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: Narinig ko ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – na nagsasabi: ***"Ang sinumang magdasal ng labindalawang rak`ah [na sunnah], magpapatayo para sa kanya dahil sa mga ito ng isang bahay sa Paraiso."***(8) Isinalaysay ito ni Imām At-Tirmidhīy at nagdagdag siya: ***"apat [na rak`ah] bago ang dhuhr at dalawang rak`ah matapos ito, dalawang rak`ah matapos ang maghrib, dalawang rak`ah matapos ang `ishā', at dalawang rak`ah bago ang ṣalāh sa fajr."***(9)

### Ang pinakamainam ay isagawa ang mga sunnah rātibah sa bahay.

A. Ang ḥadīth ayon kay Zayd bin Thābit – malugod si Allāh sa kanya – ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi: ***"Kaya magdasal kayo, o mga tao, sa bahay ninyo sapagkat tunay na ang pinakamainam na dasal ng tao ay sa bahay niya maliban sa dasal na isinatungkulin."***(10)

### Ang Pinakatiyak sa mga Sunnah Rātibah

Ang pinakatiyak sa mga sunnah rātibah ay ang sunnah ng fajr.

**Nagpapatunay rito:**

1. Ang ḥadīth ayon kay `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Hindi siya gaanong higit na matindi sa pagsasagawa ng mga dasal na kusang-loob maliban sa dalawang rak`ah bago ang dasal sa madaling-araw."(11)



2. Ang ḥadīth ayon kay `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya – ayon sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at

(8) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 728.
(9) Isinaysay ito ni Imām At-Tirmidhīy na may numerong 415 at sinabi niya na ito ay "magandang tumpak."
(10) Isinaysay ito ni Imām Al-BukhārīAl-Bukhārī na may numerong 7290. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 781.
(11) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 778. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 778.

pangalagaan – na nagsabi: ***“Ang dalawang rak`ah sa fajr ay higit na mainam kaysa sa Mundo at anumang nasa loob nito.”***(12)

### ◆ Ang Sunnah sa Fajr ay Natatangi sa Ilang Usapin:

**Una:** Ang pagkaitinatagubilin nito sa paglalakbay at pananatili gaya ng naunang nabanggit. Ang iba naman dito na mga sunnah rātibah, ang sunnah ay hindi isagawa ang mga ito habang nasa paglalakbay gaya ng sunnah rātibah dhuhr, maghrib, at `ishā’.

**Ikalawa:** Ang gantimpala nito dahil ito ay higit na mainam kaysa sa Mundo at anumang nasa loob nito, gaya ng naunang nabanggit.

**Ikatlo:** Itinuturing na sunnah na paikliin ito. Naunang nabanggit ang patunay niyon.

**Nagpapatunay rito:** Ang ḥadīth ayon kay `Ā’ishah – malugod si Allāh sa kanya – na siya noon ay nagsasabi: “Ang Sugo ni Allāh ay nagdarasal noon ng dalawang rak`ah [na sunnah] sa fajr at pinaiikli niya ito hanggang sa tunay na ako ay nagsasabi: Bumigkas ka ba sa dalawang [rak`ah na] ito ng Fātiḥah o hindi?”(13)

**Ngunit isinasakundisyon:** na ang pagpapaikli na ito ay hindi nakalalabag sa tungkulin o humahantong ang ṣalāh niya sa pagiging para pagtuka ng manok, kaya naman masasadlak siya sa ipinagbabawal.

**Ikaapat:** Itinuturing na sunnah na bigkasin sa sunnah sa fajr, matapos ang Fātiḥah, sa unang rak`ah ang Sūrah 109, at sa ikalawa ang Sūrah 112, o bibigkasin, matapos ang Fātiḥah, sa unang rak`ah ang Sūrah 2:136,

at sa ikalawa ang Sūrah 3:52. Ang mga ito ay kabilang sa mga sunnah na nasaad sa sari-saring mga anyo. Minsan ang isang anyo at minsan ang isa pang anyo.

**Ikalima:** Itinuturing na sunnah ang paghiga sa kanang bahagi ng katawan matapos ang sunnah sa fajr.

**Nagpapatunay rito:**

A. Ang ḥadīth ayon kay `Ā’ishah – malugod si Allāh sa kanya: “Ang Propeta noon – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – kapag nagdasal siya ng dalawang rak`ah [na sunnah] sa fajr ay humihiga sa kanang tagiliran niya.”(14)

---

(12) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 725.

(13) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 1171. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 724.

(14) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 1160. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 736.

## Ang Pagpunta sa Masjid at Mayroon Itong Ilang Sunnah:

Yayamang ang ṣalāh sa fajr ay ang unang ṣalāh sa araw na pumupunta dahil doon ang lalaki sa masjid, tunay na ang pagpunta roon ay may mga gawaing itinuturing na sunnah na gawin:

### 1 Itinuturing na sunnah ang pagsambit ng takbīr sa pagpunta sa masjid.

Batay sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah - malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "***Kung sakaling nalalaman nila kung ano nasa tahjīr, talagang nag-unahan nasanasiladoon.***"(15)

Ang tahjīr: Ang takbīr para sa ṣalāh.

### 2 Na lalabas ng bahay niya samantalang nakapagsagawa ng wuḍū' upang itala [ng anghel] ang mga hakbang niya.



Batay sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah - malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***"Ang dasal ng lalaki sa isang konggregasyon ay nakahihigit sa dasal niya sa bahay niya at sa dasal niya sa palengke niya ng dalawampu't limang antas. Iyon ay dahil [kapag] ang isa sa inyo ay nagsagawa ng wuḍū at hinusayan niya ang pagsasagawa ng wuḍū', pagkatapos ay pumunta sa masjid nang walang nagtutulak kundi ang pagdarasal, nang wala siyang ninanais kundi ang pagdarasal, kapag humahakbang siya ng isang hakbang, mag-aangat para sa kanya dahil dito ng isang antas at mag-aalis sa kanya dahil dito ng isang kasalanan hanggang sa makapasok siya sa masjid. Kapag pumasok siya sa masjid, siya ay nasa pagdarasal hanggat ang pagdarasal ay pumipigil sa kanya. Ang mga anghel ay dumadalangin ng pagpapala sa isa sa inyo hanggat nasa kinauupuan niyang dinasalan niya. Nagsasabi sila: O Allāh, kaawaan Mo siya; o Allāh, patawarin Mo siya; o Allāh, tanggapin Mo ang pagsisisi niya hanggat hindi siya nakapipinsala dahil dito, hanggat hindi nasisira ang wuḍū' nito dito."***(16)

(15) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 615. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 437.
(16) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 649.

### 3 Na pupunta siya sa ṣalāh nang may katiwasayan at kahinahunan.

Batay sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – ayon sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – na nagsabi: ***"Kapag narinig ninyo ang iqāmah, maglakad kayo tungo sa pagdarasal. Panatiliin ninyo ang katiwasayan at ang kahinahunan. Huwag kayong magmadali. Ang anumang maabutan ninyo ay dasalin ninyo at ang anumang nakaalpas sa inyo ay lubusin ninyo."***(17)

Nagsabi si Imām An-Nawawīy – kaawaan siya ni Allāh: "…ang katiwasayan ay ang paghihinay-hinay sa mga kilos at ang pag-iwas sa kalikutan. Ang hinahon ay sa anyo gaya ng pagbaba ng tingin, pagpapahina ng tinig, at hindi paglingon."(18)

### 4 Ang Pag-una sa Kanang Paa sa Pagpasok sa Masjid at ang Pag-una sa Kaliwang Paa sa Paglabas Mula Roon.



Batay sa ḥadīth ni Anas – malugod si Allāh sa kanya – na siya ay nagsabi: "Bahagi ng Sunnah kapag pumasok ka sa masjid na magsimula ka sa kanang paa mo at kapag lumabas ka na magsimula ka sa kaliwang paa mo."(19)

### 5 Na sasabihin ang dhikr na nasasaad sa pagpasok sa masjid at sa paglabas doon.

Batay sa ḥadīth ayon kay Abū Ḥamīd o Abu Usayd na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***"Kapag pumasok ang isa sa inyo sa masjid, magsabi siya ng*** **Allāhumma -ftaḥ lī abwāba raḥmatik** ***(O Allāh, buksan Mo para sa akin ang mga pinto ng awa Mo); at kapag lumabas siya, magsabi siya ng*** **Allāhumma innī as'aluka min faḍlik.** ***(O Allāh, tunay na ako ay humihingi sa Iyo mula sa kagandahang-loob Mo.)"***(20)

---

(17) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 636. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 602.
(18) Sharḥ Muslim ni Imām An-Nawawīy, Ḥadīth 602, Kabanata: Ang Pagtuturing na Kaibig-ibig ang Pagpunta sa Dasal nang may Kahinahunan at Katiwasayan at ang Pagbabawal sa Pagpunta Roon nang Patakbo.
(19) Isinaysay ito ni Imām Al-Ḥākim 1/388, at itinuring niya ito na tumpak ayon sa kundisyon ni Imām Muslim.
(20) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 713.

## 6 Na magdadasal ng dalawang rak`ah bilang pagbati para sa masjid.



Ito ay kapag dumating na maaga para sa dasal, tunay na itinuturing na sunnah para sa kanya na hindi muna uupo hanggang sa makapagdasal ng dalawang rak`ah. Ito ay batay sa ḥadīth ayon kay Abū Qatādah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: Nagsabi ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***"Kapag pumasok ang isa sa inyo sa masjid, hindi muna uupo hanggang sa makapagdasal ng dalawang rak`ah."***[21]

Nakasasapat na pamalit sa ṣalāh ng pagbati sa masjid ang ṣalāh na sunnah bago ang ṣalāh [na isinasatungkulin] kung ito ay may ṣalāh na sunnah bago ang ṣalāh gaya ng ṣalāh sa fajr at dhuhr, o sunnah sa ḍuḥā kung pumasok sa masjid sa ḍuḥā, o witr kung dadasalin ito sa masjid, o isinatungkuling ṣalāh dahil ang nilalayon sa ṣalāh ng pagbati sa masjid ay huwag umupo muna hanggang sa makapagdasal dahil sa ang ṣalāh na ito ay bahagi ng pagpupuno sa mga masjid upang hindi ito puntahan nang walang ṣalāh.

## 7 Itinuturing na sunnah para sa mga lalaki ang magmadali sa unang hanay sapagkat ito ang pinakamainam sa mga hanay at para sa mga babae ang pinakamainam sa mga ito ay and huli sa mga ito.

Batay sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi: ***"Ang pinakamabuti sa mga hanay ng mga lalaki ay ang una sa mga ito at ang pinakamasama sa mga ito ay ang huli sa mga ito. Ang pinakamabuti sa mga hanay ng mga babae ay ang huli sa mga ito at ang pinakamasama sa mga ito ay ang una sa mga ito."***[22] Ang pinakamabuti sa mga ito ay nangangahulugang: Ang pinakamarami sa mga ito sa gantimpala. Ang pinakamasama sa mga ito ay nangangahulugang: Ang pinakakaunti sa mga ito sa gantimpala.

Ang ḥadīth na ito ay tungkol sa kapag nagdasal ang mga lalaki at ang mga babae sa isang konggregasyon at sa pagitan nila ay walang harang na gaya

(21) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 1163. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 714.
(22) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 440.

ng dingding at iba pa. Ang pinakamabuti sa mga hanay ng mga babae ay ang huli sa mga ito dahil ito ay higit na nakatatakip sa kanila sa mga mata ng mga lalaki. Kapag naman sa pagitan nila ay may harang gaya ng dingding at iba pa o gaya ng sa marami sa mga masjid natin sa ngayon na naglalaan para sa mga babae ng dasalang para lamang sa mga babae, sa kalagayang ito, ang pinakamainam sa mga hanay ng mga babae ay ang una sa mga ito dahil sa pagkapawi ng kadahilanan ng pagkakalapit sa mga lalaki dahil ang kahatulan ay umiikot sa kadahilanan nito: sa pagkakaroon at sa pagkawala, dahil sa ang pagkapanlahat ng kalamangan ng unang hanay sa nasaad sa mga ḥadīth, na kabilang sa mga ito:

Ang ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi: ***"Kung sakaling nalalaman ng mga tao ang kalamangang nasa adhān at unang hanay at hindi nila makuha [ang kalamangan] malibang magpalabunutan sila para rito, talagang nagpalabunutan na sana sila. Kung sakaling nalalaman nila ang kalamangan na nasa [dasal sa] gabi at [dasal sa] madaling-araw, talagang pinuntahan na sana nila ang dalawang ito kahit pagapang."***(23)

## 8 Itinuturing na sunnah para sa ma'mūm na maging malapit sa imam niya.

Ang pinakamainam sa panig ng ma`mūm sa paghahanay niya para sa ṣalāh ang unang hanay gaya ng naunang nabanggit. Pagkatapos ay magsisigasig siya na maging malapit sa imam. Ang pinakamalapit sa dalang dako: ang kanan o ang kaliwa ay ang pinakamainam.

**Nagpapatunay rito:**

Ang ḥadīth ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***"Tumabi sa akin mula sa inyo ang mga may isip at pang-unawa."***(24) Ang sabi niya na ***"Tumabi sa akin"*** ay nangangahulugang: "Lumapit sa akin." Sa ḥadīth na ito ay may patunay na ang kalapitan sa imām ay hinihiling sa alin mang dako.

(23) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 615. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 437.
(24) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 432.

## Mga Sunnah sa Ṣalāh:



Ang pagliban mo sa ṣalāh sa jamā`ah sa masjid ay nagkakait sa iyo ng maraming kalamangan. Kahit ang mga paghakbang mo patungo sa masjid ay nag-aangat sa iyo sa mga antas sa ganang kay Allāh.

### Ang ṣalāh ay may ilang sunnah. Babanggitin natin mula sa mga ito ang sumusunod:

### 1 Ang sutrah, at itinuturing na sunnah dito ang sumusunod:

### 1 Itinuturing na sunnah ang paggawa ng sutrah.

Ang sutrah ay sunnah para sa imam at mag-isang nagdarasal. Ang ma'mūm naman, ang sutrah ng imam ay sutrah para sa kanya, kaya ang paggawa ng sutrah ay sunnah.

Batay sa ḥadīth ni Abū Sa`īd Al-Khudrīy – malugod si Allāh sa kanya – at nasaad dito: ***"Kapag nagdasal ang isa sa inyo na nakaharap sa isang bagay na tumatakip sa kanya sa mga tao…"***[25] Ang mga ḥadīth tungkol sa sutrah ay marami. Ginamit na sutrah ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ang papag, ang dingding, ang puno ng kahoy, tabla, mahabang sibat, maikling sibat, sasakyang kamelyo, at iba pa.

Ang sutrah ay itinatagubilin sa bayan at ilang at sa pananatili at paglalakbay, natakot man siya na may daraan o hindi natakot, dahil ang mga ḥadīth ay hindi

(25) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 509. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 505.

nagtatangi sa pagitan ng bayan at ilang, at dahil sa ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay gumagamit noon ng sutrah sa pananatili niya at paglalakbay niya, gaya ng nasaad sa ḥadīth ayon kay Abū Juḥayfah – malugod si Allāh sa kanya.[26]

### 2 Itinuturing na sunnah ang pagkalapit sa sutrah.



Kapag lumapit siya sa sutrah, tunay na ang sunnah ay maging nasa pagitan ng pinapatirapaan niya at ng sutrah sa puwang na madadaanan ng tupa.

Batay sa ḥadīth ayon kay Sahl bin Sa`d As-Sā`idīy – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: “Sa pagitan ng dasalan ng Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – at dingding ay madaraanan ng tupa.”[27] Ang tinutukoy ng dasalan ay ang pinagpapatirapaan niya – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan. Nasaad kina Imām Aḥmad at Imām Abū Dāwud na sa pagitan niya at ng sutrah ay tatlong siko.[28] Ito ay sa pagsasaalang-alang na kapag tumindig siya ay magiging gayon din sa pagitan.

### 3 Itinuturing na sunnah na pigilin ang dumaraan sa harapan ng nagdarasal.



Batay sa ḥadīth ayon kay Abū Sa`īd – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***“Kapag nagdasal ang isa sa inyo na nakaharap sa isang bagay na tumatakip sa kanya sa mga tao, at ninais ng isa na tumawid sa harapan niya, itulak niya sa dibdib nito; at kung tumanggi ito, awayin niya ito sapagkat ito ay demonyo lamang.”***[29]

(26) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 501. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 503.
(27) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 496. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 508.
(28) Isinaysay ito nina Imām Aḥmad na may numerong 6231 at Imām Abū Dāwud na may numerong 2024. Itinuring na tumpak ito ni Al-Al-Albānīy, Ṣaḥīḥ Abū Dāwud, 6/263 at ang pinagmulan nito ay sa Ṣahīḥī Al-Bukhārīy na may numerong 506.
(29) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 505.

Kapag naman ang nagdaraan sa harapan ng nagdarasal ay isang babae, o isang asong itim, o isang asno, kinakailangang itaboy ito ayon sa tumpak na pahayag dahil ito ay pumuputol ng ṣalāh gaya ng nasaad sa ḥadīth ayon kay Abū Dḥarr – malugod si Allāh sa kanya – sa ganang kay Imām Muslim,(30) na salungat sa iba pa rito sapagkat iyon ay hindi pumuputol ng ṣalāh. Pinili ito ng Shaykh nating si Ibnu `Uthaymīn – kaawaan siya ni Allāh.

### 4 Itinuturing na Sunnah ang Paggamit ng siwāk sa Bawat Ṣalāh.



Ito ay ang ikatlong kalagayan mula sa mga kalagayang natitiyak sa mga ito ang paggamit ng siwāk.

**Nagpapatunay rito:**

Ang ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – na ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi: ***"Kung hindi dahil sa makapagpapahirap ako sa Kalipunan ko o sa mga tao, talagang ipag-uutos ko sa kanila ang paggamit ng siwāk sa bawat ṣalāh."***(31)

## 2 Habang Nakatayo, Itinuturing na Sunnah ang Sumusunod:

### 1 Ang pag-angat ng mga kamay sa pagsasagawa ng Panimulang Takbīr (Takbīratul'iḥrām)



Batay sa ḥadīth ayon kay Ibnu `Umar – malugod si Allāh sa kanilang dalawa: "Ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nag-aangat noon ng mga kamay niya nang pantas sa mga balikat niya kapag sinimulan niya ang ṣalāh. Kapag nagsagawa ng takbīr para sa pagyukod at kapag nag-angat ng ulo niya mula sa pagkakayukod, inaangat niya ang mga ito rin at nagsasabi: **Sami`a -llāhu liman ḥamidah, rabbanā wa laka -lḥamd**

(30) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 510.
(31) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 887.

***(Narinig ni Allāh ang sinumang nagpuri sa Kanya. Panginoon namin, ukol sa Iyo ang papuri). Hindi niya iyon ginagawa noon sa pagkapatirapa.”***[32]

Nagsabi si Ibnu Hubayrah – kaawaan siya ni Allāh: “Nagkaisa sila na ang pag-aangat ng mga kamay sa takbīr ng pagsisimula (takbīratul’iḥrām) ay sunnah at hindi isinasatungkulin.”[33]

Ito ay ang unang posisyon mula sa mga posisyong inaangat sa mga ito ang mga kamay sa pagsasagawa ng takbīr. Ito ay isang punto ng pagkakasundo sa ganang mga pantas. Ang natitira ay punto ng salungatan sa ganang kanila – kaawaan sila ni Allāh.

**Ang mga posisyon ng pag-aangat ng mga kamay na nasaad sa mga ito ang mga teksto ay apat na posisyon:**

- **sa sandali ng takbīr ng pagsisimula,**
- **sa sandali ng pagyukod**
- **sa sandali ng pag-angat sa pagkakayukod**

Ang tatlong ito ay napagtibay sa Ṣaḥīḥayn ayon kay Ibnu `Umar – malugod si Allāh sa kanilang dalawa – gaya ng naunang nasaad. Ang ikaapat na posisyon ay:

- **sa sandali ng pagtindig mula sa unang tashahhud**

### 2 Itinuturing na sunnah sa sandal ng pag-aangat ng mga kamay na ang mga daliri ay nakaunat.

Batay sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah - malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: “Ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – kapag tumindig siya noon para sa ṣalāh, inaangat niya ang mga kamay na ay nagsabi habangnakaunat.”[34]

### 3 Itinuturing na sunnah na ang pag-angat ng mga kamay ay sa magkapantay na posisyon.

Nasaad ang mga teksto sa dalawang anyo buhay sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – hinggil sa hangganan ng mga kamay. Nasaad ang pantay sa mga balikat sa Ṣaḥīḥayn ayon kay Ibnu -`Umar – malugod

(32) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 735. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 390.
(33) Tingnan: Al-Ifṣāḥ, 1/123.
(34) Isinaysay ito nina Imām Aḥmad na may numerong 8875, Imām Abū Dāwud na may numerong 753, at Imām At-Tirmidhīy na may numerong 240. Itinuring na tumpak ito ni Al-Albānīy (Ṣaḥīḥ Abī Dāwud 3/341).

si Allāh sa kanilang dalawa.[35] Nasaad ang pantay sa mga umbok ng mga tainga sa ganang kay Imām Muslim mula sa ḥadīth ayon kay Mālik bin Al-Ḥuwayrith – malugod si Allāh sa kanya.[36] Kaya iiba-ibahin ng nagdarasal: minsan gagawin ang ganito at minsan ay gagawin ang ganoon.



## 4 Itinuturing na sunnah na para sa nagdarasal matapos ang takbīr ng pagsisimula na ilagay ang kanang kamay sa ibabaw ng kaliwa.

Ito ay ayon sa napagkaisahang hatol ng mga may kaalaman, gaya ng ipinahatid ni Ibnu Hubayrah – kaawaan ni Allāh ang lahat.[37]

## 5 Itinuturing na sunnah na hawakan ng kanang kamay ang kaliwang kamay.

**Ang Unang Katangian:** Ilalagay ang kanang kamay sa kaliwang kamay batay sa ḥadīth ayon kay Wā'il bin Ḥijr – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Nakita ko ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – kapag siya nakatayo sa ṣalāh na ipinanghahawak niya ang kanang kamay niya sa kaliwang kamay niya."[38]

**Ang Ikalawang Katangian:** Ilalagay ang kanang kamay sa kaliwang braso batay sa ḥadīth ayon kay Sahl bin Sa`d – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Ang mga tao noon ay inuutusang ilagay ng lalaki ang kanang kamay sa kaliwang braso niya sa ṣalāh."[39]

(35) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 735. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 390.
(36) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 391.
(37) Tingnan: Al-Ifṣāḥ 1/124
(38) Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'īy na may numerong 887. Itinuring na tumpak ito ni Al-Albānīy.
(39) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 740.

Kaya ito ay inilalagay minsan sa kaliwang kamay at minsan sa kaliwang braso upang maging sari-sari ang pagpapatupad ng Sunnah.





### 6 Itinuturing na sunnah na sabihin ang panalangin sa pagsisimula ng ṣalāh (du`ā' al-istiftāḥ).

Ang du`ā' al-istiftāḥ ay may ilang anyo, na itinuturing na kaibig-ibig na sari-sariin ang pagsambit nito. Minsan ang isang anyo at minsan ang isa pang anyo. Kabilang sa mga nasaad:

1. **"Subḥānaka -llāhumma wa biḥamdika wa tabāraka -smuka wa ta`ālā jadduka wa lā ilāha ghayruk. (*Napakamaluwalhati Mo, o Allāh, at pagpupuri sa Iyo. Napakamapagpala ang pangalan Mo, kataastaasan ang kabunyian Mo at walang totoong Diyos na iba pa saIyo.)*"**(40)

Nasaad sa ganang kay Imām Muslim na si `Umar – malugod si Allāh sa kanya – ay bumibigkas nito noon nang malakas upang malaman ng mga Kasamahan – malugod si Allāh sa kanilang lahat.(41)

2. **"Alḥamdu lillāhi ḥamdan kathīrn ṭayyibam mubārakan fīhi. (*Ang papuri ay ukol kay Allāh papuring marami, mabuti, pinagpapala dahil dito.)*"** Hinggil sa kalamangan nito, nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***"Talaga ngang nakakita ako ng labindalawang anghel na naghaharapan kung alin sa kanila ang mag-aangat nito."***(42)

---

(40) Isinaysay ito nina Imām Aḥmad na may numerong 11473, Imām Abū Dāwud na may numerong 776, Imām At-Tirmidhīy na may numerong 243, at Imām An-Nasā'īy na may numerong 900 mula sa ḥadīth ayon kay Abū Sa`īd – malugod si Allāh sa kanya. May masasabi sa ḥadīth at mayroon itong mga landas na pampalakas dito. Itinuring na maganda ito ni Ibnu Ḥijr, Natā'ij Al-Afkār 1/412.

(41) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 399.

(42) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 600 mula sa ḥadīth ayon kay Anas – malugod si Allāh sa kanya.

3 **"Allāhumma bā`id baynī wa bayna khaṭāyāya kamā bā`adta bayna -lmashriqi wa -lmaghribi. Allāhumma naqqinī mina -lkhaṭāyā kamā yunaqqa -ththawbu -l'abyaḍu mina -ddanasi. Allāhumma -ghsil khaṭāyāya bi-lmā'i wa -ththalji wa -lbarad. (*O Allāh, paglayuin Mo ako at ang mga kamalian ko gaya ng pagpapalayo Mo sa silangan at kanluran. O Allāh, dalisayin Mo ako mula sa mga kamalian gaya ng pagkakadalisay sa puting kasuutan mula sa karumihan. O Allāh, hugasan Mo ang mga kamalian ko ng tubig, yelo at niyebe.)*"**(43)

4 **Allāhu akbar kabīrā, wa -lḥamdu lillāhi kathīrā, wa subḥāna -llāhi bukratan wa aṣīlā *(Si Allāh ay pinakadakila sa malaking kadakilaan; ang papuri ay ukol kay Allāh nang maramihan; at Napakamaluwalhati ni Allāh sa umaga at gabi.)*** Hinggil sa kalamangan nito, nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***"Nagulat ako dahil diyan. Binuksan dahil diyan ang mga pintuan ng langit."***(44)

## 7 Ang Isti`ādhah.

Ang isti`ādhah (pagpapakupkop kay Allāh) ay sunnah. Itinuturing na sari-sariin ang mga anyo ng isti`ādhah. Minsan ang isang anyo at minsan ang isa pang anyo Kabilang sa nasaad:

1 **"A`udhu bi-llāhi mina -shshayṭāni -rrajīm. *(Nagpapakupkop ako kay Allāh laban sa Demonyong isinumpa.)*"**

Ito ang anyong pinili ng mayoriya sa mga pantas – kaawaan sila ni Allāh – dahil ang sabi ni Allāh (Qur'ān 16:98): **"Kaya kapag bumigkas ka ng Qur'ān ay magpakupkop kay Allāh laban sa Demonyong isinumpa."**

2 **"A`udhu bi-llāhi -ssamī`i -l`alīmi mina -shshayṭāni –rrajīm. (*Nagpapakupkop ako kay Allāh na Dumidinig na Maalam laban sa Demonyong isinumpa.*)"**

dahil ang sabi ni Allāh (Qur'ān 41:36): **"Kung inuudyukan ka nga mula sa Demonyo ng isang udyok ay magpakupkop ka kay Allāh; tunay na Siya ay ang Dumidinig, ang Nakaaalam."**

(43) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 744. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 598 mula sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya.

(44) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 601 mula sa ḥadīth ayon kay Ibnu `Umar – malugod si Allāh sa kanilang dalawa.

## 8 Ang Basmalah.

Bahagi ng sunnah na magsabi ng basmalah matapos ang isti`ādhah kaya. Sasabihin: **"Bismi -llāhi -rraḥmāni -rrahīm.** ***(Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.)*"** Batay sa ḥadīth ayon kay Nu`aym Al-Mujmir – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Nagdasal ako sa likuran ni Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – at binigkas niya ang **Bismi -llāhi -rraḥmāni -rrahīm.** ***(Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain.)*** Pagkatapos ay bumigkas siya ng mga talata ng Qur'ān…" Nasaad din dito: "Sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ko ay nasa kamay Niya, tunay na ako ay nakakawangis ninyo sa dasal ng Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan."(45)

Ang naglilihis sa pagkatungkulin din ay ang katotohanang ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay hindi nagturo nito sa gumagawa ng masagwa sa dasal nito. Nagpatnubay lamang siya rito sa Fātiḥah gaya ng nasaad sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya. Napagkaisahan ang katumpakan.(46)

## 9 Ang Pagsabi ng Amen Kasama ng Imām.

Iyon ay kapag binigkas ng imām ang Fātiḥah nang malakas sapagkat tunay na bahagi ng Sunnah na magsabi ng āmīn ang ma`mūm kapag nagsabi ng āmīn ang imām batay sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi: ***"Kapag nagsabi ng āmīn ang imām, magsabi kayo ng āmīn, sapagkat tunay na ang sinumang sumabay ang pagsabi niya ng āmīn sa pagsabi ng āmīn ng mga anghel, patatawarin siya sa nauna sa pagkakasala niya."***(47)

## 10 Pagbigkas ng sūrah pagkatapos ng Fātiḥah.

Ang pagbigkas nito ay sunnah sa una at ikalawang rak`ah. Ito ang pahayag ng mayoriya ng mga pantas – kaawaan sila ni Allāh – batay sa ḥadīth ayon kay Abū Qatādah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Ang Propeta– pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay bumibigkas noon sa unang dalawang rak`ah ng ṣalāh sa dhuhr ng Fātiḥah at dalawang sūrah na nagpapahaba siya sa unang [rak`ah] at nagpapaiksi siya sa ikalawang [rak`ah]."(48)

(45) Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'īy na may numerong 906. Isinaysay ito ni Imām Ibnu Khuzaymah at itinuring niya na tumpak ito 1/251. Nagsabi si Ad-Dāraquṭnīy: "Ito ay isang ḥadīth na tumpak at ang mga mananaysay nito sa kalahatan nila ay mga mapagkakatiwalaan." As-Sunan 2/46.

(46) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 757. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 397.

(47) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 780. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 410.

(48) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 759. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 451.

Tungkol naman sa ma`mūm sa ṣalāh na binibigkas nang malakas, hindi siya bibigkas ng sūrah matapos ang Fātiḥah, bagkus makikinig siya sa imām niya.

Nagsabi si Ibnu Qudāmah – kaawaan siya ni Allāh: "Wala tayong nalamang salungatan sa gitna ng mga may kaalaman hinggil sa pagiging itinuturing na sunnah ang pagbigkas ng isang surah matapos ang Fātiḥah sa unang dalawang rak`ahngṣalāh."(49)

## 3 Samantalang Nasa Pagkakayukod, Itinuturing na Sunnah ang Sumusunod:

### 1 Itinuturing na sunnah ang paglalagay ng mga kamay sa mga tuhod gaya ng humahawak sa mga ito samantalang ipinaghihiwalay ang mga daliri.



Batay sa ḥadīth ayon kay Abū Ḥumayd – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Ako noon ay higit na nakasaulo sa inyo sa pagdarasal ng Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan. Nakita ko siya nang nagsabi siya ng Allāhu akbar na naglagay ng mga kamay niya kapantay ng mga balikat niya. Nang yumukod siya, inilagay niya ang mga kamay niya sa mga tuhod niya. Pagkatapos ay iniyukod niya ang likod niya…"(50) Sa ḥadīth ayon kay Abū Mas`ūd – malugod si Allāh sa kanya: "Pinaghiwalay niya ang mga daliri niya na nakapatong sa mga tuhod niya…"(51)

### 2 Itinuturing na sunnah para sa yumuyukod na banatin niya ang likod niya upang pumantay.

Batay sa ḥadīth ayon kay Abū Ḥumayd As-Sā`idīy – malugod si Allāh sa kanya – ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "Nang yumukod siya, inilagay niya ang mga kamay niya sa mga tuhod niya. Pagkatapos ay iniyukod niya ang likod niya…"(52) Ang ***"iniyukod niya ang***

(49) Tingnan: Al-Mughnī 1/568.

(50) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 828.

(51) Isinaysay ito nina Imām Aḥmad na may numerong 17081 at Imām Abū Dāwud na may numerong 863. Isinaysay ito nina Imām An-Nasā'īy na may numerong 1038, na may magandang kawing ng pagkasanaysay at mayroon itong saksi mula sa ḥadīth ayon kay Wā'il bin Ḥijr sa ganang kay Ibnu Khuzaymah 594.

(52) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 828.




***likod niya”*** ay nangangahulugang: Iniyuko niya nang tuwid nang walang pagkabaluktot. Gayon din itinuturing na sunnah na ang ulo niya ay pantay sa likod niya kaya naman hindi niya ito iaangat o ibababa batay sa ḥadīth ayon kay `Ā’ishah – malugod si Allāh sa kanya – sa ganang kay Imām Muslim. Dito ay nagsabi siya hinggil sa paglalarawan ng yukod ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan:

“Siya noon, kapag yumukod, ay hindi nagtataas ng ulo niya at hindi nagyuyuko nito, bagkus nasa pagitan niyon.”(53)

Ang “hindi nagtataas” ay nangangahulugang: “hindi nag-aangat.” Ang “hindi nagyuyuko” ay nangangahulugang: “hindi nagbababa.”

### 3 Itinuturing na sunnah para sa nagdarasal sa sandali ng pakakayukod na ilayo ang mga siko sa mga tagiliran.



Ibig sabihin: Ilalayo ang mga kamay sa mga tagiliran batay sa naunang ḥadīth ayon kay Abū Mas`ūd – malugod si Allāh sa kanya – at nasaad dito: “Pagkatapos ay yumukod siya, inilayo niya ang mga kamay [sa mga tagiliran], inilagay niya ang mga kamay niya sa mga tuhod niya, at pinaghiwalay niya ang mga daliri niya…” Nagsabi pa siya: “Ganyan ko nakita ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – na nagdarasal.(54)

Ang paglalayo ay isinasagawa sa kundisyong hindi nasasaktan ang sinumang nasa gilid niya sapagkat tunay na hindi nararapat para sa nagdarasal na magsagawa ng isang sunnah na makasasakit sa iba sa kanya na mga nagdarasal.

Nagsabi si Imām An-Nawawīy – kaawaan siya ni Allāh – hinggil sa paglalayo: “Wala akong nalalaman hinggil sa pagtuturing na kaibig-ibig ito na may pagsalungat ang isa sa mga pantas. Ipinarating ni At-Tirmidhīy ang pagtuturing na kaibig-ibig ito sa pagkayukod at pagkapatirapa buhat sa mga may kaalaman, nang walang takda.”(55)

(53) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 498.

(54) Isinaysay ito nina Imām Aḥmad na may numerong 17081, Imām Abū Dāwud na may numerong 863, at Imām An-Nasā’īy na may numerong 1038. Tingnan: Ḥāshiyah (2).

(55) Tingnan: Al-Majmū` 3/410.

## 4 Itinuturing na sunnah na sumambit ng mga dhikr na nasasaad habang nasa pagkakayukod.

Itinuturing na sunnah para sa nakayukod na sambitin kasama ng **subḥāna rabbiya -l`adhīm** ang iba pang mga dhikr na nasaad kaugnay sa pagkakayukod. Kabilang sa mga nasasaad:

1. **"Subḥānaka -llāhumma rabbanā wa biḥamdika, Allāhumma -ghfir lī. (*Napakamaluwalhati Mo, o Allāh, Panginoon namin at kalakip ng papuri sa Iyo. O Allāh patawarin Mo ako.)*"**(56)
2. **"Subbūḥun quddūsun rabbu -lmalā'ikati wa -rrūḥ. (*Kaluwa-luwalhatian, kabanal-banalan, Panginoon ng mga anghel at Espiritu.)*"**(57)
3. **"Allāhumma laka raka`tu, wa bika āmantu, wa laka aslamtu, khasha`a laka sam`ī wa baṣarī, wa mukhkhī wa `adhmī wa `aṣabī. *(O Allāh sa Iyo ako yumukod, sa Iyo ako sumampalataya, at sa Iyo ako nagpasakop. Nagpakababa sa Iyo ang pandinig ko, ang paningin ko, ang utak ko, ang buto ko, ang litid ko.)*"**(58)
4. **"Subḥāna dhi -ljabarūti, wa -lmalakūti, wa -lkibriyā'i, wa -l`adhamah. *(Kaluwalhatian sa may kapangyarihan, paghahari, dangal at kadakilaan.)*"**(59).

### 4 Ang Pag-angat Mula sa Pagkakayukod ay May Ilang Sunnah:



## 1 Ang pagpapahaba sa gawaing ito.

Batay sa ḥadīth ayon kay Thābit Al-Bunānīy ayon kay Anas – malugod si Allāh sa kanya – na siya ay nagsabi: "Tunay na ako ay hindi nagpapaiksi habang namumuno sa inyo sa ṣalāh gaya ng pagkakita ko sa Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at

(56) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 794. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 484 mula sa ḥadīth ayon kay `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya.

(57) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 771 mula sa ḥadīth ayon kay `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya.

(58) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 771 mula sa ḥadīth ayon kay `Alīy – malugod si Allāh sa kanya.

(59) Isinaysay ito nina Imām Aḥmad na may numerong 23411, Imām Abū Dāwud na may numerong 873, at Imām An-Nasā'īy na may numerong 1050 mula sa ḥadīth ayon kay `Awf bin Mālik – malugod si Allāh sa kanya. Itinuring na tumpak ito ni Al-Albānīy, Ṣaḥīḥ Abī Dāwud 4/27.

pangalagaan – na namumuno sa amin sa ṣalāh." Nagsabi siya: "Si Anas ay gumagawa noon ng isang bagay na hindi ko nakikitang gumagawa kayo niyon. Kapag inangat niya ang ulo niya mula sa pagkakayukod, tumatayo siya nang tuwid hanggang sa nagsasabi ang isa: Nakalimot na siya. Kapag inangat niya ang ulo niya sa pagkakapatirapa, nananatili siya [sa gayong posisyon] hanggang sa nagsasabi ang isa: Nakalimot na siya."(60)

## 2 Ang pagsasari-sari sa mga anyo ng rabbanā wa laka -lḥamd gamit ang sumusunod:

1. **"Allāhumma rabbanā wa laka -lḥamd. *(O Allāh, Panginoon namin, at ukol sa Iyo ang papuri.)*"**(61)
2. **"Allāhumma rabbanā laka -lḥamd. *(O Allāh, Panginoon namin, ukol sa Iyo ang papuri.)*"**(62)
3. **"Rabbanā wa laka -lḥamd. *(Panginoon namin, at ukol sa Iyo ang papuri.)*"**(63)
4. **"Rabbanā laka -lḥamd. *(Panginoon namin, ukol sa Iyo ang papuri.)*"**(64)

Minsan ang isang anyo at minsan ang isa pang anyo.

## 3 Itinuturing na sunnah na sumambit ng mga dhikr na nasasaad matapos umangat sa pagkakayukod.

Kabilang sa mga dhikr na itinatagubilin matapos umangat sa pagkakayukod ay ang sumusunod:

1. **"Rabbanā laka -lḥamd, mil'u -ssamāwāti wa mil'a -l'arḍ, wa mil'u mā shi'ta min shay'im ba`d, ahlu -ththanā'i wa -lmajd, aḥaqqu mā qāla -l`abdu, wa kulluna laka `abd, Allāhumma lā māni`a limā a`ṭayta, wa lā mu`ṭiya limā mana`ta, wa lā yanfa`u dha -ljaddi minka -ljadd. *(Panginoon namin, ukol sa Iyo ang papuri. Makapupuno ng mga langit, makapupuno ng lupa, at makapupuno ng anumang bagay na niloob Mo pagkatapos, o***

(60) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 821. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 472.
(61) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 795.
(62) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 796. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 404 mula sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya.
(63) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 799. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 411 mula sa ḥadīth ayon kay `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya.
(64) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 722 mula sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya.

***karapat-dapat sa pagbubunyi at kaluwalhatian, ang pinakatotoo na sinabi ng lingkod — at lahat naman kami sa Iyo lingkod. O Allāh, walang pipigil sa anumang ibinigay Mo at walang magbibigay sa anumang pinigil Mo, at hindi magdudulot ng pakinabang sa may yaman: mula sa Iyo ang yaman.)"***(65)


2 **"Alḥamdu lillāhi ḥamdan kathīran ṭayyibam mubārakan fīhi. (*Ang papuri ay ukol kay Allāh papuring marami, mabuti, pinagpapala dahil dito.)"*** Nagsabi ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – hinggil sa pananalitang ito: ***"Talaga ngang nakakita ako ng labindalawang anghel na naghaharapan kung alin sa kanila ang mag-aangat nito."***(66)

3 **"Allāhumma ṭahhirnī bi-ththalji wa -lbaradi wa -lmā'i -lbārid. Allāhumma ṭahhirnī mina -dhdhunūbi wa -lkhaṭāyā kamā yunaqqā -ththawbu -l'abyaḍu mina –lwasakh. *(O Allāh, dalisayin Mo ako sa pamamagitan ng yelo, niyebe, at tubig na malamig. O Allāh, dalisayin Mo ako mula sa mga pagkakasala at mga kamalian gaya ng pagkakadalisay sa puting kasuutan mula sa karumihan.)*"**(67)

Kapag nasambit ng Muslim ang mga dhikr na ito, makakaya niyang pahabain ang haliging ito.

## 5 Ang Pagkakapatirapa ay May Ilang Sunnah:

### 1 Itinuturing na sunnah para sa nakapatirapa na paghiwalayin ang mga braso sa tagiliran niya, at ang tiyan niya sa mga hita niya



**Itinuturing na sunnah para sa nakapatirapa na paghiwalayin ang mga braso sa tagiliran niya, at ang tiyan niya sa mga hita niya batay** sa ḥadīth ayon kay `Abdullāḥ bin Buḥaynah – malugod si Allāh sa kanya: "Ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – kapag nakapatirapa ay ibinubuka niya ang mga braso niya

(65) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 600. Ang ḥadīth ay isinaysay ni Imām Muslim mula sa ḥadīth ayon kay Abū Sa`d – malugod si Allāh sa kanya.
(66) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 600. Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 799.
(67) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 476.

hangang sa lumitaw ang kaputian ng mga kilikili niya."[68] Batay rin sa ḥadīth ayon kay Maymūnah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – kapag nagpatirapa siya noon, kung sakaling nanaisin ng batang tupa na dumaan sa pagitan ng mga braso niya, talagang makadadaan ito."[69] Nasaad dito ang pagpapalabis sa pagbuka sa mga braso. Ang sunnah ay ang pagbubuka sa mga braso hanggat ang gawaing iyon ay hindi nakasasakit sa sinumang nasa paligid, gaya ng nabanggit sa paglayo ng braso sa tagiliran sa pagyukod.

Kabilang sa sunnah din kapag nakapatirapa ang nagdarasal na paghiwalayin niya ang mga hita niya at huwag pagdikitin at na hindi papatong ang tiyan niya sa mga hita niya, bagkus ilalayo niya ang mga hita niya sa tiyan niya. Ito ay batay sa ḥadīth ayon kay Abū Ḥumayd – malugod si Allāh sa kanya – hinggil sa katangian ng ṣalāh ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "Kapag nakapatirapa siya, pinaghihiwalay niya ang mga hita niya na hindi pumapatong ang tiyan niya sa anuman sa mga hita niya."[70]

Nagsabi si Ash-Shawkānīy – kaawaan siya ni Allāh: "Ang ḥadīth ay nagpapatunay sa pagkaitinatagubilin ng paghihiwalay sa mga hita sa pagpapatirapa at sa pag-aangat ng tiyan palayo sa mga ito. Walang salungatan hinggildoon."[71]

### 2 Itinuturing na sunnah para sa nakapatirapa na iharap ang mga dulo ng mga daliri ng mga paa sa Qiblah.



Batay sa ḥadīth ayon kay Abū Ḥumayd – malugod si Allāh sa kanilang dalawa – siya ay nagsabi: "Ako ay higit na nakasaulo sa inyo sa pagdarasal ng Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan." Nasaad dito: "Kapag nagpatirapa siya, inilalapag niya ang mga kamay nang hindi nakalatag [ang mga braso], hindi idinidikit ang mga ito [sa katawan], at ihinaharap ang mga dulo ng mga daliri ng mga paa saQiblah."[72]

(68) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 390. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 495.

(69) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 496.

(70) Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud na may numerong 735. Ito ay sunnah ayon sa pagkakaisa ng hatol ng mga may kaalaman, gaya ng naiparating ni Ash-Shawkānīy at iba pa.

(71) Tingnan: Nayl Al-Awṭār 2/257.

(72) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 828.

Tungkol naman sa mga daliri ng mga kamay sa sandali ng pagpapatirapa, ang sunnah ay maging magkakadikit ang mga ito at gagawin ang mga kamay na nakaharap sa Qiblah, batay sa napagtibay buhat kay Ibnu `Umar – malugod si Allāh sa kanilang dalawa – sa Muwaṭṭa' ni Imām Mālik (Tingnan: Muwaṭṭa' Mālik) at gayon din sa Muṣṣanaf Ibnu Abī Shaybah buhat kay Ḥafṣ bin `Āṣim – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Kabilang sa sunnah sa ṣalāh na iunat ang mga palad at pagdidikitin ang mga daliri niya at ihinaharap ang dalawang ito sa dako ng Qiblah."(73)

### 3 Itinuturing na sunnah na sumambit ng mga dhikr na nasasaad habang nasa pagkakapatirapa.

Itinuturing na sunnah para sa nakapatirapa na bumigkas kasama ng Subḥāna rabbiya -l`adhīm ng iba pang mga dhikr na nasasaad para sa pagpapatirapa. Kabilang sa nasaad:

1. **"Subḥānaka -llāhumma rabbanā wa biḥamdika, Allāhumma -ghfir lī. (*Napakamaluwalhati Mo, o Allāh, Panginoon namin at kalakip ng papuri sa Iyo. O Allāh patawarin Mo ako.)*"**(74)

2. **"Subbūḥun quddūsun rabbu -lmalā'ikati wa -rrūḥ (*Kaluwa-luwalhatian, kabanal-banalan, Panginoon ng mga anghel at Espiritu.)*"**(75)

3. **"Allāhumma laka sajadtu, wa bika āmantu, wa laka aslamtu, sajada wajhī lillādhī khalaqahu wa ṣawwarahu, wa sḥaqqa sam`ahu wa baṣarahu, tabāraka -llāhu aḥsanu –lkhāliqīn. *(O Allāh, sa Iyo ako nagpatirapa, sa Iyo ako sumampalataya, at sa Iyo ako nagpasakop. Nagpatirapa ang mukha ko sa Kanya na lumikha rito, nag-anyo rito, nagbukas sa pandinig at paningin nito. Napakamapagpala ni Allāh, ang pinakamagaling sa mga tagapaglikha.)*"**(76)

4. **"Allāhumma -ghfir lī dhambī kullahu diqqahu wa jillahu, wa awwalahu wa ākhirahu, wa `alāniyatahu wa sirrahu. *(O Allāh patawarin Mo ako sa pagkakasala ko: sa lahat ng ito, kaliit-liitan nito at kalaki-lakihan nito, una nito at huli nito, at hayagan nito at lihim nito.)*"**(77)

---

(73) Tingnan: Muṣṣanaf Ibnu Abī Shaybah 1/236. Mayroon siyang patunay mula sa ḥadīth ayon kay Wā'il bin ḥijr: "na ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – kapag nakapatirapa siya noon, ipinagdidikit niya ang mga daliri niya." Itinuring na maganda ito ni Al-Haythamīy 2/135.

(74) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 794. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 484 mula sa ḥadīth ayon kay `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya.

(75) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 487 mula sa ḥadīth ayon kay `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya.

(76) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 771 mula sa ḥadīth ayon kay `Alīy – malugod si Allāh sa kanya.

(77) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 483 mula sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya.

5 **"Allāhumma, innī a`ūdhu biriḍāka min sakhaṭika, wa bimu`āfātika min `uqūbatika, wa a`ūdhu bika minka; lā uhṣī thanā'an `alayka, anta kamā athnayta `alā nafsika.** ***(O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa kaluguran Mo laban sa pagkayamot Mo, sa pagpapaumanhin Mo laban sa pagpaparusa Mo; nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa Iyo. Hindi ako makabibilang ng pagbubunyi sa Iyo. Ikaw ay gaya ng pagbunyi Mo sa sarili Mo.)*****"**(78) Kaya itinuturing na sunnah na sumambit sa abot ng makakaya ng mga dhikr na ito habang nakapatirapa at sari-sariin niya ang mga ito. Alam natin na ang isinasatungkulin sa pagkakayukod ay ang magsabi ng **Subḥāna rabbiya -l`adhīm** nang isang ulit. Ang anumang lumabis, ito ay sunnah. Gayon din sa pagpapatirapang isinatungkulin, ang pagsabi ng **Subḥāna rabbiya -l'a`lā** ay isang ulit. Ang ikalawa at ang ikatlo nito ay sunnah.

### 4 Itinuturing na sunnah ang magparami ng mga panalangin (du`ā') habang nakapatirapa



dahil ang pagkapatirapa ay ang pinakamalapit na posisyon ng tao sa Panginoon niya – kapita-pitagan Siya at kataas-taasan – kaya naman itinuturing na sunnah ang magparami ng panalangin habang nakapatirapa batay sa sabi ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – gaya ng sa ḥadīth ayon kay Ibnu `Abbās – malugod si Allāh sa kanilang dalawa – sa ganang kay Imām Muslim: "Tungkol naman sa pagkakapatirapa, magsumikap kayo sa pagdalangin sapagkat karapat-dapat na tugunin kayo."(79)

(78) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 486 mula sa ḥadīth ayon kay `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya.

(79) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 479.

## 〈6〉 Kabilang sa mga Sunnah sa Pag-upo sa Pagitan ng Dalawang Pagpapatirapa:

### 1 Kabilang sa sunnah na ihiga ng nagdarasal ang kaliwang paa niya, upuan ito, at itukod naman ang kanang paa.



Batay sa ḥadīth ayon kay Abū Ḥumayd As-Sā`idīy – malugod si Allāh sa kanya. Nasaad dito: "Kaya nang umupo siya matapos ang dalawang rak`ah, umupo siya sa kaliwang paa niya; at nang umupo siya sa huling rak`ah, isinulong niya ang kaliwang paa niya at umupo siya sa pigi niya."(80)

### 2 Ang pagpapahaba sa gawaing ito

Batay sa ḥadīth ayon kay Thābit Al-Bunānīy – malugod si Allāh sa kanya. Nauna nang nabanggit ito.

### 3 Itinuturing na sunnah para para sa sinumang nagnais na tumayo sa anumang rak`ah: ikalawa o ikaapat, na umupo nang saglit bago tumayo.

Ito ay Tinatawag na Pag-upo ng Pamamahinga at Wala Itong Takdang Dhikr.

Nasaad ang pagtitibay nito sa tatlong ḥadīth:

Ang ḥadīth ayon kay Mālik bin Al-Ḥuwayrith – malugod si Allāh sa kanya: "Siya ay nakakita sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – na nagdarasal at kapag siya noon ay nasa gansal ng ṣalāh niya, hindi siya tumitindig hanggang sa nakapanatiling nakaupo [nang saglit]."(81) Si Mālik bin Al-Ḥuwayrith – malugod si Allāh sa kanya – ay ang nagparating ng sabi ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***"Magdasal kayo gaya ng pagkakita ninyo sa akin na nagdarasal."***(82)

Nagkaiba ang hatol sa pagiging sunnah ng pag-upo ng pamamahinga kung ito ay sunnah na lubos batay sa ḥadīth ay kay Mālik – malugod si Allāh sa kanya. Kabilang sa nagtuturing na matimbang pagiging sunnah nito nang lubusan ay sina Imām An-Nawawīy, Ash-Shawkānīy, Ibnu Bāz, at Al-Albānīy

(80) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 828.
(81) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 823.
(82) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 631.

– kaawaan sila ni Allāh at ang Al-Lujnah ad-Dā’imah lil-Buḥūth al-`Ilmīyah wa al-Iftā’ (Ang Lupong Permanente Para sa Pananaliksik na Pangkaalamang-Islām at Pagbibigay ng Fatwā).[83]

Nagsabi si An-Nawawīy – kaawaan siya ni Allāh: “Ito ay ang tama na napagtibay hinggil dito ang mga tumpak na ḥadīth.”[84]

## 〈7〉 Kabilang sa mga Sunnah sa Tashahhud:

### 1 Itinuturing na sunnah na ihiga ng nagdarasal ang kaliwang paa sa tashahhud at itukod ang kanang paa.



Ang paglalarawang ito ay ginagawa ng nagdarasal matapos dasalin ang ikalawang rak`ah kasama ng pagyukod nito, pagpapatirapa nito, pagtayo nito, at pag-upo nito, maging ito man ay sa ṣalāh na apatang rak`ah o tatluhang rak`ah o dalawahang rak`ah. Alinmang ikalawang rak`ah, sa pag-upo sa tashahhud nito, ito ay magiging ayon sa paglalarawang ito batay sa ḥadīth ayon kay Abū Ḥumayd As-Sā`idīy – malugod si Allāh sa kanya. Nasaad dito: “Kapag naupo siya matapos ang ikalawang rak`ah, umuupo siya sa kaliwang paa niya at itinutugon niya ang kanang paa.”[85] Batay rin sa ḥadīth ayon kay `Ā’ishah – malugod si Allāh sa kanya: “Siya noon ay bumibigkas, sa bawat dalawang rak`ah, ng tashahhud. Siya noon ay naghihiga ng kaliwang paa niya at nagtutukod ng kanang paa niya.”[86]

Tungkol naman sa huling tashahhud sa ṣalāh na apatang rak`ah at tatluhang rak`ah, darating ang paglilinaw ng katangian nito.

### 2 Ang sunnah ay Sari-sariin ang Paglalagay ng mga Kamay sa Sandali ng Tashahhud.

Ang Paglalagay ng mga Palad sa Sandali ng Tashahhud ay May Dalawang Katangian:

**Una:** Na ilalagay ang mga kamay sa mga hita.

(83) Tingnan: Fatāwā wa Maqālāt Mutanawwi`ah 11/99 at Fatāwā al-Lujnah ad-Dā’imah 6/445-446.
(84) Tingnan: Al-Majmū` 3/441.
(85) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 828.
(86) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 498.

**Ikalawang Katangian:** Na ilalagay ang mga kamay sa mga tuhod. Iyon ay sa pamamagitan ng paghawak ng kaliwang kaway sa kaliwang tuhod. Ang kanang kamay naman ay ipinantuturo – gaya ng sa darating na paglilinaw – at ang kaliwang kamay naman ay nakaunat palagi.





Batay sa ḥadīth ayon kay Ibnu `Umar – malugod si Allāh sa kanilang dalawa – na nagsabi: "Ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – noon, kapag umupo sa ṣalāh, ay naglalagay ng kanang palad niya sa kanang hita niya, kinukuyom niya ang lahat ng mga daliri niya, at itinuturo ang daliri niyang katabi ng hinlalaki; at naglalagay ng kaliwang palad niya sa kaliwang hitaniya."(87)

### 3 Ang Sunnah ay Sari-sariin ang Pamamaraan ng Paglalagay ng mga Daliri sa Sandali ng Tashahhud.

Ang Paglalagay ng mga Daliri sa Sandali ng Tashahhud ay may Dalawang Katangian:

**Unang Katangian:** Na ihahawak niya ang lahat ng mga daliri ng kanang kamay niya habang ipinantuturo niya ang daliring hintuturo at ang kaliwang kamay ay nakaunat.

Batay sa naunang ḥadīth ayon kay Ibnu `Umar – malugod si Allāh sa kanilang dalawa: "…kinukuyom niya ang lahat ng mga daliri niya, at itinuturo ang daliri niyang katabi ng hinlalaki;…"(88)

**Ikalawang Katangian:** Na sisenyas ng limampu't tatlo sa pamamagitan ng pagkuyom ng hinliliit at palasingsingan, pagsalubong ng hinlalaki sa hinlalato, at pagtuturo ng hintuturo. Ang kaliwang kamay naman ay nakaunat.

(87) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 579.
(88) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 580.




Batay sa naunang ḥadīth ayon kay Ibnu `Umar – malugod si Allāh sa kanilang dalawa – sa isang sanaysay: "Siya noon – tinutukoy ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – kapag naupo sa tashahhud, ay naglalagay ng kaliwang kamay niya sa kaliwang tuhod niya at naglalagay ng kanang kamay niya sa kanang tuhod, sumisenyas ng limāmpu't tatlo, at itinuro ang hintuturo."(89)

### 4 Ang sunnah ay sari-sariin ng nagdarasal ang mga anyo ng tashahhud.

Gagawin ang anyong ito minsan at ang iba minsan. Kabilang sa nasaad:

1. **"Attaḥīyātu lillāhi wa -ṣṣalawātu wa -ṭṭayyibāt, assalāmu `alayka ayyuha -nnabīyu wa raḥmatu -llāhi wa barakātuh, assalāmu `alaynā wa `alā `ibādi -llāhi -ṣṣālihīn, ashhadu an lā ilāha illa -llāh, wa ashhadu anna muḥammadan `abduhu wa rasūluh.** ***(Ang mga pagbati ay ukol kay Allāh, ang mga dasal at mga mabuting. Ang pangangalaga ay sumaiyo, o Propeta, at ang awa ni Allāh at ang biyaya Niya. Ang pangangalaga nawa ay sa kanya at sa mga matuwid na lingkod ni Allāh. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh, at sumasaksi rin ako na si Muḥammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.)"***(90)

2. **"Attaḥīyātu -lmubārakātu -ṣṣalawātu -ṭṭayyibātu lillāhi, assalāmu `alayka ayyuha –nnabīyu…** ***(Ang mga pagbating pinagpala, ang mga dasal na mabuti ay ukol kay Allāh. Ang pangangalaga ay sumaiyo, o Propeta,…)"***(91) Pagkatapos ay lulubusin ito gaya ng sa nauna.

(89) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 850.

(90) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 1202. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 402 mula sa ḥadīth ayon kay Ibnu Mas`ūd – malugod si Allāh sa kanya.

(91) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 403 mula sa ḥadīth ayon kay Ibnu `Abbās – malugod si Allāh sa kanilang dalawa.

3. **“Attaḥīyātu -ṭṭayyibātu -ṣṣalawātu lillāhi, assalāmu `alayka ayyuha -nnabīyu…** ***(Ang mga pagbati, ang mga mabuti, ang mga dasal ay ukol kay Allāh. Ang pangangalaga ay sumaiyo, o Propeta…)”***[92] Pagkatapos ay lulubusin ito gaya ng sa nauna.

## 5 Ang sunnah ay maupo ng upong tawarruk ang nagdarasal sa huling tashahhud sa ṣalāh na tatluhang rak`ah at apatang rak`ah.

Ang ibig sabihin ay sa huling tashahhud kapag ang ṣalāh ay apatang rak`ah o tatluhang rak`ah, uupo siya sa kinauupuan niya: uupos sa kaliwang pigi. Ang tawarruk (pag-upo sa kaliwang pigi) ay nasaad sa higit sa isang pamamaraan kaya naman itinuturing na kaibig-ibig ang pagsasari-sari nito.

**Kabilang sa nasaad:**



1. **Na ilalatag ang kaliwang paa niya, palalabasin ito sa gawing kanan, itutukod ang kanang paa, at ilalagay ang pag-upo niya sa lapag.**

Ang katangiang ito ay isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy – kaawaan siya ni Allāh.[93]



2. **Na ilalatag ang mga paa nang magkasama, ilalabas ang mga ito sa dakong kanan, at ilalagay ang pag-upo niya sa lapag.**

Ang paglalarawang ito ay isinaysay nina Imām Abū Dāwud, Imām Ibnu Ḥibbān, at Imām Al-Bayhaqīy.[94]

Alamin na ang tawarruk ayon sa tumpak na pahayag ay hindi sa bawat huling tashahhud, bagkus sa huling tashahhud sa ṣalāh na tatluhang rak`ah at apatang rak`ah hindi sa dalawahang rak`ah.

---

(92) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 404 mula sa ḥadīth ayon kay Abū Mūsā – malugod si Allāh sa kanya.

(93) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 828 mula sa ḥadīth ayon kay Abū Ḥamīd As-Sā`idīy – malugod si Allāh sa kanya.

(94) Isinasaysay ito nina Imām Abū Dāwud na may numerong 731. Isinaysay ito ni Imām Ibnu Ḥibbān na may numerong 1867. Isinaysay ito ni Imām Al-Bayhaqīy 2/128 mula sa ḥadīth ayon kay Abū Ḥumayd As-Sā`idīy – malugod si Allāh sa kanya. Itinuring na tumpak ito ni Al-Albānīy numerong – kaawaan ni Allāh ang lahat.

### 6 Ang sunnah ay sari-sariin ng nagdasal ang mga anyo ng panalangin ng pagpapala sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan.

May nasaad ngang ilang anyo ng panalangin ng pagpapala sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – at ang sunnah ay sari-sariin ang mga anyo nito. Kabilang sa nasaad:

1. **"Allāhumma ṣalli `alā muḥammadin wa `alā āli Muḥammad, kamā ṣallayta `alā ibrāhīma wa `alā āli ibrāhīm, innaka ḥamīdum majīd. Allāhumma bārik `alā muḥammadin wa `alā āli muḥammad, kamā bārakta `alā ibrāhīma wa `alā āli ibrāhīm, innaka ḥamīdum majīd. *(O Allāh, pagpalain Mo si Muḥammad at ang mag-anak ni Muḥammad gaya ng pagpapala Mo kay Ibrāhīm at sa mag-anak ni Ibrāhīm; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwalhati. O Allāh, biyayaan Mo si Muḥammad at ang mag-anak ni Muḥammad gaya ng pagbiyaya Mo kay Ibrāhīm at sa mag-anak ni Ibrāhīm; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwalhati.)*"**[95]

2. **"Allāhumma ṣalli `alā muḥammadin wa `alā āli Muḥammad, kamā ṣallayta `alā āli ibrāhīm, wa bārik `alā muḥammadin wa `alā āli muḥammad, kamā bārakta `alā āli ibrāhīm, fi -l`ālamīna innaka ḥamīdum majīd. *(O Allāh, pagpalain Mo si Muḥammad at ang mag-anak ni Muḥammad gaya ng pagpapala Mo sa mag-anak ni Ibrāhīm; at biyayaan Mo si Muḥammad at ang mag-anak ni Muḥammad gaya ng pagbiyaya Mo sa mag-anak ni Ibrāhīm; sa mga nilalang, tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwalhati.)*"**[96]

3. **"Allāhumma ṣalli `alā muḥammadin wa `alā azwājihi wa dhurrīyatihi, kamā ṣallayta `alā āli ibrāhīm, wa bārik `alā muḥammadin wa `alā azwājihi wa dhurrīyatihi, kamā bārakta `alā āli ibrāhīm, innaka ḥamīdum majīd. *(O Allāh, pagpalain Mo si Muḥammad, ang mga maybahay niya, at mga supling niya gaya ng pagpapala Mo sa mag-anak ni Ibrāhīm; at biyayaan Mo si Muḥammad, ang mga maybahay niya, at mga supling niya gaya ng pagbiyaya Mo sa mag-anak ni Ibrāhīm; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri,Maluwalhati.)*"**[97]

---

(95) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 3370 mula sa ḥadīth ayon kay Ka`b bin `Ujrah – malugod si Allāh sa kanya.

(96) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 405 mula sa ḥadīth ayon kay Abū Mas`ūd Al-Anṣārīy – malugod si Allāh sa kanya.

(97) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 3369. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 407 mula sa ḥadīth ayon kay Abū Ḥumayd As-Sā`idīy – malugod si Allāh sa kanya.

### 7 Itinuturing na sunnah na magpakupkop kay Allāh ang nagdarasal laban sa apat bago magsagawa ng taslīm.

Ito ang pahayag ng mayoriya sa mga pantas – kaawaan sila ni Allāh - batay sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi: ***"Kapag natapos ang isa sa inyo sa huling tashahhud, magpakupkop siya kay Allāh laban sa apat: laban sa pagdurusa sa Impiyerno, laban sa pagdurusa sa libingan, laban sa tukso ng buhay at kamatayan, at laban sa kasamaan ng Bulaang Kristo."***(98)

Mayroong iba pang mga panalanging nasaad sa Sunnah. Itinuturing na sunnah para sa nagdarasal na sari-sariin ang pagsambit sa mga ito bago magsagawa ng taslīm. Kabilang sa nasaad:

1. **"Allāhumma innī a`ūdhu bika min ma'thami wa lmaghram. *(O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa kasalanan atpagkakautang.)*"**(99)
2. **"Allāhumma innī as'aluka -ljannata wa a`ūdhu bika mina -nnār. *(O Allāh, tunay na ako ay humihingi sa iyo ng Paraiso at nagpapakupkop sa iyo laban sa Apoy.)*"**(100)
3. **"Allāhumma innī dhalamtu nafsī dhulman kathīrā, wa lā yaghfiru -dhdhunūba illā anta, fa-ghfir lī maghfiratam min `indika wa -rḥamnī, innaka anta -lghafūru -rraḥīm. *(O Allāh, tunay na ako ay lumabag sa katarungan sa sarili ko nang maraming paglabag at walang nagpapatawad sa mga pagkakasala kundi Ikaw kaya magpatawad ka sa akin ng isang kapatawarang mula sa Iyo at kaawaan Mo ako; tunay na Ikaw ay ang Mapagpatawad, ang Maawain.)*"**(101)
4. **"Allāhumma a`innī `alā dhikrika wa shukrika wa ḥusni `ibādatik. *(O Allāh, tulungan Mo ako sa pag-aalaala sa Iyo, pagpapasalamat sa Iyo, atpagpapahusay sa pagsamba sa Iyo.)*"**(102)

(98) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 588. Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 832.
(99) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 832. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 589.
(100) Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud na may numerong 792. Itinuring ni Al-Albānīy na tumpak ang kawing ng pananalaysay nito, Ṣaḥīḥ Abī Dāwud 3/377.
(101) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 6326. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2705.
(102) Isinaysay ito nina Imām Aḥmad na may numerong 22119, Imām Abū Dāwud na may numerong 1522, at Imām An-Nasā'īy na may numerong 1304. Itinuring na tumpak ito ni Al-Albānīy, Ṣaḥīḥ Al-Jāmi` 2/1320.

5 **“Allāhumma innī a`ūdhu bika mina -lbukhli wa a`ūdhu bika mina -ljubni, wa a`ūdhu bika min an urradda ilā ardhali -l`umri, wa a`ūdhu bika min fitnati -ddunyā wa min `adhābi -lqabri.** ***(O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa karamutan, nagpapakupkop sa Iyo laban sa karuwagan, nagpapakupkop sa Iyo na hindi ako umabot sa pinakahamak na gulang, at nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa tukso ng Mundo at laban sa pasakitnglibingan.)*****”**(103)

6 **“Allāhumma ḥasibnī ḥisāban yasīrā.** ***(O Allāh, tuusin Mo ako nang pagtutuos na madali.)*****”**(104)

Pagkatapos ay magsasabi ng As-Salāmu `alaykum habang lumilingon. Ang paglingon niya sa ṣalāh [sa taslīm] ay sunnah. Ang pagpapalabis sa paglingon ay sunnah din. Iyon ay dahil sa ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay lumilingon noon hanggang sa nakikita ng nasa likuran niya ang kaputian ng pisngi niya – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan. Ayon kay Sa`d bin Abī Waqqāṣ – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: “Nakikita ko noon ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – na nagsasabi ng As-Salāmu `alaykum sa kanan niya at sa kaliwa niya, hanggang sa nakikita ko ang kaputian ng pisngi niya.”(105)

## 8 Ang mga Dhikr na Itinatagubilin Matapos ang Taslīm ng Ṣalāh na Isinatungkulin ay Sunnah.

Nagsabi si Imām An-Nawawīy – kaawaan siya ni Allāh: “Nagkaisa ang hatol ng mga pantas sa pagtuturing na kaibig-ibig ang dhikr matapos ang ṣalāh.”(106)

Itinuturing na kaibig-ibig ang pagtataas ng tinig sa dhikr na ito batay sa ḥadīth ayon kay Ibnu `Abbās – malugod si Allāh sa kanilang dalawa: “Na ang pagtataas ng tinig sa pagsambit ng dhikr kapag natatapos ang mga tao sa isinatungkuling ṣalāh ay noong panahon ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh atpangalagaan.”(107)

(103) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 6370.
(104) Isinaysay ito ni Imām Aḥmad na may numerong 24215. Itinuring na tumpak ito ni Al-Albānīy, Taḥqīq Mishkāh Al-Maṣābīḥ 3/1544.
(105) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 582.
(106) Tingnan: Al-Adhkār, p. 66.
(107) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 841. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 583.

## Ang mga dhikr:

1. Magsasabi ng **“Astaghfiru –llāḥ** ***(Humihingi ako ng tawad kay Allāh)”*** nang tatlong ulit. Pagkatapos ay magsasabi ng **“Allāhumma anta -ssalāmu wa minka -ssalām, tabārakta yā dha -ljalāli wa -l’ikrām.** ***(O Allāh, Ikaw ang Sakdal***(108) ***at mula sa Iyo ang kapayapaan. Napakamapagpala Mo, o pinag-uukulan ng pagpipitagan at pagpaparangal.)”***(109)

2. **“Lā ilāha illa -llāh waḥdahu lā sharīka lah, lahu -lmulku wa lahu -lḥamdu wa huwa `alā kulli shay’in qadīr. lā ḥawla wa lā qūwata illā bi-llāh, lā ilāha illa -llāh, wa lā na`budu illā iyyāh, lahu -nni`matu wa lahu -lfaḍlu wa lahu -ththanā’u -lḥasan, lā ilāha illa -llāhu mukhliṣīna lahu -ddīna wa law kariha -lkāfirūn.** ***(Walang Diyos kundi si Allāh — tanging Siya: wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan. Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allāh. Walang Diyos kundi si Allāh, at wala tayong sinasamba kundi Siya. Ukol sa Kanya ang pagbibiyaya at ukol sa Kanya ang pagmamabuting-loob at ukol sa Kanya ang magandang pagbubunyi. Walang Diyos kundi si Allāh. [Kami ay] mga nagpapakawagas sa Kanya sa pagtalima, kahit pa man masuklam ang mga tumatangging sumampalataya.)”***(110)

3. **“Lā ilāha illa -llāh waḥdahu lā sharīka lah, lahu -lmulku wa lahu -lḥamdu wa huwa `alā kulli shay’in qadīr. Allāhumma lā māni`a limā a`ṭayta, wa lā mu`ṭiya limā mana`ta, wa lā yanfa`u dha-ljaddi minka -ljadd.** ***(Walang Diyos kundi si Allāh — tanging Siya: wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan. O Allāh, walang pipigil sa anumang ibinigay Mo, walang magbibigay sa anumang pinigil Mo, at hindi pakikinabangin ang may yaman: mulasaiyonangyaman.)”***(111)

4. Pagkatapos ay sasabihin ang tasbīḥ na nasasaad. Mayroon itong ilang anyo:

(108) Walang kapintasan, walang kakulangan.

(109) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 591 mula sa ḥadīth ayon kay Thawbān – malugod si Allāh sa kanya.

(110) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 596.

(111) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 844. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 593.

**Una:** **"Subḥāna -llāh** ***(Napakamaluwalhati ni Allāh)***" 33 ulit, **"Alḥamdu lillāh** ***(Ang papuri ay ukol kay Allāh)"*** 33 ulit, **"Allāhu akbar** ***(Si Allāh ay pinakadakila)"*** 33 ulit, at sa paglulubos sa isandaan: **"Lā ilāha illa llāhu waḥdahu lā sharīka lah, lahu lmulku wa lahu lḥamd, wa huwa `alā kulli shay'in qadīr.** ***(Walang Diyos kundi si Allāh – tanging Siya: wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan.)***"

Batay sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah - malugod si Allāh sa kanya –na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***"Ang sinumang nagluwalhati kay Allāh sa katapusan ng bawat ṣalāh nang tatlumpu't tatlong ulit, nagpuri kay Allāh nang tatlumpu't tatlong ulit, at nagdakila kay Allāh nang tatlumpu't tatlong ulit – iyon na siyamnapu't siyam – at nagsabi sa paglulubos ng isandaan: Walang Diyos kundi si Allāh – tanging Siya: wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan, patatawarin ang mga kamalian niya kahit pa man tulad ng mga bula ng dagat."***(112).

**Ikalawa:** **"Subḥāna -llāh** ***(Napakamaluwalhati ni Allāh)***" 33 ulit, **"Alḥamdu lillāh** ***(Ang papuri ay ukol kay Allāh)"*** 33 ulit, **"Allāhu akbar** ***(Si Allāh ay pinakadakila)"*** 34 ulit, batay sa ḥadīth ayon kay Ka`b bin `Ujrah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: **"May mga inuulit-ulit na hindi mabibigo ang nagsasabi ng mga ito o nagsasagawa ng mga ito sa katapusan ng bawat ṣalāh na isinatungkulin: tatlumpu't tatlong pagluluwalhati, tatlumpu't tatlong pagpupuri, at tatlumpu't apat na pagdakila."**(113)

**Ikatlo:** **"Subḥāna -llāh** ***(Napakamaluwalhati ni Allāh)***" 25 ulit, **"Alḥamdu lillāh** ***(Ang papuri ay ukol kay Allāh)"*** 25 ulit, **"Allāhu akbar** ***(Si Allāh ay pinakadakila)"*** 25 ulit.

Ang anyong ito ay nasaad sa ganang kay Imām At-Tirmidhīy mula sa ḥadīth ayon kay `Abdullāh bin Zayd – malugod si Allāh sa kanya.(114)

**Ikaapat:** **"Subḥāna -llāh** ***(Napakamaluwalhati ni Allāh)***" 10 ulit, **"Alḥamdu lillāh** ***(Ang papuri ay ukol kay Allāh)"*** 10 ulit, **"Allāhu akbar** ***(Si Allāh ay pinakadakila)"*** 10 ulit

(112) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 597.
(113) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 596.
(114) Isinaysay ito ni Imām At-Tirmidhīy na may numerong 3413 at itinuring na tumpak ito ni Al-Albānīy, Taḥqīq Mishkāh Al-Maṣābīḥ 1/307.



Ang anyong ito ay nasaad sa ganang kay Imām At-Tirmidhīy mula sa ḥadīth ayon kay `Abdullāh bin `Amr – malugod si Allāh sa kanya.(115)

Nauna nang nabanggit ang patakaran sa mga pagsambang nasasaad ayon sa sari-saring mga anyo: gagawin ang isang anyo minsan at ang iba pang anyo minsan.

Ang sunnah ay maging sa pamamagitan ng mga daliri ang tasbīḥ batay sa isinaysay nina Imām Aḥmad at Imām At-Tirmidhīy. Nagsabi ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***"…magluwalhati kayo, at bilangin ninyo gamit ang mga daliri, sapagkat ang mga ito ay mga tatanungin at mgapagsasalitaan."***(116)

**ikalimang:** Ang pagbigkas ng Āyatulkursīy (Qur'ān 2:255).

Batay sa ḥadīth ayon kay Abū Umāmah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***"Ang sinumang bumigkas ng Āyatulkursīy pagkatapos ng bawat ṣalāh na isinatungkulin, walang makapipigil sa kanya sa pagpasok sa Paraiso kundi angkamatayan."***(117)

---

(115) Isinaysay ito ni Imām At-Tirmidhīy na may numerong 3410 at itinuring na tumpak ito ni Al-Albānīy, Taḥqīq Mishkāh Al-Maṣābīḥ 2/743.

(116) Isinaysay ito nina Imām Aḥmad na may numerong 27089 at Imām At-Tirmidhīy na may numerong 3486. Itinuring na maganda ito ni Al-Albānīy, Ṣaḥīḥ Al-Jāmi` 2/753.

(117) Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'īy sa As-Sunan Al-Kubrā na may numerong 9928 at itinuring na tumpak ito nina Al-Mundhirīy sa aklat niya: At-Targhīb wa At-Tarhīb na may numerong 2373; Ibnu `Abdilhādī, Al-Muḥarrir 1/198; at Ibnu Al-Qayyim, Zād Al-Ma`ād 1/303.

**VI: Ang pagbigkas ng mu`awwidhatayn ang Sūrah 113 at Sūrah 114.**

Batay sa ḥadīth ayon kay `Uqbah bin `Āmir – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "na bumigkas ako ng mga mu`awwidhah pagkatapos ngbawatṣalāh."(118)


Ito ay kabuuan ng mga sunnah ng ṣalāh na itinuturing na kaibig-ibig para sa nagdarasal na isagawa niya ang mga ito. Nasa oras pa rin tayo ng fajr at inilahad lamang natin dahil sa nauna at dahil sa pangangailangan natin na isaisip ito sa bawat posisyon ng ṣalāh. Si Allāh ay higit na nakaaalam.

## 9 Bahagi ng Sunnah na Maupo Pagkatapos ng Fajr sa Dasalan Hanggang sa Sumikat ang Araw.

Ayon kay Jābir bin Samurah – malugod si Allāh sa kanya: "Ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – kapag nagdasal siya noon ng fajr ay nauupo sa dasalan niya hanggang sa sumikat ang araw nang maigi."(119)

(118) Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud na may numerong 1525. Nagsabi si Al-Albānīy: "Sinabi ko na ang kawing ng pananalaysay nito ay tumpak." Itinuring na tumpak ito nina Ibnu Khuzaymah at Ibnu Ḥibbān, Ṣaḥīḥ Abī Dāwud 5/254.

(119) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 670. Ang "nang maigi" ay nangangahulugang: "nang mataas."



◆ Nagsabi ang Sugo – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "May pitong lililiman ni Allāh sa lilim Niya sa Araw na walang lilim maliban sa lilim Niya:…lalaking ang puso nito ay nahuhumaling sa mga masjid."

## Mga Dhikr sa Umaga



Ang oras ng mga dhikr sa umaga ay nagsisimula mula sa pagsikat ng madaling-araw. Kapag nagsagawa ng adhān ang mu`adhdin para sa ṣalāh sa fajr, nagsisimula na ang oras ng dhikr sa umaga. Walang duda na ang mga dhikr ay isang matatag na muog para sa tao sa Mundo at isang dakilang kayamanan para sa kanya. Darating ang pagtatalakay sa oras ng mga dhikr sa umaga at gabi sa simula at sa wakas, sa mga paksa ng oras ng `aṣr – ayon sa kapahintulutan ni Allāh, pagkataas-taas Niya.

### Ang mga Dhikr sa Umaga at Gabi:

1. ***"Ang sinumang magsabi ng* Lā ilāha illa llāhu waḥdahu lā sharīka lah, lahu lmulku wa lahu lḥamd, wa huwa `alā kulli shay'in qadīr. *(Walang Diyos kundi si Allāh — tanging Siya: wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan.), ang sinumang magsabi nito nang sampung ulit kapag nag-umaga, magsusulat para sa kanya dahil dito ng isandaang magandang gawa at bubura para sa kanya dahil ng isandaang masagwang gawa. Magkakaroon***

***siya ng gantimpalang katumbas ng pagpapalaya ng isang alipin. Pangangalagaan siya dahil dito sa araw na iyon hanggan sa gumabi. Ang sinumang magsabi ng tulad niyon kapag gumabi, siya magkakamit ng tulad niyon."***[1]

2. **"Amsaynā wa amsa -lmulku lillāhi, wa -lḥamdu lillāh lā ilāha illa -llāh, waḥdahu lā sharīka lah, lahu -lmulku wa lahu -lḥamd, yuḥyī wa yumīt, wa huwa `alā kulli shay'in qadīr; Allāhumma innī as'aluka min khayri mā fī hādhihi llaylati wa khayri mā fīhā, wa a`ūdhu bika min sharri mā fi hādhihi llaylati wa sharri mā fīhā; Allāhumma innī a`ūdhu bika mina -lkasli wa -lharami wa sū'i -lkibar wa fitnati -ddunyā wa `adhābin fi -lqabr. (*Ginabi kami at sa gabi ang paghahari ay ukol kay Allāh. Ang papuri ay ukol kay Allāh. Walang Diyos kundi si Allāh – tanging Siya: wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Nagbibigay Siya ng buhay at bumabawi Siya ng buhay. Siya sa lahat ng bagay ay Makapangyarihan. O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng mabuti sa gabing ito at ng mabuti sa sandaling ito, at nagpapakupkop sa Iyo laban masasama rito at sa masama sa sandaling ito. O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa katamaran, sa pag-uulyanin, sa kasagwaan ng katandaan, sa tukso ng Mundo, at sa pagdurusa sa libingan.) Kapag nag-umaga, sasabihin [ang tulad] niyon din:* Aṣbaḥnā wa aṣbaḥa -lmulku lillāhi,…as'aluka khayra mā fī hādha lyawmi wa khayri mā ba`dah, wa a`ūdhu bika min sharri mā fi hādhihi llaylati wa sharri mā fīhā…. (*Inumaga kami at sa umaga ang paghahari ay ukol kay Allāh….humihiling sa Iyo ng mabuti sa araw na ito at mabuti pagkatapos nito, at nagpapakupkop sa Iyo laban masasama sa araw na ito at sa masama pagkatapos nito.*)"**[2]

3. Ang panginoon ng paghingi ng tawad: **"Allāhumma anta rabbī, lā ilāha illā anta, khalaqtanī wa anā `abduka, wa anā `alā `ahdika wa wa`dika ma-staṯa`tu, a`ūdhu bika min sharri mā ṣana`tu, abū'u laka bini`matika `alayya, wa abū'u laka bidhambī, fa-ghfir lī fa'innahū lā yaghfiru -dhdhunūba illā anta.** ***(O Allāh, Ikaw ang Panginoon ko. Walang Diyos kundi Ikaw. Nilikha Mo ako at ako ay alipin Mo. Ako ay nasa ilalim ng kasunduan sa Iyo at pangako sa Iyo hanggang sa abot ng makakaya ko. Nagpapakupkop ako sa***

---

(1) Isinaysay ito ni Imām Aḥmad na may numerong 8719 mula sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya. Itinuring ni Ibnu Bāz – kaawaan siya ni Allāh – na maganda ang kawing ng pananalaysay nito.

(2) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2723, mula sa ḥadīth ayon kay Ibnu Mas`ūd – malugod si Allāh sa kanya.

***Iyo laban sa masama sa nagawa ko. Kinikilala ko sa Iyo ang biyaya Mo sa akin. Kinikilala ko sa Iyo ang kasalanan ko kaya patawarin Mo ako sapagkat walang nagpapatawad sa mga pagkakasala kundi Ikaw.)"*** Nagsabi ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***"Ang sinumang nagsabi nito sa maghapon habang nakatitiyak dito at namatay sa araw niya bago gumabi, siya ay kabilang sa mga maninirahan sa Paraiso. Ang sinumang nagsabi nito sa gabi habang siya ay nakatitiyak dito at namatay bago nag-umaga, siya ay kabilang sa mga maninirahan sa Paraiso."***(3)

4. "***Kapag inumaga ang isa sa inyo, sabihin niya:*** **Allāhumma bika aṣbaḥnā, wa bika amsaynā, wa bika naḥyā, wa bika namūt, wa ilayka -nnushūr.** (***O Allāh, sa pamamagitan Mo ay inumaga kami, sa pamamagitan Mo ay ginabi kami, sa pamamagitan Mo ay nabubuhay kami, sa pamamagitan Mo ay mamamatay kami, at patungo sa Iyo ang pagkabuhay.***) ***Kapag ginabi, sabihin niya:*** **Allāhumma bika amsaynā, wa bika aṣbaḥnā, wa bika** naḥyā, **wa bika namūt, wa ilayka -lmaṣīr.** (***O Allāh, sa pamamagitan Mo ay ginabi kami, sa pamamagitan Mo ay inumaga kami, sa pamamagitan Mo ay nabubuhay kami, sa pamamagitan Mo ay mamamatay kami, at patungo sa Iyo ang hantungan.***)"(4)

5. **"Allāhumma `ālima -lghaybi wa -shshahādati fāṭira -ssamāwāti wa -l'arḍi, rabba kulla shay'in wa malīkahu, ashhadu an lā ilāha illā anta, a`ūdhu bika min sharri nafsī, wa min sharri -shshayṭāni wa shirkihi, wa an aqtarifa `alā nafsī sū'an aw ajurrahu ilā muslim.** ***(O Allāh, ang Nakaaalam sa Nakalingid at Nasasaksihan, ang Tagapaglalang ng mga langit at lupa, Panginoon ng bawat bagay at Tagapagmay-ari nito, sumasaksi ako na walang Diyos kundi Ikaw, nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa kasamaan ng sarili ko, laban sa kasamaan ng Demonyo at pagtatambal nito, at [laban sa] paggawa ko sa sarili ko ng isang kasagwaan o pagdulot niyon sa isang Muslim.)"*** Nagsabi ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***"Sabihin mo ito kapag inumaga ka, kapag ginabi ka, at kapag matutulog ka sa higaan mo."***(5)

---

(3) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 6306.

(4) Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud na may numerong 5068. Isinaysay ito ni Imām At-Tirmidhīy na may numerong 3391. Isinaysay ito nina Imām An-Nasā'īy sa As-Sunan Al-Kubrā na may numerong 9836 ay Imām Ibnu Mājah na may numerong 3868 mula sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya. Itinuring na tumpak ang kawing ng pananalaysay nito ni Ibnu Bāz – kaawaan siya ni Allāh.

(5) Isinaysay ito ni Imām Aḥmad na may numerong 6597. Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud na may numerong 5076. Isinaysay ito ni Imām At-Tirmidhīy na may numerong 3529. Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'īy na may numerong 7699 at itinuring na tumpak ang kawing ng pananalaysay nito ni Ibnu Bāz – kaawaan siya ni Allāh.

6 **“Walang taong nagsasabi sa umaga sa bawat araw at sa gabi bawat gabi ng Bismi -llāhi -lladhī lā yaḍurru ma`a -smihi shay’un fi -l’arḍi wa lā fi -ssamā’i, wa huwa -ssamī`u -l`alīm. *(Sa ngalan ni Allāh na walang makapipinsala sa pangalan Niya na anumang bagay sa lupa ni sa langit at Siya ay ang Nakaririnig, ang Nakaaalam) nang tatlong ulit, hindi siya pipinsalain ng anuman.)”*[6]**

7 **“Walang taong Muslim na nagsasabi kapag nag-umaga at kapag gumabi nang tatlong ulit na: Raḍītu bi-llāhi rabban, wa bi-l’islāmi dīnan, wa bimuḥammadin ṣalla -llāhu `alayhi wa sallama nabīyā. *(Nalugod ako kay Allāh bilang Panginoon, sa Islām bilang Relihiyon, at kay Muḥammad – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – bilang Propeta) malibang magiging karapatan nito kay Allāh na kalugdan Nito ito sa Araw ng Pagkabuhay.)”*[7]**

8 “Hindi nangyaring ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nag-iwan ng mga panalanging ito kapag inumaga siya at kapag ginabi siya: **Allāhumma innī as’aluka -l`afwa wa -l`āfiyata fi -ddunyā wa -l’ākhirah, Allāhumma innī as’aluka -l`afwa wa -l`āfiyata fī dīnī wa dunyāya wa ahlī wa mālī, Allāhumma-stur `awrātī wa āmin raw`ātī, Allāhumma -ḥfidhnī mim bayna yadayya wa min khalfī wa `an yamīnī wa `an shimālī wa min fawqī, wa a`ūdhu bi`adhamatika an ughtāla min taḥtī. *(O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng paumanhin at kagalingan sa Mundo at Kabilang-buhay. O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng paumanhin at kagalingan sa relihiyon ko, pangmundong buhay ko, mag-anak ko, at ari-arian ko. O Allāh, pagtakpan Mo ang mga kahihiyan ko at patiwasayin Mo ang mga pangingilabot ko. O Allāh, pangalagaan Mo ako mula sa harapan ko at sa likuran ko, sa dakong kanan ko at sa dakong kaliwa ko, at sa itaas ko. Nagpapakupkop ako sa kadakilaan Mo upang hindi ako lamunin mula sa ilalim ko.)”*[8]**

(6) Isinaysay ito ni Imām Aḥmad na may numerong 446. Isinaysay ito ni Imām At-Tirmidhīy na may numerong 10179. Isinaysay ito ni Imām Ibnu Mājah na may numerong 3869 mula sa ḥadīth ayon kay `Uthmān bin `Affān – malugod si Allāh sa kanya. Nagsabi si Ibnu Bāz – kaawaan siya ni Allāh: “Nagsabi si At-Tirmidhīy: ‘magandang tumpak,’ at ito ay gaya ng sinabi niya – kaawaan siya ni Allāh.”

(7) Isinaysay ito nina Imām Aḥmad na may numerong 3389 at Imām Ibnu Mājah na may numerong 3870. Itinuring na maganda ang kawing ng pananalaysay nito ni Ibnu Bāz – kaawaan siya ni Allāh.

(8) Isinalaysay ito ni Imām Aḥmad sa Al-Musnad na may numerong 4785. Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud na may numerong 5074. Isinaysay ito ni Imām An-Nasā’īy – Al-Kubrā – na may numerong 10401. Isinaysay ito ni Imām Ibnu Mājah na may numerong 3871. Itinuring na tumpak ito ni Al-Ḥākim.

9 **"A`ūdhu bikalimāti -llāhi -ttāmmāti min sharri mā khalaq. *(Nagpapakupkop ako sa mga ganap na salita ni Allāh laban sa masama sa nilikha Niya.)*"**[(9)]

10 "Ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – kapag nag-umaga noon ay nagsasabi: **Aṣbaḥnā `alā fiṭrati -l'islāmi wa kalimati l'ikhlāṣi wa dīni nabīyinā muḥammadin ṣalla llāhu `alayhi wa sallama wa millati abīnā ibrāhīma ḥanīfam musliman wa mā kāna mina -lmushrikīn. *(Inumaga kami sa kalikasan ng Islām, salita ng pagpakawagas, Relihiyon ng Propeta naming si Muḥammad – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – at sa kapaniwalaan ng ama nating si Abraham bilang makatotoo at hindi siya naging kabilang sa mga nagtatambal [kay Allāh].)*"**[(10)]

Ang lahat ng naunang nabanggit ay nasa isang akda ni Shaykh Ibnu Bāz – kaawaan siya ni Allāh – na ang pamagat ay Tuḥfah al-Akhyār bi-Bayān Jumlah Nāfi`ah Mimmā Warad fI al-Kitāb wa as-Sunnah min al-Ad`iyah wa al-Adhkār.

11 **"Yā ḥayyu, yā qayyūmu, biraḥmatika astaghīthu aṣliḥ lī sha'nī kullahu wa la takilnī ilā nafsī ṭurfata `ayn. *(O Buháy, o Tagapagpanatili, sa pamamagitan ng awa Mo ay nagpapasaklolo ako: ituwid Mo para sa akin ang lahat ng kapakanan ko at huwag Mo akong ipaubaya sa sarili ko [kahit] sa isang kisap ng mata.)*"**[(11)]

12 **"Ḥasbiya -llāhu lā ilāha illā huwa; `alayhi tawakkaltu: wa huwa rabbu -l`arshi -l`adhīm *(Sapat sa akin si Allāh. Walang Diyos kundi Siya; sa Kanya ako nanalig at Siya ang Panginoon ng tronong sukdulan sa laki) nang pitong, sasapat sa kanya si Allāh sa bumabagabag sa kanya."***[(12)]

---

(9) Isinaysay ito nina Imām Aḥmad na may numerong 7898 at Imām At-Tirmidhīy na may numerong 3437 mula sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya. Itinuring ni Ibnu Bāz – kaawaan siya ni Allāh – na maganda ang kawing pananalaysay nito.

(10) Isinaysay ito ni Imām Aḥmad na may numerong 21144, 15367. Kapag gumabi at nagsasabi siya: "Amsaynā `alā fiṭrati –l'islā…" Mula ito sa ḥadīth ayon kay `Abdurraḥmān bin Abzā – malugod si Allāh sa kanya – at itinuring na tumpak ang kawing ng pananalaysay nito ni Ibnu Bāz – kaawaan siya ni Allāh.

(11) Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'īy na may numerong 10405. Isinaysay ito ni Imām Al-Bazzār 2/282 mula sa ḥadīth ayon kay Anas – malugod si Allāh sa kanya – at itinuring na maganda ito nina Imām Ibnu Ḥijr at Al-Albānīy. Tingnan: Natā'ij al-Afkār, p. 177 at Silsilah al-Aḥādīth aṣ-Ṣaḥīḥah 1/449.

(12) Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud na may numerong 5081 mula sa ḥadīth ayon kay Abu Ad-Dardā' – malugod si Allāh sa kanya. Ang mga mananaysay nito ay mga mapagkakatiwalaan at mayroon itong hatol ng direktang pag-uugnay sa Propeta gaya ng nabanggit ni Al-Albānīy. Tingnan: As-Silsilah 11/449.



# Ikatlo: Ang Oras ng Ḍuḥā



Itinuturing na sunnah sa oras ng ḍuḥā na dadasalin ng tao ang ṣalāh sa ḍuḥā.

## Nagpapatunay rito:

1. Ang ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Tinagubilinan ako ng matalik na kaibigan ko – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – nang tatlo: pag-aayuno ng tatlong sa bawat buwan, dalawang rak`ah ng ṣalāh sa ḍuḥā, na magdasal ako ng witr bago ako matulog." Itinagubilin din ang mga ito ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – kay Abu Ad-Dardā' – malugod si Allāh sa kanya.(1) Itinagubilin din ang mga ito ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – kay Abu Dharr – malugod si Allāh sa kanya.(2)
2. Ang ḥadīth ayon kay Abū Dharr – malugod si Allāh sa kanya – ayon sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan na siya ay nagsabi: "Sa umaga, tungkulin ng bawat kasukasuan ng isa sa inyo

(1) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 722.
(2) Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'iy sa as-Sunan al-Kubrā na may numerong 7212. Itinuring na tumpak ito ni Al-Albānīy, Aṣ-Ṣaḥīḥah 2166.

> [na magbigay ng] kawanggawa. Kaya sa bawat tasbīḥah[3] ay may kawanggawa, bawat taḥmīdah[4] ay may kawanggawa, bawat tahlīlah[5] ay may kawanggawa, bawat takbīrah[6] may kawanggawa, [bawat] pag-uutos ng nakabubuti ay may kawanggawa, [bawat] pagsaway sa nakasasama ay may kawanggawa. Naitutumbas doon ang dalawang rak`ah na dinadasal bago tumanghali."[7]

Ang kasukasuan ay ang pinagdudugtungan ng dalawang buto.

Nasaad sa Ṣaḥīḥ Muslim mula sa ḥadīth ayon kay `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya – ang isang paglilinaw na ang bawat tao ay nilikha na may tatlong daan at animnapung pinaghiwalayan ng mga buto at na ang sinumang makagawa ng bilang na ito ng mga kawanggawa, tunay na siya ay maglalakad sa araw na iyon samantalang naalis na niya ang sarili niya sa apoy ng Impiyerno.

### Ang oras nito:

Nagsisimula ang oras ng ṣalāh sa ḍuḥā mula sa pagkaangat ng araw nang gadangkal. Ibig sabihin: Matapos ang oras ng pagbabawal magdasal pagkasikat ng araw.

Nagtatapos ito sa tanghaling tapat. Ibig sabihin bago sumapit ang oras ng dhuhr nang mga sampung minuto.

**Nagpapatunay rito:** Ang ḥadīth ayon kay `Abasah – malugod si Allāh sa kanya: ***"Dasalin mo ang dasal sa madaling-araw. Pagkatapos ay tumigil ka sa pagdarasal kapag sumisikat ang araw hanggang sa tumaas ito…. Pagkatapos ay magdasal ka sapagkat tunay na ang dasal ay sinasaksihan at dinadaluhan hanggang sa pumantay ang anino sa sibat. Pagkatapos ay tumigil ka sa pagdarasal sapagkat tunay na sa sandaling iyon pinaiinit ang Impiyerno."***[8]

### Ang pinakamainam na oras nito

ay sa huling bahagi ng oras nito at iyon ay kapag naiinitan na ang mga inawat na kamelyo.

---

(3) Pagsabi ng Subḥana –llāh (Napakamaluwalhati ni Allāh).
(4) Pagsabi ng Alḥamdu lillāh (Ang papuri ay ukol kay Allāh).
(5) Pagsabi ng Lā ilāha illa –llāh (Walang diyos kundi si Allāh).
(6) Pagsabi ng Allāh akbar (Si Allāh ay pinakadakila).
(7) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 720.
(8) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 832.

**Nagpapatunay rito:** Ang ḥadīth ayon kay Zayb bin Arqam – malugod si Allāh sa kanya – ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi: ***"Ang dasal ng mga nagbabalik-loob ay kapag naiinitan na ang mga inawat na kamelyo."***(9)

Nagsabi si Ibnu Bāz – kaawaan siya ni Allāh: "Ang kahulugan ng naiinitan ay tumitindi ang init ng araw…ito ay kabilang sa mga dasal na ang pagsasagawa nito sa huling bahagi ng oras ay higit na mainam."(10)

## Ang bilang ng mga rak`ah nito:

Ang pinakakaunting bilang ng rak`ah ng ṣalāh sa ḍuḥā ay dalawang rak`ah batay sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah - malugod si Allāh sa kanya – na nasaad sa Ṣaḥīḥayn: "Tinagubilinan ako ng matalik na kaibigan ko ng tatlo… dalawang rak`ah sa [ṣalāh sa] ḍūḥā."(11)

Tungkol naman sa pinakamaraming bilang ng rak`ah ng ṣalāh sa ḍuḥā, ang tumpak: tunay na ito ay walang takda sa pinakamaraming rak`ah nito, na salungat sa sinumang nagtatakda rito sa walong rak`ah. Kaya naman maaari niyang dagdagan ang walong rak`ah hanggang sa kung ilan ang nanaisin ni Allāh – pagkataas-taas Niya – sa kanya batay sa ḥadīth ayon kay `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagdarasal sa ḍuḥā ng apat na rak`ah at dinadagdagan niya ng niloloob ni Allāh."(12)



Dahil sa bigat ng kalamangan ng ṣalāh sa ḍuḥā, ito ay naging habilin niya – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – sa mga Kasamahan Niya.

(9) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 748.
(10) Tingnan: Fatāwā Islāmīyah 1/515.
(11) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 1981. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 721.
(12) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 719.

## Ikaapat: Ang Oras ng Dhuhr



**Hinggil dito ay may apat na usapin:**

**Unang Usapin:** Ang Pagdarasal ng Sunnah ng Dhuhr Bago at Matapos ang Dhuhr.

Naunang nabanggit sa pagtatalakay sa mga sunnah rātibah na itinatagubilin na magdasal ng apat na rak`ah bago ang ṣalāh sa dhuhr at na itinatagubilin din na magdasal ng dalawang rak`ah matapos nito, gaya ng ipinahihiwatig hinggil doon ng ḥadīth ayon kina `Ā'ishah, Umm Ḥabībah, at Ibnu `Umar – malugod si Allāh sa kanilang lahat.

**Ikalawang Usapin:** Bahagi ng Sunnah ang Pagpapahaba sa Unang rak`ah sa Ṣalāh sa Dhuhr.

Batay sa ḥadīth ayon kay Abū Sa`īd Al-Khudrīy – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Talaga ngang ang ṣalāh sa dhuhr ay pinagsasagawaan ng iqāmah at makapupunta ang papunta sa Al-Baqī` at tugunin nito ang tawag ng



kalikasan nito. Pagkatapos ay magsasagawa ito ng wuḍū’. Pagkatapos ay pupunta ito samantalang ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nasa unang rak`ah, na kabilang sa pinahahaba niya.”[1]

Alinsunod dito, tunay na bahagi ng sunnah para sa imam na pahabain ang unang rak`ah ng dhuhr, gayon din sa sinumang nagdasal nang mag-isa, at gayon din ang babae sa ṣalāh niya para sa dhuhr. Ito ay kabilang sa mga sunnah na naglalaho. Hinihiling natin kay Allāh – pagkataas-taas Niya – ang pagpapatupad sa sunnah sa anyong pinakaganap at ang pagsisigasig dito.

**Ikatlong Usapin:** Sa sandali ng tindi ng init, itinuturing na sunnah na ipahuli ang ṣalāh sa dhuhr hanggang sa humina ang init.

**Nagpapatunay rito:**

Ang ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya: ***“Kapag tumindi ang init, magpalamig-lamig kayo bago magdasal sapagkat tunay na ang tindi ng init ay mula sa buga ng Impiyerno.”***[2]

Nagsabi ang Shaykh nating si Ibnu `Uthaymīn – kaawaan siya ni Allāh: “Kaya kapag tinaya natin, halimbawa, na ang araw sa mga araw ng taglamig ay sumasapit sa katanghaliang-tapat sa 12:00 at ang `aṣr ay sa mga 4:30, ang pagpapalamig-lamig ay magiging sa bandang 4:00.”[3]


Ang pagpapalamig-lamig ay sumasaklaw sa sinumang nagdarasal sa konggregasyon o sa sinumang nagdarasal nang mag-isa ayon sa tumpak na hatol. Pinili ito ng Shaykh nating si Ibnu `Uthaymīn – kaawaan siya ni Allāh. Alinsunod dito napabibilang doon ang mga babae rin kaya itinuturing na sunnah para sa kanila na magpalamig-lamig sa sandali ng tindi ng init batay sa pagkapanlahat ng ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya.

---

(1) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 454.

(2) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 533, 534. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 615.

(3) Tingnan: Al-Mumti` 2/104.



◆ Nagsabi ang Sugo – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: “Ang ṣalāh ay liwanag.” Ito ay liwanag para sa iyo sa Mundo at Kabilang-buhay.

# Ikalima: Ang Oras ng `Aṣr



Nauna na ang pagtatalakay sa mga sunnah rātibah at ang paglilinaw rito. Bago ang ṣalāh sa `aṣr ay walang anumang ṣalāh na sunnah.

Nagsabi si Shaykh Al-Islām Ibnu Taymiyah – kaawaan siya ni Allāh: "Tungkol naman sa [ṣalāh] bago ang `aṣr, walang nagsabing isa man na ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagdarasal noon [ng sunnah] bago ang `aṣr, maliban sa [sanaysay na] may kahinaan, bagkus ay kamalian."(1)

***Ang tama – si Allāh ay higit na nakaaalam*** – ay hindi itinuturing na sunnah ang takdang sunnah na ṣalah bago ang [ṣalāh sa] `aṣr. Nanatili lamang ang ṣalah [na ito] na malayang maisasagawa. Kaya naman ang sinumang nagnanais na magdasal ng dalawang rak`ah o higit pa roon bilang lubos na kusang-loob gaya ng pagdarasal niya sa ibang mga oras maliban pa sa mga araw ng pagbabawal [ng pagdarasal] ay nasa kanya na iyon. Ang anumang takdang ṣalāh bago ang `aṣr ay wala nito.

(1) Tingnan: Al-Fatāwā 23/125.

## Mga Dhikr sa Umaga at Gabi

**Kailan Nagsisimula ang Oras ng mga Dhikr sa Umaga at Gabi?**

### Oras ng mga Dhikr sa Umaga:

Nagsisimula ito mula sa pagsapit ng totoong madaling-araw, ang oras ng ṣalāh sa fajr. Kapag nagsagawa ng adhān ang mu’adhdhin para sa ṣalāh sa fajr, nagsimula na sandaling ito ang oras ng pagsambit ng mga dhikr sa umaga. Ito ang sabi ng kalahatan ng mga maalam, kaawaan sila ni Allāh.

### Oras ng mga Dhikr sa Gabi:

**Ang pinakahayag – si Allāh ay higit na nakaaalam:** Ito ay nagsisimula pagkatapos ng `aṣr hanggang sa paglubog ng araw. **Ipinahihintulot na sabihin ito pagkatapos ng maghrib.**



## Ikaanim: Ang Oras ng Maghrib



**Nagtaglay ito ng ilang usapin:**

- **Unang Usapin:** Kabilang sa Sunnah ang Pigilin sa Paglabas ang mga Bata sa Simula ng Maghrib.

- **Ikalawang Usapin:** Kabilang sa Sunnah ang Pagsasara ng mga Pinto sa Simula ng Maghrib at ang Pagsambit ng Pangalan ni Allāh – Pagkataas-taas Niya.

Sa pagsasagawa ng dalawang tuntunin ng kaasalang ito ay may pangangalaga laban sa demonyo at jinn. Sa pagpigil sa mga bata sa paglabas sa unang bahagi ng maghrib ay may pangangalaga sa kanila laban sa mga demonyong naglilipana sa oras na iyon. Gayon din sa pagsasara ng pintuan sa oras na ito at pagsambit sa pangalan ni Allāh – pagkataas-taas Niya – sa sandali ng pagsasara. Kay raming bata at bahay na napanaigan ng mga demonyo sa oras na ito. Kay laki ng pagkandili ng Islām sa mga bata nito at mga bahay nito!

**Nagpapatunay rito:**



Ang ḥadīth ayon kay Jābir bin `Abdillāh – malugod si Allāh sa kanilang dalawa – na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***"Kapag sumapit ang gabi – o sumapit kayo sa maagang bahagi ng gabi – pigilin ninyo ang mga paslit ninyo sapagkat tunay na ang mga demonyo ay naglilipana sa sandaling iyon. Kapag lumipas ang isang bahagi ng gabi, hayaan ninyo sila, isara ninyo ang mga pinto, at banggitin ninyo ang pangalan ni Allāh sapagkat tunay na ang demonyo ay hindi nagbubukas ng isang pintong nakasara."***(1)

Ang pagpigil sa mga paslit at ang pagsasara ng mga pinto sa simula ng maghrib ay bilang pagtuturing na kaibig-ibig.(2)

### Ikatlong Usapin: Ṣalāh na Dalawang Rak`ah Bago ang Maghrib

Batay sa ḥadīth ayon kay `Abdullāh bin Mughaffal Al-Muznīy – malugod si Allāh sa kanya – ayon sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – na nagsabi: "***Magdasal kayo bago ang ṣalāh sa maghrib,"*** at nagsabi siya sa ikatlo, ***"para sa sinumang nagnais"*** dahil sa pagkasuklam na gawin ito ng mga tao na sunnah."(3)

**Gayon din, Itinuturing na Sunnah ang Ṣalāh na Dalawang Rak`ah sa Pagitan ng Bawat Adhān at Iqāmah.**

Magkatulad lamang kung ang dalawang rak`ah na ito ay rātibah gaya ng sa fajr at dhuhr sapagkat tunay na makasasapat sa ṣalāh niya ang rātibah kapalit ng dalawang rak`ah na ito, o kung nakaupo sa masjid at nagsagawa ng adhān para sa ṣalāh sa `aṣr o `ishā' sapagkat tunay na bahagi ng sunnah na tumindig at magdasal ng dalawang rak`ah.

(1) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 3304. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2012.
(2) Tingnan: Fatāwā Al-Lujnah Ad-Dā'imah 26/317.
(3) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 1183.

**Nagpapatunay rito:**

Ang ḥadīth ayon kay `Abdullāh bin Mughaffal Al-Muzanīy – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allāh: ***"Sa pagitang ng dalawang panawagan ay may dasal." Inulit niya ito ng tatlong ulit. Nagsabi siya sa ikatlo: "Para sa sinumang nagnais."***[4]

Walang duda na ang dalawang rak`ah bago ang maghrib o sa pagitan ng bawat dalawang panawagan ay hindi binibigyang-diin gaya ng pagbibigay-diin sa mga sunnah rātibah. Hindi ito isinasagawa magkaminsan lamang. Dahil dito, nagsabi ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – sa ikatlo: ***"para sa sinumang nagnais"*** dahil sa pagkasuklam na gawin ito ng mga tao na sunnah.

### **Ikaapat na Usapin:** Kinasusuklaman ang Pagtulog Bago ang `Ishā'

Batay sa ḥadīth ayon kay Abū Barzah Al-Aslamīy – malugod si Allāh sa kanya – ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "Siya noon ay nagtuturing na kaibig-ibig na ipahuli ang `ishā'." Nagsabi ito: "Siya noon ay nasusuklam sa pagtulog bago nito at pag-uusap matapos nito."[5]

Ang kadahilanan sa pagkasuklam sa pagtulog sa oras ng maghrib ay nangangahulugang: Bago ang `ishā' dahil ang pagtulog ng tao ay isang dahilan sa pagkakaligta sa ṣalāh sa `ishā'.



◆ Ang pagbabalik-loob sa araw at gabi ay isang susi para sa tao. Nagdudulot ito ng pagtutumpak sa pagdulog niya kay Allāh – pagkataas-taas Niya. Nagsabi ang Sugo – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "Tunay na si Allah – kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan – ay nag-aabot ng kamay Niya sa gabi upang magbalik-loob ang gumagawa ng masagwa sa maghapon at nag-aabot ng kamay Niya sa maghapon upang magbalik-loob ang gumagawa ng masagwa sa gabi."

---

(4) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 624. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 838.
(5) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 599. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 647.

## Ikapito: Ang Oras ng `Ishā’



**Mayroon itong ilang usapin:**

**Unang Usapin:** Kinasusuklaman ang Pag-uusap at ang Pagtitipon Matapos nito.

Batay sa naunang ḥadīth ayon kay Abū Barzah Al-Aslamīy – malugod si Allāh sa kanya – at nasaad dito: “Siya noon ay nasusuklam sa pagtulog bago nito at pag-uusap matapos nito.” **Kung ang pag-uusap ay dahil sa pangangailangan, walang pagkasuklam doon.**

Ang dahilan ng pagkasuklam – si Allāh ay higit na nakaaalam: na ang tulog niya naaantala at nangangamba siya dahil doon na malampasan ang madaling-araw sa oras nito o sa simula nito o maiwaglit ang dasal sa gabi ng sinumang nasanay roon.

**Ikalawang Usapin:** Ang Pinakamainam sa Ṣalāh sa `Ishā’ ay Ipahuli ito Hanggat Walang Pahirap Doon sa mga Ma`mūm.


**Nagpapatunay rito:**

Ang ḥadīth ayon kay `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: Ipinahuli ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – [ang ṣalāh] isang gabi hanggang sa lumipas ang malaking bahagi ng gabi hanggang sa natulog ang mga tao ng masjid. Pagkatapos ay lumabas siya, nagdasal at nagsabi: ***"Tunay na ito ay talagang ang oras nito, kung sakaling hindi ako makapagpapahirap sa kalipunan ko."***(1)

Alinsunod dito, ang Sunnah sa panig ng babae, yamang tunay na siya ay hindi nauugnay sa kongregasyon, na antalain niya ang `ishā' kapag walang pahirap doon para sa kanya. Gayon din ang lalaki, kung hindi siya nakaugnay sa kongregasyon gaya ng kung siya ay nasa daan sa isang paglalakbay at tulad nito.

## Bahagi ng Sunnah ang pagbigkas ng Srahrah Al-Ikhlāṣ (Kabanata 112 ng Qur'an) sa bawat gabi.

Ayon kay Ab Ad Ad-Dardā ', ayon sa Propeta - pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan - na nagsabi: "Nanghihina ba ang isa sa inyo na bumigkas sa bawat gabi ng ikatlong bahagi ng Qur'ān?" Nagsabi sila: "Papaano binibigkas ang ikatlong bahagi ng Qur'ān?" Nagsabi siya: "Ang qul huwa -llāhu aḥad ... ay nakatutumbas sa ikatlong bahagi ng Qurān." (2)



(1) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 638.

(2) Isinaysay ito nina Imām Muslim (811) at Imām Al-Bukhārīy mula sa ḥadīth ayon kay Ab Sa Sa`īd - malugod si Allah sa kanya - (5015).

# Mga Sunnah sa Pagtulog

## Ang Pagtulog at Mayroon Itong Ilang Sunnah

### 1 Ang Pagsasara ng mga Pinto sa Pagtulog



Batay sa ḥadīth ayon kay Jābir – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***"Patayin ninyo ang mga ilawan kapag nahiga kayo, isara ninyo ang mga pinto, bigkisan ninyo ang mga inumang balat, at takpan ninyo ang pagkain at ang inumin."***[3]

Ang kadahilanan ng pag-uutos ng pagsasara ng mga pinto ay ang pagpigil sa mga demonyo sa pagpasok, gaya ng naunang nabanggit sa huling ḥadīth ayon kay Jābir – malugod si Allāh sa kanya:

"***at isara ninyo ang mga pinto, at banggitin ninyo ang pangalan ni Allāh sapagkat tunay na ang demonyo ay hindi nagbubukas ng isang pintong nakasara.***"[4]

### 2 Ang Pagpatay ng Apoy Bago Matulog



Batay sa naunang ḥadīth ayon kay Jābir – malugod si Allāh sa kanya – at nasaad dito: ***"Patayin ninyo ang mga ilawan kapag nahiga kayo,"***

Batay rin sa ḥadīth ayon kay Ibnu `Umar – malugod si Allāh sa kanilang dalawa: Nagsabi ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***"Huwag kayong mag-iwan ng apoy sa mga bahay ninyo kapag matutulog kayo."***[5]

Alinsunod dito sinusukat ang alinmang bagay na nagiging dahilan ng paghahatid ng sunog sa mga tao ng bahay. Kaya mag-iingat, halimbawa, sa mga bagay na nakaapekto sa mga kaparaanan ng pagpapainit dahil sa pagkakalapit

(3) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 5624. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2012.
(4) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 5623. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2012.
(5) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2015.

ng mga ito sa mga iyon kaya magiging isang dahilan sa pagpapaningas ng sunog at tulad nito dahil ang kadahilanan ay iisa. Ang apoy ay kaaway gaya ng ipinabatid ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan.

Batay rito: Kung sakaling ligtas ang natutulog sa apoy na ito, na ito ay hindi nakaapekto, at sa paligid nito ay walang nagsasanhi ng pagkalat nito, walang masama sa sandaling iyon na panatilihin ito dahil ang panuntunan ay umiikot kasama ng kadahilanan sa pagkakaroon o kawalan.

## 3 Ang Pagsasagawa ng Wuḍū’ Bago Matulog



Batay sa ḥadīth ayon kay Al-Barrā’ bin `Āzib – malugod si Allāh sa kanya – ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi: ***“Kapag hihiga ka para matulog, magsagawa ka ng wuḍū’ ng wuḍū’ mo para sa ṣalāh. Pagkatapos ay mahiga ka sa kanang tagiliran mo. Pagkatapos ay magsabi ka:*** **Allāhumma, innī aslamtu wajhī ilayka….** ***(O Allāh, tunay na ako ay nagsuko ng mukha ko sa Iyo…)”***[6]

## 4 Ang Pagpagpag ng Higaan Bago Mahiga Rito



Batay sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah - malugod si Allāh sa kanya –na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***Kapag hihiga ang isa sa inyo sa higaan niya, pagpagin niya ang higaan niya ng laylayang panloob ng tapis niya sapagkat tunay na siya ay hindi nakaaalam kung ano ang pumalit sa kanya sa ibabaw nito. Pagkatapos ay magsabi siya:*** **Bismika rabbi waḍa`tu jambī…** ***(Sa ngalan mo, Panginoon ko, inilalapag ko ang tagiliran ko…)***”[7]

Ang panloob na laylayan ng tapis ay panloob na dulo nito na katabi ng katawan.

Mula sa naunang nabanggit, lumilinaw na ang sunnah ay pagpagin niya ang higaan niya ng panloob na laylayan ng tapis niya, na ang pagpagpag ay tatlong ulit, at na sasambitin niya ang ngalan ni Allāh sa pagpagpag.

(6) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 247. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2710.
(7) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 6320. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2714.

Ang pinakamainam ay ang pagpagpag niya ay gamit ang panloob na laylayan ng damit. Mayroon sa mga alagad ng kaalaman na nagsabing gumamit ng anuman at ang pinakamahalaga sa anuman ay pagpagin ang higaan. Kabilang sa kanila si Shaykh Ibnu Jibrīn – kaawaan siya ni Allāh – yamang sinabi niya: "Hindi isang kundisyon ang paggamit ng panloob na laylayan ng tapis, bagkus kung sakaling pinagpag ang buong higaan o pinagpag ito ng turban o tulad nito, magaganap ang nilalayon."[8]

## 5 Ang Pagtulog sa Kanang Tagiliran

## 6 Ang Paglalagay ng Kanang Kamay sa Ilalim ng Kanang Pisngi



Nagpapatunay sa dalawang sunnah na ito ang ḥadīth ayon kay Al-Barrā' bin `Āzib – malugod si Allāh sa kanya – na ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi: ***"Kapag hihiga ka para matulog, magsagawa ka ng wuḍū' ng wuḍū' mo para sa ṣalāh. Pagkatapos ay mahiga ka sa kanang tagiliran mo. Pagkatapos ay magsabi ka:*** **Allāhumma, innī aslamtu wajhī ilayka….** ***(O Allāh, tunay na ako ay nagsuko ng mukha ko sa Iyo…)"***[9]

Batay sa ḥadīth ayon kay Ḥudhayfah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – kapag nahiga siya noon sa higaan niya sa gabi, ay naglalagay ng kamay niya sa ilalim ng pisngi niya…"[10]

## 7 Ang Pagbigkas ng mga Dhikr sa Pagtulog

Ang pagtulog ay may mga dhikr mula sa Qur'ān at Sunnah.

### 1 Mula sa Qur'ān:

#### 1 Ang Pagbigkas ng Āyatulkursīy

Itinuturing na sunnah ang pagbigkas ng Āyatulkursīy sa sandali ng pagtulog

(8) Tingnan: Fatwā Ibnu Jibrīn na may numerong 2693.
(9) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 2710. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 247.
(10) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 6314.



at natatamo rito ang pangangalaga laban sa demonyo hanggang mag-umaga.

**Nagpapatunay rito:** Ang kuwento ni Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – kasama ng nagnanakaw mula sa zakāh. Ito sa bawat pagkakataon ay dumaraing ng pangangailangan at karukhaan. Noong inulit nito iyon sa ikatlong pagkakataon, nagpasya si Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – na isampa ang usapin nito sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan. Nagsabi ito: "Hayaan mo akong magturo sa iyo ng mga pananalitang magdudulot ng pakinabang sa iyo si Allāh sa pamamagitan ng mga iyon." Nagsabi ako: "Ano iyon?" Nagsabi ito: "Kapag humiga ka sa higaan, bigkasin mo ang Āyatulkursīy: **Allāhu lā ilāha illā huwa -lḥayyu -lqayyūm…** hanggang sa matapos mo ang āyah. Tunay na ikaw ay hindi mawawalan mula kay Allāh ng isang tagapangalaga sa iyo at hindi nga malalapitan ng isang demonyo hanggang sa mag-umaga." Kaya pinawalan ko ito at inumaga ako. Nagsabi sa akin ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***"Ano ang ginawa ng bihag mo kahapon?"*** Nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, nag-angkin siya na siya ay magtuturo sa akin ng mga pananalitang magdudulot ng pakinabang sa akin si Allāh sa pamamagitan ng mga iyon." Kaya pinalaya ko ito. Nagsabi siya: ***"Ano iyon?"*** Nagsabi ako: "Nagsabi ito sa akin: Kapag nahiga ka sa higaan mo, bigkasin mo ang Āyatulkursīy mula sa simula nito hanggang sa matapos ang āyah: **Allāhu lā ilāha illā huwa -lḥayyu -lqayyūm…"** Nagsabi pa ito sa akin: "Hindi mawawala sa iyo mula kay Allāh ang isang tagapangalaga at hindi nga makalalapit sa iyo ang isang demonyo hanggang sa mag-umaga." Sila noon ay pinakamasigasig sa anuman sa kabutihan kaya nagsabi ang Propeta - pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***"Kaingat, tunay na siya ay nagsabi ng totoo sa iyo gayong siya ay pasinungaling. Nakikilala mo ang kinakausap mo magmula tatlong gabi, o Abū Hurayrah?"*** Nagsabi ito: "Hindi po." Nagsabi siya: ***"Iyan ay demonyo."***"[11]

(11) Isinaysay ito nina Imām Al-Bukhārīy na may numerong 2311 at Imām An-Nasā'iy sa As-Sunan Al-Kubrā na may numerong 10795.

### 2 Ang Pagbigkas ng Dalawang Huling Āyah ng Sūrah Al-Baqarah.

Batay sa ḥadīth ayon kay Abū Mas`ūd Al-Anṣārīy – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***"Ang sinumang bumigkas ng dalawang talata mula sa hulihan ng Sūrah Al-Baqarah sa gabi, sasapat na ito sa kanya."***(12) Ang dalawang āyah sa hulihan ng Sūrah Al-Baqarah ay hindi kabilang sa mga dhikr sa pagtulog sa paraang natatangi. Ito ay dhikr lamang na sinasabi sa gabi. Kaya ang sinumang hindi bumigkas ng dalawang ito sa gabi at naalaala iyon sa sandali ng pagtulog niya, bigkasin niya ang mga ito sa sandaling iyon.

Nagkaiba-iba sa kahulugan ng ***"sasapat na ito sa kanya"***

Sinabi: Sasapat na ito sa kanya sa pagsasagawa ng qiyāmullayl. Sinabi rin: Sasapat na ito sa kanya laban sa demonyo.

Sinabi: Sasapat na ito sa kanya sa mga kasiraan. Posible ang lahat gaya ng sinabi ni Imām An-Nawawīy – kaawaan siya ni Allāh.(13)

### 3 Ang Pagbigkas ng Sūrah Al-Ikhlāṣ, ang Dalawang Mu`awwidhatayn, ang Pagbuga ng mga Ito sa mga Palad, Pagkatapos ay ang Pagpapahid sa Katawan ng mga Ito nang Tatlong Ulit.

**Nagpapatunay rito:**

Ang ḥadīth ayon kay `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya: "Siya noon – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – kapag humiga sa higaan niya tuwing gabi, ay nagdidikit ng mga palad niya. Pagkatapos ay bumubuga sa mga ito at bumibigkas sa mga ito ng [sūrah ng] **Qul huwa –llāhu aḥad,** [sūrah ng] **Qul a`ūdhu birabbi –lfalaq,** at [sūrah ng] **Qul a`ūdhu birabbi –nnās**. Pagkatapos ay ipinupunas niya ang mga ito sa abot ng makakaya niya sa katawan niya. Nagsisimula siya sa [pagpunas ng] mga ito sa ulo niya, mukha niya, at anumang nakaharap mula sa katawan niya. Ginagawa niya iyon nang tatlong ulit."(14)

**Mahihinuha mula sa naunang ḥadīth** na ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagpapatupad noon ng sunnah na ito sa bawat gabi batay sa sabi ni `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya: "bawat gabi" at na ang sinumang nagnais na magpatupad ng sunnah na ito, siya ay magdidikit

(12) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 4008. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 807.
(13) Tingnan: Sharḥ An-Nawawīy Li-Muslim, Ḥadīth 808, Kabanata: Ang Kainaman ng Al-Fātiḥah at mga Wakas ng Sūrah Al-Baqarah.
(14) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy 5017.

ng mga palad niya, pagkatapos ay bubuga siya sa mga ito pagkabigkas ng mga sūra 112, 113, at 114. Pagkatapos ay ipampupunas niya ang mga kamay sa abot ng makakaya niya sa katawan niya, nagsisimula sa ulo niya. Gagawin niya iyon ng tatlong ulit.

4 Ang Pagbigkas ng Sūrah Al-Kāfirūn



Batay sa ḥadīth ayon kay `Urwah bin Nawfal ayon sa ama niya – malugod si Allāh sa kanya: Ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi kay Nawfal: ***"Bigkasin mo ang Qul yā ayyuha -lkāfirūn. Pagkatapos ay matulog sa wakas nito sapagkat ito ay pagpapawalang-kaugnayan sa shirk."***(15)

## 2 Kabilang sa Sunnah ang Maraming Panalangin. Kabilang sa mga ito:

1 **"Bi-smika -llāhumma amūtu wa aḥyā.** ***(Sa ngalan Mo, o Allāh, nabubuhay ako at mamatay ako.)"***(16)

2 **"Allāhumma innaka khalaqta nafsī wa anta tawaffāhā, laka mamātuhā wa maḥyāhā, in aḥyaytahā fa-ḥfadhhā, wa in amattahā fa-ghfir lahā, Allāhumma innī as'aluka -l`āfiyah.** ***(O Allāh, tunay na Ikaw ay lumikha sa kaluluwa ko, at ikaw ay babawi nito. Nasa Iyo ang kamatayan nito at ang buhay nito. Kung bibigyang-buhay Mo ito, at kung aalisan Mo ito ng buhay ay patawarin Mo ito. O Allāh, tunay ako ay humihiling sa Iyo ng kagalingan.)"***(17)

3 **"Allāhumma rabba -ssamāwāti -ssab`i wa rabba -l'arḍi wa rabba -l`arshi -l`adhīm, rabbanā wa rabba kulli shay', fāliqa -lḥabbi wa -nnawā, wa munzila -ttawrāti wa -l'injīli wa -lfurqān, a`ūdhu bika min sharri kulli shay'in anta ākhidhum bināṣiyatih. Allāhumma anta -l'awwalu falaysa qablaka shay', wa anta -l'ākhiru falaysa ba`daka shay', wa anta -dhdhāhir falaysa fawqaka shay', wa anta -lbāṭinu falaysa dūnaka shay', iqḍi `annā -ddayna wa aghninā mina -lfaqr.** ***(O Allāh, Panginoon ng pitong langit, Panginoon ng lupa, at Panginoon ng tronong sukdulan sa laki, Panginoon namin at***

(15) Isinaysay ito nina Imām Aḥmad na may numerong 21934, at Imām Abū Dāwud na may numerong 5055. Isinaysay ito ni Imām At-Tirmidhīy na may numerong 3403. Itinuring na maganda ito ni Al-Albānīy – kaawaan siya ni Allāh.

(16) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 6324, mula sa ḥadīth ayon kay Ḥudhayfah – malugod si Allāh sa kanya.

(17) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2712.

***Panginoon ng bawat bagay, tagapagpabuka ng mga butil at mga buto, tapagpababa ng Torah, Ebanghelyo, at Furqān, nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa bawat bagay na Ikaw ay dadaklot sa bumbunan nito. O Allāh, Ikaw ang Una kaya walang anuman bago Mo, Ikaw ang Huli kaya walang anuman matapos Mo, Ikaw ang Nangingibabaw kaya walang anuman sa ibabaw Mo, Ikaw ang Nakaaarok kaya walang anuman sa ilalim Mo. Wakasan Mo para sa amin ang pagkakautang at payamanin Mo kami laban sa karalitaan.)"***[18]

4 **"Bi-smika rabbī waḍa`tu jambī, wa bika arfa`uhu, fa'in amsakta nafsī fa-rḥamhā, wa in arsaltahā fa-ḥfadhhā bimā taḥfadhu bihi `ibādikā -ṣṣālihīn.** ***(Sa ngalan Mo Panginoon ko ay inilalapag ko ang tagiliran ko, at sa Iyo ay inaangat ko ito. Kaya kung kukunin Mo ang kaluluwa ko ay kaawaan Mo ito, at kung pababalikin Mo ito ay pangalagaan Mo ito sa pamamagitan ng ipinangangalaga Mo sa mga lingkod Mong matutuwid.)"***[19]

5 **"Alḥamdu lillāhi -lladhī aṭ`amanā wa saqānā wa kafānā wa āwānā, fakam mimman lā kāfiya lahu wa lā mu'wiya.** ***(Ang papuri ay ukol kay Allāh na nagpakain sa atin, nagpainom sa atin, nagbigay ng kasapatan sa atin, at nagpatira sa atin sapagkat kay rami ng [taong] walang nagbibigay ng kasapatan sa kanya at walang nagpapatuloy.)"*** Mula sa ḥadīth ayon kay Anas – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – kapag humiga siya noon sa higaan niya, ay nagsasabi: **Alḥamdu lillāhi…**"[20]

6 **"Allāhumma qinī `adhābaka yawma tab`athu `ibādāk.** ***(O Allāh, iligtas Mo ako sa parusa Mo sa Araw na bubuhayin Mo ang mga lingkodMo.)"***[21]

7 **Ang Pagluluwalhati at ang Pagpapapuri nang 33 ulit, at ang Pagdadakila nang 34 ulit.**

Kabilang sa sunnah na magluwalhati nang 33 ulit, magpuri kay Allāh – pagkataas-taas Niya – nang 33, at magdakila kay Allāh – pagkataas-taas Niya – nang 34 ulit, kapag ninais matulog. Kaya mayroon itong mabigat na kalamangan: ito ay nagbibigay sa katawan ng lakas sa araw.

(18) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2713.
(19) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 6302. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2714.
(20) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2715.
(21) Isinaysay ito nina Imām Aḥmad na may numerong 18660. Itinuring na tumpak ito ni Al-Albānīy, Ṣaḥīḥ Al-Jāmi` 2/869.

**Nagpapatunay rito:** Ang ḥadīth ayon kay `Alīy – malugod si Allāh sa kanya: "Si Fāṭimah ay dumaing ng kalyong natatagpuan niya sa kamay niya dahil sa gilingan. May pumunta sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – na isang bihag [sa digmaan] kaya pumunta siya ngunit hindi niya natagpuan ito. Nakatagpo niya si `Ā'ishah at ipinabatid niya rito. Noong dumating ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ipinabatid dito ni `Ā'ishah ang pagpunta ni Fāṭimah sa kanya. Kaya pumunta ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – sa amin noong nakahiga na kami sa mga higaan namin. Kaya tinangka naming tumindig ngunit nagsabi ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***Manatili kayong dalawa.*** Umupo siya sa pagitan namin hanggang sa naramdaman ko ang lamig ng paa niya sa dibdib ko. Pagkatapos ay nagsabi siya: ***Hindi ba ako magtuturo sa inyo ng higit na mabuti kaysa sa hiniling ninyong dalawa? Kapag humiga sa mga higaan ninyo ay magdakila kayong dalawa kay Allāh nang tatlumpu't apat, magluwalhati kayong dalawa nang tatlumpu't tatlo, at magpuri kayong dalawa nang tatlumpu't tatlo. Ito ay higit na mabuti para sa inyong dalawa kaysa sa alila."***[22]

Sa isang sanaysay: Nagsabi si `Alīy – malugod si Allāh sa kanya: "Hindi ko itinigil iyon magmula nang narinig ko iyon mula sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan." Sinabi sa kanya: "Ni sa gabi ng Ṣiffīn?" Nagsabi siya: "Ni sa gabi ng Ṣiffīn."[23]

8. **"Allāhumma aslamtu wajhī ilayka, wa fawwaḍtu amrī ilayka, wa alja'tu dhahrī ilayka, raghbatan wa rahbatan ilayka, lā malja'a wa lā manjā minka illā ilayka, āmantu bikitābika -lladhī anzalta wa binabīyika -lladhī arsalta. (*O Allāh, isinuko ko ang mukha ko sa Iyo, ipinagkatiwala ko ang kapakanan ko sa Iyo, at ikinanlong ko ang likod ko sa Iyo, dahil sa pangingilabot at pagmimithi sa Iyo. Walang makakanlungan at walang maliligtasan mula sa Iyo malibang sa Iyo. Sumampalataya ako sa Aklat Mo na ibinaba Mo at sa Propeta Mo na isinugo Mo.*)"**[24] Sa hulihan ng ḥadīth ay nagsabi ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***"gawin mo ang mga ito na kabilang sa huli sa pagsasalita mo sapagkat kung namatay ka sa gabi mong ito, namatay ka habang ikaw ay nasa kalikasan ng pagkalalang."*** Sa isang sanaysay ni Imām Muslim: ***"kung inumaga ka, inumaga ka sa kabutihan."***

(22) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 3705. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2727.
(23) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 5362. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2727.
(24) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 247. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2710.

**Sa ḥadīth na ito ay may paglilinaw sa iba pang sunnah:** ang pagtalaga sa dhikr na ito bilang huling bagay na sasalitain ng tao bago matulog. Dito ay may dakilang gantimpala sa kung sakaling itinakdang mamatay siya sa gabing iyon. Tunay na siya ay magiging kabilang sa namatay sa kalikasan ng pagkalalang. Nangangahulugan ito: Siya ay namatay sa sunnah, sa kapaniwalaan ni Abraham – sumakanya ang pangangalaga – bilang makakatotohanan. Kung inumaga siya, inumaga siya sa kabutihan sa panustos sa kanya at gawain niya. Ito ay pananalitang sumasaklaw sa nauna at iba pa. Si Allāh ay higit na nakaaalam.

**Kabilang sa karapat-dapat tawagan ng pansin:** Ito ay dakilang dhikr. Ito ay isang dahilan sa dakilang kalamangang ipinagkaloob ng Mataas na Dakila – kapita-pitagan ang pagpipitagan sa Kanya. Ito ang nasaad sa Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy, mula sa ḥadīth ayon kay Shaddād bin Aws – malugod si Allāh sa kanya – ayon sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: **"Ang pinuno ng paghingi ng tawad ay magsabi ka: Allāhumma anta rabbī, lā ilāha illā anta, khalaqtanī wa anā `abduka, wa anā `alā `ahdika wa wa`dika ma -staṭa`tu, a`ūdhu bika min sharri mā ṣana`tu, abū'u laka bini`matika `alayya, wa abū'u laka bidhambī, fa-ghfir lī fa'innahū lā yaghfiru -dhdhunūba illā anta.** ***(O Allāh, Ikaw ang Panginoon ko. Walang Diyos kundi Ikaw. Nilikha Mo ako at ako ay alipin Mo. Ako ay nasa ilalim ng kasunduan sa Iyo at pangako sa Iyo hanggang sa abot ng makakaya ko. Nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa masama sa***



◆ Ang pag-alaala kay Allāh ay isang muog na matatag at isang dahilan sa pagkabuhay ng puso kaya maging kabilang ka sa mga umaalaala kay Allāh. Nagsabi ang Sugo – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "Ang paghahalintulad sa umaalaala sa Panginoon niya at hindi umaalaala sa Panginoon niya ay ang paghahalintulad sa buhay at patay."

***nagawa ko. Kinikilala ko sa Iyo ang biyaya Mo sa akin. Kinikilala ko sa Iyo ang kasalanan ko kaya patawarin Mo ako sapagkat walang nagpapatawad sa mga pagkakasala kundi Ikaw.)"*** Nagsabi siya: ***"Ang sinumang nagsabi nito sa maghapon habang nakatitiyak dito at namatay sa araw niyang iyon bago gumabi, siya ay kabilang sa mga maninirahan sa Paraiso. Ang sinumang nagsabi nito sa gabi habang siya ay nakatitiyak dito at namatay bago nag-umaga, siya ay kabilang sa mga maninirahan sa Paraiso."***(25)

### 8 Bahagi ng Sunnah ang pagbigkas ng Srahrah Al-Ikhlāṣ (Kabanata 112 ng Qur'an) sa bawat gabi.

Ayon kay Ab Ad Ad-Dardā ', ayon sa Propeta - pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan - na nagsabi: "Nanghihina ba ang isa sa inyo na bumigkas sa bawat gabi ng ikatlong bahagi ng Qur'ān?" Nagsabi sila: "Papaano binibigkas ang ikatlong bahagi ng Qur'ān?" Nagsabi siya: "Ang qul huwa -llāhu aḥad ... ay nakatutumbas sa ikatlong bahagi ng Qurān." (26)

### Mga Sunnah Kaugnay sa Napapanaginipan ng Natutulog



Ang napapanaginipan ng natutulog ay hindi nawawalan ng isa sa tatlong kalagayan na nasaad sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – sa ganang kay Imām Muslim:

1. Panaginip na nagkakatotoo. Ito ay nakalulugod na balita mula kay Allāh – kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan – at ito ay may kaasalang tatalakayin.
2. Panaginip ng pagpapalungkot. Ito ay mula sa demonyo. Hindi mapipinsala ang tao kapag sinunod niya ang mga kaasalan nito at tatalakayin ito.
3. Na nananaginip ng isinalaysay sa kanya ng sarili niya bago siya matulog. Ito ay walang anuman.

### Kabilang sa mga Sunnah sa Paksang Ito ay ang Nasaad sa mga Ḥadīth na Ito:

Ayon kay Abū Salamah – malugod si Allāh sa kanya: "Ako dati ay talagang

(25) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 6306.
(26) Isinaysay ito nina Imām Muslim (811) at Imām Al-Bukhārīy mula sa ḥadīth ayon kay Ab Sa Sa`īd - malugod si Allah sa kanya - (5015).

nakakikita ng pananaginip na nagpapasakit sa akin. Nakatagpo ko si Abū Qatādah at nagsabi ito: Ako dati ay talagang nakakikita ng panaginip na nagpapasakit sa akin hanggang sa narinig ko ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – na nagsasabi: ***Ang panaginip na nagkakatotoo ay mula kay Allāh. Kapag nanaginip ang isa sa inyo ng naiibigan niya, huwag niyang isalaysay ito maliban sa sinumang naiibigan niya. Kung nanaginip ng kinasusuklaman, dumura siya sa dakong kaliwa niya nang tatlong ulit at magpakupkop siya kay Allāh laban sa kasamaan ng demonyo at kasamaan niyon, at huwag niyang isalaysay iyon sa isa man at tunay na ito hindi makapipinsala sa kanya.***"

Nagsabi si Abū Salamah: "Ako dati ay talagang nakakikita ng panaginip na higit na mabigat para sa akin kaysa sa bundok ngunit hindi naglaon ito nang narinig ko ang ḥadīth na ito kaya hindi ko na pinapansin iyon."[27] Sa isang sanaysay: ***"Ang mabuting panaginip ay mula kay Allāh at ang masamang panaginip ay mula sa demonyo. Kapag nanaginip ang isa sa inyo ng isang masamang panaginip na pinangangambahan niya, dumura siya sa dakong kaliwa niya at magpakupkop siya kay Allāh laban sa kasamaan nito at tunay na ito ay hindi makapipinsala sa kanya."***[28]

Sa ḥadīth ayon kay Jābir – malugod si Allāh sa kanya – sa ganang kay Imām Muslim: Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***"magpakupkop siya kay Allāh laban sa demonyo nang tatlong ulit, at palitan niya ang tagiliran niyang ihiniga niya dati."***[29]

Sa ḥadīth ayon kay Abū Sa`īd Al-Khudrīy – malugod si Allāh sa kanya – sa ganang kay Imām Al-Bukhārīy: ***"Kapag nakakita ang isa sa inyo ng panaginip na naiibigan niya, tunay na ito ay mula kay Allāh kaya magpuri siya kay Allāh dahil doon."***[30]

## Mabubuod mula sa mga naunang ḥadīth

1. **na ang sinumang nananaginip ng magandang panaginip, tunay na itinuturing na sunnah para sa kanya na gawin ang sumusunod:**

**Una:** Na magpuri siya kay Allāh dahil doon dahil iyon ay mula sa Kanya – napakamaluwalhati Niya.

**Ikalawa:** Na ipababatid niya iyon at hindi niya ipababatid iyon maliban sa sinumang naiibigan niya.

(27) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 5747.

(28) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2261. Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 3292. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2261.

(29) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2262.

(30) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 7045.

**2 Na ang sinumang nanaginip ng panaginip na kinasusuklaman niya, tunay itinuturing na sunnah para sa kanya na gawin ang sumusunod:**

**Una:** Dudura siya o bubuga sa dakong kaliwa niya nang tatlong ulit.

**Ikalawa:** Na magpakupkop siya kay Allāh – pagkataas-taas Niya – laban sa demonyo at laban sa kasamaan ng napanaginipan niya nang tatlong ulit, sa pamamagitan ng pagsabi ng A`ūdhu bi-llāhi min -shhayṭāni wa min sharrihā (Nagpapakupkop ako kay Allāh laban sa demonyo at laban sa kasamaan niyon) nang tatlong ulit.

**Ikatlo:** Hindi siya magpapabatid nito sa isa man, ngunit kung ginawa niya iyon, tunay na ito ay hindi makapipinsala sa kanya gaya ng ipinabatid ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan. Kung magdaragdag siya doon sa pamamagitan ng:

**Ikaapat:** Pagpapalit niya ng tagiliran niya na nakatulog siya rito. Kaya kung siya dati ay nakahiga sa likod niya, matulog siya sa tagiliran niya at gaya nito.

**Ikalima:** Na tumindig siya at magdasal ng dalawang rak`ah.

**Mahihinuha mula sa naunang ḥadīth** na ang panaginip ng Muslim ay isang bahagi ng pagkapropeta, at na ang pinakatotoo sa mga tao sa panaginip ay ang pinakatotoo sa kanila sa pananalita kapag gising. Ito ay bahagi ng epekto ng pagkatotoo at biyaya ni Allāh sa Muslim kahit sa sandali ng pagtulog.

**Ang sinumang nagising sa gabi, tunay na itinuturing na sunnah na sabihin niya ang dhikr na ito:**

Ito ay nasaad sa ḥadīth ayon kay `Ubādah bin Aṣ-Ṣāmit – malugod si Allāh sa kanya – ayon sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – na nagsabi: "***Ang sinumang napukaw sa gabi at nagsabi:*** **Lā ilāha illa llāhu waḥdahu lā sharīka lah, lahu lmulku wa lahu lḥamd, wa huwa `alā kulli shay'in qadīr, alḥamdu lillāh, subḥāna llāh, wa lā ilāha illa llāhu wa llāhu akbar, wa lā ḥawla wa lā qūwata illā bi-llāh.** (***Walang Diyos kundi si Allāh — tanging Siya: walang katambal sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan. Napakamaluwalhati ni Allāh. Ang papuri ay ukol kay Allāh. Walang Diyos kundi si Allāh. Si Allāh ay Pinakadakila. Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allāh, ang Mataas, ang Sukdulan.***)" Pagkatapos ay nagsabi siya: "**Allāhumma -ghfir lī** (***O Panginoon ko,***

***patawarin Mo ako*), *o [kung] dumalangin siya, tutugunin siya; at kung nagsagawa siya ng wuḍū' at nagdasal, tatangapin ang dasal niya.*"**(31)

Nagsabi si Ibnu Athīr – kaawaan siya ni Allāh: "Ang ***Ang sinumang napukaw sa gabi*** ay nangangahulugang: Nagkamalay sa tulog niya at nagising.(32)

Sa ḥadīth na ito ay may dalawang dakilang nakalulugod na balita. Iyon ay kapag nagsabi ang sinumang nagkamalay sa tulog niya ng dhikr na ito: **"Lā ilāha illa llāhu waḥdahu lā sharīka lah, lahu lmulku wa lahu lḥamd, wa huwa `alā kulli shay'in qadīr, alḥamdu lillāh, subḥāna llāh, wa lā ilāha illa llāhu wa llāhu akbar, wa lā ḥawla wa lā qūwata illā bi-llāh. (*Walang Diyos kundi si Allāh — tanging Siya: walang katambal sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan. Napakamaluwalhati ni Allāh. Ang papuri ay ukol kay Allāh. Walang Diyos kundi si Allāh. Si Allāh ay Pinakadakila. Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allāh, ang Mataas, ang Sukdulan.*)"** Ang sinumang magsabi nito ay magkakaroon ng dalawang nakatutuwang balita:

> **Una:** Kung nagsabi ng: **"Allāhumma -ghfir lī (*O Panginoon ko, patawarin Mo ako*)** o dumalangin, tunay na ang panalangin niya ay tutugunin.
>
> **Ikalawa:** Kung tumindig, nagsagawa ng wuḍū' at nagsagawa ng ṣalāh, ang ṣalāh niya ay tanggap. Kaya papuri kay Allāh na nagbiyaya sa atin ng mga kalamangang ito. Hiningi natin sa Kanya ang pagkapatnubay sa gawain.

Sa sunnah na ito, wawakasan natin ang paglalahad sa mga sunnah na pampanahon dahil ang pagkatapos ng mga ito ay mga sunnah ng paggising mula sa pagkatulog, na sinimulan natin, na ang simula nito ay ang paggamit ng siwāk at ang pagsabi ng: **Alḥamdu lillāhi -lladhī aḥyānā ba`da mā amātanā wa ilayhi -nnushūr. (*Ang papuri ay ukol kay Allāh na nagbigay-buhay sa atin matapos nagbigay-kamatayan sa atin at tungo sa Kanya ang pagkabuhay.*)**

(31) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 1154.
(32) Tingnan: An-Nihāyah Fī Gharīb Al-Ḥadīth ni Ibnu Athīr, p. 108.





# Ang mga Sunnah na Hindi Pampanahon

Ito ang ikalawang bahagi ng mga sunnah na pang-araw-araw. Ang uring ito ng mga sunnah, ang paksa nito ay malawak at marami. Kabilang dito ang nagkakaiba-iba ayon sa pagkakaiba-iba ng mga kalagayan, mga tao, mga pook, at mga oras.

Ilalahad ko nang nagsisikap ang mga sunnah na nauulit-ulit sa araw at gabi habang hinihiling kay Allāh, pagkataas-taas Niya, ang pagkapatnubay at ang pagkatama.

**Ang unang sa anuman sa mga sunnah sa bahaging ito:**

## Mga Sunnah sa Pagkain



### 1 Ang Pagsambit ng Bismi –llāh sa Simula ng Pagkain

Ayon kay `Umar bin Abī Salamah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsasabi: "Ako noon ay isang bata sa kandili ng Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan. Ang kamay ko noon ay naglilikot sa bandehado kaya nagsabi sa akin ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***O bata, banggitin mo ang pangalan ni Allāh, kumain ka gamit ang kanang kamay mo, at kumain ka mula sa nalalapit sa iyo.*** Kaya hindi natigil iyon, ang paraan ng pagkain ko matapos niya."[(1)].

Kapag nakalimutan ang pagsambit ng ngalan ni Allāh, itinuturing na sunnah na sabihin kapag naalaala ito: **Bismi-llāhi awwalahu wa ākihrahu (*Sa ngalan ni Allāh sa simula nito at sa wakas nito*)**.

Batay sa ḥadīth ayon kay `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya – ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi: "***Kapag kumain ang isa sa inyo ay banggitin niya ang pangalan ni Allāh; at kapag nakalimutan niyang banggitin ang pangalan ni Allāh sa simula nito, sabihin niya:*** **Bismi-llāhi awwalahu wa ākihrahu. (*Sa ngalan ni Allāh sa simula nito at sa wakas nito.*)**"[(2)]

(1) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 5376. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2022.

(2) Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud na may numerong 3767. Isinaysay ito ni Imām At-Tirmidhīy na may numerong 1858. Itinuring na tumpak ito ni Al-Albānīy gaya ng naunang nabanggit.

Gayon din, nagpatunay ang ḥadīth na ang tao ay kakain gamit ang kanang kamay niya upang hindi niya makawangis ang demonyo. Ang Muslim, kapag hindi siya sumambit sa ngalan ni Allāh sa pagkain niya at kapag kumain siya o uminom siya gamit ang kaliwang kamay niya, ay naging kawangis ng demonyo dahil doon dahil ang demonyo ay kumakain at umiinom gamit ang kaliwang kamay nito.

**Nagpapatunay rito:**

Ayon kay `Abdullāḥ bin `Umar – malugod si Allāh sa kanya – ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi: ***"Huwag ngang kakain ang isa mula sa inyo gamit ang kaliwang kamay niya at huwag ngang iinom gamit ito sapagkat tunay na ang demonyo ay kumakain gamit ang kaliwang kamay niya at umiinom gamit ito."*** Nagsabi siya: "***Si Nāfi` noon ay nagdaragdag dito: Hindi siya kumukuha gamit ito at hindi siya nagbibigaygamitito."***[3]

Ang demonyo ay masigasig sa pagpasok sa bahay upang magpalipas ng magdamag sa loob nito at makilahok sa mga naninirahan dito sa pagkain at pag-inom. Ayon kay Jābir bin `Abdillāh – malugod si Allāh sa kanilang dalawa – siya ay nakarinig sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – na nagsasabi: ***"Kapag pumasok ang lalaki sa bahay niya at binanggit si Allāh sa sandali ng pagpasok niya at sa sandali ng pagkain niya, magsasabi ang demonyo: Walang tuluyan sa magdamag para sa inyo at walang hapunan. Kapag pumasok siya at hindi binanggit si Allāh sa sandali ng pagpasok niya, magsasabi ang demonyo: Nagkamit kayo ng tuluyan sa magdamag athapunan."***[4]

## 2 Ang Pagkain mula sa nalalapit



Dahil sa naunang nabanggit na ḥadīth ayon kay `Umar bin Salamah – malugod si Allāh sa kanya. Nasaad dito ang sabi ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "***kumain ka mula sa nalalapit sa iyo***".

(3) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2020.
(4) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2018.

## 3 Ang Pagpulot sa Nalaglag na Mumo, ang Pag-aalis ng Anumang Kumakapit Dito na Dumi, at Pagkain Nito

Ang ḥadīth ayon kay Jābir – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Narinig ko ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – na nagsasabi: ***Tunay na ang demonyo ay dumadalo sa [bawat] isa sa inyo sa sandali ng bawat anuman sa kapakanan niya hanggang sa dumadalo ito sa sandali ng pagkain niya. Kaya kapag bumagsak mula sa isa sa inyo ang mumo, alisin niya ang anumang nakadikit dito na pinsala. Pagkatapos ay kainin niya ito at huwag niyang iwan ito sa demonyo. Kapag natapos siya, dilaan niya ang mga daliri niya sapagkat siya ay hindi nakaaalam kung sa aling bahagi ng pagkain niya ang biyaya.***"[5]

Ang nagninilay sa ḥadīth ay makatatalos na ang demonyo ay masigasig sa pagsali sa tao sa lahat ng mga kapakanan niya upang alisin nito ang biyaya mula sa bahay niya at manira sa kanya sa marami sa kapakanan niya. Kabilang sa nagpapatunay sa sigasig nito sa pagsabay sa tao sa lahat ng mga kapakanan niya ay ang sabi ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***"Tunay na ang demonyo ay dumadalo sa [bawat] isa sa inyo sa sandali ng bawat anuman sa kapakanan niya."***

## 4 Ang Pagdila sa mga Daliri



Ang pagdila sa mga ito ay nangangahulugang pagsagi sa mga ito ng dulo ng dila niya. Ang sunnah ay dilaan ang mga ito o dilaan ang mga ito ng iba gaya ng maybahay niya halimbawa, bagkus ang sunnah ay hindi pupunasan ang kumakapit sa kamay niya ng isang pamunas at tulad nito nang sa gayon ay madilaan ang mga ito.

**Nagpapatunay rito:** Ang naunang ḥadīth ayon kay Jābir – malugod si Allāh sa kanya.

Nasaad sa Ṣaḥīḥān mula sa ḥadīth ayon kay Ibnu `Abbas – malugod si Allāh sa kanilang dalawa – ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi: ***"Kapag kumain ang isa sa inyo, huwag niyang punasan ang kamay niya hanggang sa nadilaan niya ito o pinadilaan niya ito."***[6]

(5) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2033.
(6) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 5456. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2033.

## 5 Ang Pagsimot sa Plato



**Nagpapatunay rito:** Ang ḥadīth ayon kay Anas – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: ***"Inutusan kami ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – na simutin namin ang plato."***(7) Sa isang sanaysay ni Imām Muslim mula sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya: ***"simutin ng [bawat] isa sa inyo ang bandehado."***(8)

**Nagpapatunay rito:** Ang ḥadīth ayon kay Anas – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: ***"Inutusan kami ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – na simutin namin ang plato."***(9) Sa isang sanaysay ni Imām Muslim mula sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya: ***"simutin ng [bawat] isa sa inyo ang bandehado."***(10)

Nagsabi ang Shaykh nating si Ibnu `Uthaymīn – kaawaan siya ni Allāh: "Nangangahulugang: pasusundan mo ng mga daliri mo ang anumang kumakapit dito na pagkain at didilaan ito. Ito rin ay bahagi ng sunnah na nakalulungkot na napabayaan ng marami sa mga tao kahit pati ang mga estudyante rin ng Islām. Kapag natapos sila sa pagkakain, matatagpuan mo na ang dakong nalalapit sa kanila ay may pagkain pa ring natitira. Hindi nila dinidilaan ang natirang nasa bandeha. Ito ay salungat sa ipinag-utos ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan."(11)

## 6 Ang Pagkain Gamit ang Tatlong Daliri



Ang sunnah ay kumain gamit ang tatlong daliri. Ito ay nauukol sa mabubuhat ng tatlong daliri gaya ng datiles, halimbawa, kaya itinuturing na sunnah na kainin ito gamit ang tatlong daliri.

---

(7) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2034.
(8) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2035.
(9) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2034.
(10) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2035.
(11) Tingnan: Sharḥ Riyāḍ Aṣ-Ṣāliḥīn 1/892.

**Nagpapatunay rito:** Ang ḥadīth ayon kay Ka`b bin Mālik – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay kumakain noon gamit ang tatlong daliri at dinidilaan niya ang kamay niya bago punasan ito."(12)

### 7 Ang Paghinga sa Labas ng Iniinuman Nang Tatlong Ulit



Bahagi ng sunnah na uminom sa iniinuman nang tatlong lagok at hihinga sa pagkatapos ng bawat lagok.

**Nagpapatunay rito:** Ang ḥadīth ayon kay Anas – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay humihinga noon sa pag-inom nang tatlong ulit at nagsasabi: ***Tunay na ito ay higit na nakapapawi ng uhaw, higit na nakapagpapaginhawa, at higit na kaiga-igaya.***" Nagsabi si Anas – malugod si Allāh sa kanya: "Kaya ako ay humihinga sa pag-inom nang tatlong ulit."(13)

Ang tinutukoy ng paghinga sa iniinuman ay ang paghinga sa sandali ng pag-inom sa iniinuman. Nangangahulugan ito: Siya ay hihinga sa labas ng iniinuman dahil ang paghingang ito ay kinasusuklaman batay sa ḥadīth ayon kay Abū Qatādah – malugod si Allāh sa kanya – sa Ṣaḥīḥān. Nagsabi siya: "Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***Kapag uminom ang isa sa inyo, huwag siyang huminga sa iniinuman.***"(14)

### 8 Ang Papuri kay Allāh – Pagkataas-taas Niya – Matapos Kumain.




#### Nagpapatunay sa Sunnah na Ito:

Ang ḥadīth ayon kay Anas bin Mālik – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***Tunay na si Allāh ay talagang nalulugod sa taong kumakain ng pagkain at nagpupuri sa Kanya dahil doon o umiinom ng inumin at nagpupuri sa Kanya dahil doon.***"(15)

(12) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2032.
(13) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 5631. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2028.
(14) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 5630. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 267.
(15) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2743.

**Ang Pagpupuri ay May Sari-saring Anyo, Kabilang sa mga Ito:**

1. **"Alḥamdu lillāhi ḥamdan kathīran ṭayyibam mubārakan fīhi ghayra makfīyin wa lā muwadda`in wa lā mustaghnan `anhu rabbanā.** ***(Ang papuri ay ukol kay Allāh papuring marami, mabuti, pinagpapala na hindi mabibigyan ng kasapatan, na hindi maiiwan, na hindi maiwawala rito ang pangangailangan sa Panginoon natin.)"***[16]

2. **"Alḥamdu lillāhi -lladhī kafānā wa arwānā ghayra makfīyin wa lā makfūr. (*Ang papuri ay ukol kay Allāh na nagpasapat sa atin at pumawi ng uhaw natin nang hindi masasapatan at hindi maikakaila.*)"**[17]

Ang ***hindi masasapatan*** ay nangangahulugang: hindi nangangailangan ng isa man sapagkat si Allāh ang nagpapakain sa mga lingkod Niya at nagpapasapat sa kanila. Ang ***hindi maiiwan*** ay nangangahulugang: hindi matatalikdan. Ang ***nagpasapat*** ay mula sa kasapatan. Ang ***pumawi ng uhaw natin*** ay mula sa pagpawi ng uhaw. Ang ***hindi maikakaila*** ay nangangahulugang: maitatanggi ang kabutihang-loob Niya at pagpapala Niya.

## 9 Ang Pagtitipon sa Pagkain

Bahagi ng sunnah ang pagtitipon sa pagkain at ang hindi pagkakahiwa-hiwalay.



**Nagpapatunay rito:** ang ḥadīth ayon kay Jābir bin `Abdillāh – malugod si Allāh sa kanilang dalawa – na nagsasabi: Narinig ko ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsasabi: ***"Ang pagkain ng isa ay sasapat sa dalawa. Ang pagkain ng dalawa ay sasapat sa apat. Ang pagkain ng apat ay sasapat sa walo."***[18]

(16) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 5458.
(17) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 5459.
(18) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2059.

## 10 Ang Pagpupuri sa Pagkain Kapag Hinangaan Ito

Bahagi ng sunnah ang papurihan ang pagkain kapag hinangaan ito. Walang duda na hindi magpupuri rito maliban sa tinaglay nito.

**Nagpapatunay rito:** Ang ḥadīth ayon kay Jābir bin `Abdillāh – malugod si Allāh sa kanya – na ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay humiling sa mag-anak niya ng ulam at nagsabi sila: "Wala kaming taglay maliban sa suka.' Ipinakuha niya ito at nagsimulang kumain gamit ito at nagsabi: ***"Kay inam ang suka na ulam. Kay inam ang suka na ulam."***[(19)] Ang ***suka*** ay kabilang sa mga uri ng ulam para sa kanila. Ito ay matamis hindi maasim gaya ng suka na nasa atin sa ngayon.

Nagsabi ang Shaykh nating si Ibnu `Uthaymīn – kaawaan siya ni Allāh: "Ito rin ay kabilang sa patnubay ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – na siya, kapag humanga sa pagkain, ay nagpupuri rito. Gayon din halimbawa kung sakaling pinuri mo ang tinapay, magsasabi ka: kay inam na tinapay ang tinapay ng angkan ni Polano o anumang nakawangis niyon. Ito rin ay sunnah ng Sugo – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan."[(20)]

Ang nagninilay sa panahon natin ay makatatagpo sa marami sa mga tao ng pagsalungat sa sunnah ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan sapagkat sila ay hindi nagkakasya sa pag-iwan sa sunnah, bagkus sinalungat din nila ito. Iyon ay sa pamamagitan ng pamimintas nila sa pagkain at pamumula nila rito sa ilang pagkakataon. Ito ay salungat sa patnubay ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan. Sa Ṣaḥīḥān mula sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – nagsabi ito: "Hindi namintas ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ng isang pagkain kailanman. Kung ginanahan siya rito, kakainin niya ito; at kung hindi naman, iiwan niya ito."[(21)]

## 11 Ang Panalangin Para sa May-ari ng Pagkain.

**Nagpapatunay rito:** ang ḥadīth ayon kay `Abdullāh bin Busr – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Tumuloy ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – sa ama ko." Nagsabi ito: "Kaya dinalhan namin siya ng isang pagkain at isang waṭbah. Kumain siya mula rito. Pagkatapos ay dinalhan siya ng datiles. Kinakain niya ito at itinatapon ang mga buto, na nasa pagitan ng dalawang daliri habang pinagdidikit ang hintuturo at ang hinlalato.

(19) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2052.
(20) Tingnan: Sharḥ Riyāḍ Aṣ-Ṣāliḥīn 2/1057.
(21) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 3563. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2064.

Pagkatapos ay dinalhan siya ng inumin at ininuman niya ito. Pagkatapos ay iniabot sa nasa dakong kanan niya." Nagsabi ito: "Kaya nagsabi ang ama ko habang hawak ang renda ng sasakyang hayop niya: Manalangin ka po para sa amin. Nagsabi siya: ***O Allāh, magbiyaya Ka sa kanila sa anumang itinustos Mo, magpatawad Ka sa kanila, at maawa Ka sa kanila.***"(22) Ang waṭbah ay pagkaing gawa sa datiles, keso, at mantikilya.

## 12 Ang Pagtuturing na Kaibig-ibig na Magpainom ang Umiinom sa Isang Nasa Kanan Niya Bago ang Isang Nasa Kaliwa Niya

Ang ipinakakahulugan ay na kapag uminom, bahagi ng sunnah na bigyan ang nasa kanan niya bago ang nasa kaliwa niya.

**Nagpapatunay rito:** Ang ḥadīth ayon kay Anas bin Mālik – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Pumunta sa amin ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – sa bahay namin at humingi ng maiinom kaya ginatasan namin para sa kanya ang isang tupa. Pagkatapos ay hinaluan ko ito ng mula sa tubig ng balon kong ito." Nagsabi ito: "Kaya ibinigay ko sa Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – at ininuman ng Sugo ni Allāh habang si Abū Bakr ay nasa gawing kaliwa niya, si `Umar ay nasa harapan niya, at may isang Arabeng disyertong nasa dakong kanan niya. Noong natapos ang Sugo – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – sa pag-inom niya, nagsabi si `Umar: Ito si Abū Bakr, o Sugo ni Allāh. Ipinakikita nito iyon sa kanya ngunit ibinigay ng Sugo ni Allāh sa Arabeng disyerto at nilampasan si Abū Bakr. Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***Ang mga kanan, ang mga kanan, ang mga kanan.***" Nagsabi si Anas – malugod si Allāh sa kanya: "Kaya ito ay sunnah, kaya ito aysunnah."(23)

## 13 Ang Tagapagpainom ng mga Tao ay ang Pinakahuli sa Kanila sa Pag-inom



Itinuturing na sunnah para sa sinumang nagpapainom sa isang pangkat na siya ay maging pinakahuli sa kanila sa pag-inom.

**Nagpapatunay rito:** Ang mahabang ḥadīth ayon kay Abū Qatādah – malugod si

(22) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2042.
(23) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 2571. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2029.


Allāh sa kanya – at dito ay nagsabi siya: "…kaya nagsimula ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – na nagbubuhos samantalang nagpapainom ako sa kanila hanggang sa walang natira bukod sa akin at bukod sa Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan." Nagsabi ito: "Pagkatapos ay nagbuhos ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – at nagsabi sa akin: ***Uminom ka.*** Nagsabi ako: Hindi po ako iinom hanggang sa uminom ka, o Sugo ni Allāh. Nagsabi siya: ***Tunay na ang tagapagpainom ng mga tao ay ang pinakahuli sa kanila sa pag-inom.***" Nagsabi ito: "Kaya uminom ako at uminom ang Sugo ni Allāh…"[24]

**Aral:** Bahagi ng sunnah para sa sinumang uminom ng gatas na magmumog ng tubig matapos uminom ng gatas upang alisin ang anumang nasa bibig niya na sebo na mula sa gatas.

**Nagpapatunay rito:** Ang ḥadīth ayon kay Ibnu `Abbās – malugod si Allāh sa kanilang dalawa: "Ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay uminom ng gatas at nagpakuha siya ng tubig at nagmumog. Nagsabi siya: ***Tunaynamayroonitongsebo.***"[25]

## 14 Ang Pagtatakip ng Lalagyan at ang Pagbanggit ng Pangalan ni Allāh – Pagkataas-taas Niya – sa Sandali ng Pagsapit ng Gabi

Itinuturing na sunnah ang pagtatakip ng lalagyang nakabuyangyang sa sandali ng pagdating ng gabi, ang pagsasara ng sisidlan ng tubig kung may panara ito, at ang pagbanggit sa pangalan ni Allāh sa sandaling iyon.



**Nagpapatunay rito:** Ang ḥadīth ayon kay Jābir bin `Abdillāh – malugod si Allāh sa kanilang dalawa – na nagsabi: "***Takpan ninyo ang mga lalagyan at bigkisan ninyo ang inumang balat sapagkat tunay na sa taon ay may isang gabi na binababaan ito ng isang salot, na hindi napararaan sa isang lalagyang walang pagtatakip o inumang balat walang pagbibigkis malibang may bumababa roon mula sa salot na iyon.***"[26] Sa ganang kay Imām Al-Bukhārīy mula sa ḥadīth ayon kay Jābir bin `Abdillāh din – malugod si Allāh sa kanilang dalawa: "…***bigkisan ninyo ang mga***

(24) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 681.
(25) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 211. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 358.
(26) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2014.

***sisidlang balat ng tubig ninyo, banggitin ninyo ang pangalan ni Allāh, takpan ninyo ang mga lalagyan ninyo, at banggitin ninyo ang pangalan ni Allāh, kahit pa man magharang kayo sa mga ito ng anuman…***"[27]



(27) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 5623.

## Mga Sunnah sa Pagbati, Pakikipagkita, at Pagtitipon



### 1 Kabilang sa Sunnah ang Magbigay ng Pagbati

Ang mga patunay sa pagiging sunnah ay marami at puspusan. Kabilang sa mga ito ang ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya: “Ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi: **Ang tungkulin ng Muslim sa Muslim ay anim.** Sinabi: Ano po ang mga ito, o Sugo ni Allāh? Nagsabi siya: ***Kapag nakatagpo mo siya, bumati ka sa kanya; kapag inanyayahan ka niya, tugunin mo siya; kapag humingi siya ng payo sa iyo, pagpayuhan mo siya; kapag bumahin siya at nagpuri kay Allāh, magsabi ka sa kanya ng*** **Yarḥamuka-llāh** ***(Kaawaan ka ni Allāh); kapag nagkasakit siya, dalawin mo siya; at kapag namatay siya, dumalo ka sa libing niya.”***[1]

(1) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2162.

**Tungkol naman sa pagtugon sa kanya, ito ay isinasatungkulin. Nagpapatunay rito:**

Ang sabi ni Allāh (Qur'ān 4:86): **"Kapag binati kayo ng isang pagbati ay bumati kayo ng higit na maganda kaysa roon o gantihan ninyo iyon. Tunay na si Allāh, sa bawat bagay, ay laging Tagapagtuos."**

Ang pangunahing panuntunan sa pag-utos ay ang pagkatungkulin nito hanggat hindi inilihis ito ng isang tagapaglihis. Ipinarating ang napagkasunduang kahatulan ng pagkatungkulin ng pagtugon ng hindi iisa mula sa mga may kaalaman. Kabilang sa kanila sina Ibnu Ḥazm, Ibnu `Abdilbarr, Shaykh Taqīyuddīn, at iba pa sa kanila – kaawaan silang lahat.[2]

Ang pinakamainam na pagbigkas ng pagbati at pagtugon, at ang pinakalubos nito ay: **Assalāmu `alaykum wa raḥmatu -llāhi wa barakātuhu** (Ang kapayapaan ay sumaiyo at ang awa ni Allāh at mga biyaya niya) sapagkat tunay ito ay pinakamagandang pagbati at pinakalubos.

**Nagsabi si Ibnu Al-Qayyim – kaawaan siya ni Allāh:** "Ang patnubay ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay ang pagtatapos ng pagbati hanggang sa **wa barakātuhu**."[3]

Ang pagpapalaganap ng pagbating salām ay sunnah, bagkus ay ginawang kanais-nais dahil sa mabigat na kalamangan batay sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah - malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***Sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ko ay nasa kamay Niya, hindi kayo papasok sa Paraiso hanggang sa manampalataya kayo, at hindi kayo mananampalataya hanggang sa magmahalan kayo. Hindi ba ako maggagabay sa inyo sa isang gawaing kapag ginawa ninyo ay magmamahalan kayo? Ipalaganap ninyo ang pagbati sa gitna ninyo."***[4]

## 2 Ang Pagtuturing na Kaibig-ibig ang Pagbati Nang Tatlong Ulit Kung Humiling ang Pangangailangan Niyon

Gaya ng kung nagdududa sa pagkarinig ng binati noong bumati siya rito sa unang pagkakataon kaya naman itinuturing na kaibig-ibig na ulitin nang dalawang ulit. Kung hindi naman narinig, uulitin nang tatlong ulit. Gayon din kapag pumasok sa malaking umpukan gaya ng pagpasok sa isang malaking pagtitipon na may malaking umpukan. Kung sakaling bumati siya nang isang

(2) Tingnan: Al-Ādāb ash-Shar`īyah 1/356. Mu`assasah Ar-Risālah.
(3) Tingnan: Zād Al-Ma`ād 2/417.
(4) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 54.

ulit sa simula ng pagpasok niya, walang nakarinig sa kanya kundi ang mga nasa unang bahagi ng pagtitipon kaya naman kakailanganin niyang bumati nang tatlong ulit upang masakop ang lahat ng nasa pagtitipon.

**Nagpapatunay rito**: Ang ḥadīth ayon kay Anas – malugod si Allāh sa kanya – ayon sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "Siya noon, kapag nagsalita ng isang pangungusap, ay nag-uulit nito nang tatlong ulit upang maunawaan mula sa kanya, at kapag naman pumunta siya sa mga tao ay bumabati siya sa kanila, bumabati siya sa kanila nang tatlong ulit."(5)

Matatalos mula sa naunang ḥadīth ayon kay Anas – malugod si Allāh sa kanya – ang pagiging sunnah ng pag-uulit ng pangungusap nang tatlong ulit kapag hiniling ng pangangailangan ang pag-uulit, gaya ng nagsasalita at walang nauunawaang pangungusap mula sa kanya. Kaya itinuturing na sunnah na ulitin ito. Kung hindi pa rin naunawaan, uulitin ito sa ikatlong pagkakataon.

## 3 Bahagi ng Sunnah ang Pagsasalahat ng Pagbati sa Kilala Mo o Hindi Mo Kilala

Batay sa ḥadīth ayon kay `Abdillāh bin `Amr – malugod si Allāh sa kanilang dalawa: "May dalawang lalaking nagtanong sa Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: Aling [gawain sa] Islām ang pinakamabuti? Nagsabi siya: ***Magbigay ka ng pagkain, bumigkas ka ng pagbati sa kilala mo at hindimokilala.***"(6)

## 4 Ang Sunnah ay ang Pagpapasimula ng Pagbati ng Sinumang Binanggit ng Sunnah na Magpasimula Nito

Ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsasabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***Babati ang nakasakay sa naglalakad, ang naglalakad sa nakaupo, at ang kaunti sa marami.***"(7) Sa isang sanaysay ni Al-Bukhārīy: ***"Babati ang nakababata sa nakatatanda at ang nagdaraan sa nakaupo."***(8)

Hindi nangangahulugan ang pagsalungat ng higit na karapat-dapat sa pagbati ay ang pagkasuklam, bagkus walang masama rito, ngunit ito ay salungat sa higit na karapat-dapat, gaya ng pagbati ng nakatatanda sa nakababata, o ng naglalakad sa nakasakay, at tulad niyon.

(5) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 95.
(6) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 12. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 39.
(7) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 6233. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2160.
(8) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 6234.


## 5 Bahagi ng Sunnah ang Pagbati sa mga Paslit



Batay sa ḥadīth ayon kay Anas bin Mālik – malugod si Allāh sa kanya: "Siya noon ay naglalakad kasama ng Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – at napadaan ito sa mga paslit at bumati ito sa kanila."(9)

Sa Pagbati sa mga paslit ay may pag-uudyok sa sarili sa pagpapakumbaba, pagsasanay sa mga paslit sa gawaing ito, at pagsasabuhay nito sa mga kaluluwa.

## 6 Bahagi ng Sunnah ang Pagbati sa Sandali ng Pagpasok sa Bahay



Ito ay napaloloob sa kalahatan ng pagbati. Iyan ay matapos gumamit ng siwāk dahil ang siwāk ay sunnah sa sandali ng pagpasok sa tahanan. Ito ay ang ikaapat na kinalalagyan ng mga kinalalagyan ng pagkabigay-diin ng pagiging sunnah ng siwāk. Ito ay sa sandali ng pagpasok sa tahanan batay sa ḥadīth ni `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya – sa ganang kay Imām Muslim, na nagsabi: "Ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – kapag pumasok siya noon sa bahay niya ay nagsisimula siya sa paggamit ng siwāk."(10) Kapag nasimulan niya sa bahay niya ang paggamit ng siwāk, pumapasok siya, at bumabati siya sa mag-anak niya kaya naman may ilan sa mga may kaalaman na nagsabing bahagi ng sunnah na bumati ka kapag pumasok ka ng bahay, alinmang bahay kahit pa man walang isang tao sa loob nito batay sa sabi ni Allāh (Qur'ān 24:61): **"Kaya kapag pumasok kayo sa mga bahay, bumati kayo sa mga sarili ng isa't isa sa inyo ng isang pagbating mula sa kay Allāh, biniyayaang mabuti. Ganyan nililinaw ni Allāh para sa inyo ang mga kapahayagan nang sa gayon kayo ay makaunawa."**

Nagsabi si Ibnu Ḥijr – kaawaan siya ni Allāh: "Napaloloob sa kalahatan ng pagpapalaganap ang pagbati sa sarili ukol sa sinumang pumasok sa isang lugar na walang isang nasa loob nito batay sa sabi Niya (Qur'ān 24:61): **Kaya kapag pumasok kayo sa mga bahay, bumati kayo sa mga sarili ng isa't isasainyo"**(11)

(9) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 6247. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2168.
(10) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 253.
(11) Tingnan: Fatḥ Al-Bārī, Ḥadīth 6235, Kabanata: Ang Pagpapalaganap ng Pagbati ng Kapayapaan.

**Aral: Makukuha sa naunang nabanggit na itinuturing na sunnah sa pagpasok sa tirahan ang tatlo:**

1. Ang pagbanggit sa pangalan ni Allāh – pagkataas-taas Niya – lalo na sa gabi.

Batay sa ḥadīth ayon kay Jābir bin `Abdillāh – malugod si Allāh sa kanilang dalawa – na siya ay nakarinig sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – na nagsasabi: ***"Kapag pumasok ang lalaki sa bahay niya at binanggit si Allāh sa sandali ng pagpasok niya at sa sandali ng pagkain niya, magsasabi ang demonyo: Walang tuluyan sa magdamag para sa inyo at walang hapunan. Kapag pumasok siya at hindi binanggit si Allāh sa sandali ng pagpasok niya, magsasabi ang demonyo: Nagkamit kayo ng tuluyan sa magdamag at hapunan."***(12)

2. Ang paggamit ng siwāk batay sa ḥadīth ayon kay `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya – at naunang nang nabanggit ito at ang kalagayan nito.

3. **Ikatlo**: Ang pagbati sa mga tao sa bahay.

## 7 Bahagi ng Sunnah ang Pagpapababa ng Tinig sa Pagbati Kapag Pumasok sa mga Taong May mga Natutulog sa Kanila.

Ganito noon ang ginagawa ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – gaya ng nasa ḥadīth ayon kay Al-Miqdād bin Al-Aswad – malugod si Allāh sa kanya – at dito ay nagsabi siya: "…Kaya ginatasan namin at uminom ang bawat tao sa amin ng bahagi nito. Nagtabi kami para sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ng bahagi niya. Dumating siya sa gabi at bumati ng isang pagbating hindi nakagigising ng isang natutulog at nakapagpaparinigsagising."(13)

## 8 Bahagi ng Sunnah ang Pagpaparating ng Pagbati.

Ang pagpaparating ng pagbati ay sunnah gaya ng pagsabi sa iyo ng isang tao: "Batiin mo para sa akin si Polano" sapagkat tunay na bahagi ng sunnah na iparating mo ang pagbating ito sa pinatutungkulan.

Nagpapatunay rito: Batay sa ḥadīth ayon kay `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya – ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi sa kanya: ***"Tunay na si Gabriel ay bumibigkas sa iyo ng pagbati."*** Nagsabi siya: "Kaya sinabi ko: At sumakanya ang kapayapaan at ang awa ni Allāh."(14)

(12) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2018.
(13) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2055.
(14) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 3217. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2447.

Nasaad sa ḥadīth ang pagpaparating ng pagbati sa pinatutungkulan nito gaya ng pagpaparating ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – sa pagbati ni Gabriel – sumakanya ang pangangalaga – kay `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya. Makukuha mula sa naunang ḥadīth ang pagiging sunnah ng pagpapadala ng pagbati sa isang tao.

## 9 Ang Pagbati sa Sandali ng Pagpasok sa Pagtitipon at sa Sandali ng Paglisan din Dito.

Batay sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah - malugod si Allāh sa kanya –na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***Kapag pumunta ang isa sa inyo sa pagtitipon ay bumati siya at kapag ninais niyang tumindig ay bumati siya. Ang una ay hindi higit na karapat-dapat kayasahuli.***"[15]

## 10 Itinuturing na Sunnah ang Pakikipagkamay Kasama ng Pagbati sa Sandali ng Pagkikita



Alinsunod dito ang gawain ng mga kasamahan – malugod si Allāh sa kanila – nagpatunay roon ang ḥadīth ayon kay Qatādah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Nagsabi ako kay Anas: Ang pakikipagkamay ba noon ay nasa mga kasamahan ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan? Nagsabi siya: Oo."[16]

## 11 Itinuturing na Sunnah ang Pagngiti at ang Kaaliwalasan ng Mukha sa Pakikipagkita



Batay sa ḥadīth ayon kay Abū Dharr – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Nagsabi sa akin ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***Huwag ka ngang manghahamak sa nakabubuti ng anuman, kahit pa man makipagkita ka sa kapatid mo nang may maaliwalas na mukha.***"[17] Sa ganang kay Imām At-Tirmidhīy mula sa

(15) Isinaysay ito nina Imām Aḥmad na may numerong 9664, Imām Abū Dāwud na may numerong 5208, at Imām At-Titmidhīy na may numerong 2706. Itinuring na tumpak ito ni Al-Albānīy, Ṣaḥīḥ Al-Jāmi` 1/132.

(16) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 6263.

(17) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2626.

ḥadīth ayon kay Abū Dharr – malugod si Allāh sa kanya: "Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***Ang pagngiti mo sa mukha ng kapatid mo, para sa iyo ay kawanggawa.***"(18)

## 12 Itinuturing na Sunnah ang Mabuting Salita Sapagkat Ito ay Kawanggawa.

Magkatulad lamang kung ito ay sa sandali ng pagkikita o pagtitipon o sa alinmang kalagayan, ang mabuting salita ay sunnah dahil ito ay kawanggawa.

**Nagpapatunay rito:** Ang ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***"Ang mabuting salita ay kawanggawa."***(19)

Madalas na may nagaganap sa mga dila ng mga tao na mabuting pananalita; kung sakaling inasahan nila ang gantimpala nito, talagang gagantimpalaan sila dahil doon nang marami at kukuha sila mula sa mga kawanggawa na ito ng saganang bahagi.

Nagsabi ang Shaykh nating si Ibnu `Uthaymīn – kaawaan siya ni Allāh: "Isang salitang mabuti tulad ng pagsabi mo sa kanya: Papaano ka na? Kumusta ka? Kumusta ang mga kapatid mo."

Kumusta ang mag-anak mo? At anumang nakawangis niyon dahil ito kabilang sa mga mabuting salita na nagpapasok ng galak sa kausap mo. Bawat mabuting salita ito ay kawanggawa para sa iyo sa ganang kay Allāh, kabayaran, at gantimpala."(20)

## 13 Ang Pagtuturing na Kaibig-ibig ang Pag-alaala kay Allāh – Pagkataas-taas Niya – sa Pagtitipon

Ang mga ḥadīth kaugnay sa mga kalamangan ng mga pagtitipon para sa dhikr at ang paghimok dito ay marami. Kabilang doon ang ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***Tunay na si Allāh ay may mga anghel na lumilibot sa mga daan, na naghahanap ng mga taong bumibigkas ng pag-alaala [kay Allāh]. Kapag nakatagpo sila ng mga taong umaalaala kay Allāh, nagtatawagan sila: Halikayo sa pakay ninyo.*** Nagsabi siya: ***Kaya pinaliligiran nila sila ng mga pakpak nila hanggang sa mababanglangit.***(21)

(18) Isinaysay ito ni Imām At-Tirmidhīy na may numerong 1956. Itinuring na tumpak ito ni Al-Albānīy, Aṣ-Ṣaḥīḥah 572.
(19) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 2989. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 1009.
(20) Tingnan: Sharḥ Riyāḍ Aṣ-Ṣāliḥīn ng Shaykh natin 2/996, Kabanata: Ang Pagtuturing na Kaibig-ibig ang Kabutihan ng Pagsasalita at ang Kaaliwasan ng Mukha sa Sandali ng Pagtatago.
(21) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 6408. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2689.

## 14 Itinuturing na sunnah na wakasan ang pagtitipon sa pamamagitan ng Pambayad-sala ng Pagtitipon

Batay sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah - malugod si Allāh sa kanya –na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***"Ang sinumang naupo sa isang pagtitipon at dumami roon ang kaingayan nito at nagsabi bago tumindig sa pagtitipon niyang iyon:*** **Subḥānaka llāhumma wa biḥamdika, ashhadu an lā ilāha illā anta, astaghfiruka wa atūbu ilayk** ***(Napakamaluwalhati Mo, o Allāh, at kalakip ng papuri sa Iyo; sumasaksi ako na walang Diyos kundi Ikaw; humihingi ako ng tawad sa Iyo at nagbabalik-loob ako sa Iyo) magpapatawad sa kanya sa anumang nangyari sa pag-upo niyang iyon."***[22]




(22) Isinaysay ito ni Imām At-Tirmidhīy na may numerong 3433. Itinuring na tumpak ito ni Al-Albānīy, Ṣaḥīḥ Al-Jāmi` 2/1065.

# Mga Sunnah sa Kasuutan at Gayak



## 1 Kabilang sa Sunnah ang Pagkakanan sa Pagsusuot ng Sapatos.



Bahagi ng sunnah kapag ninais ng Muslim na magsuot ng sapatos niya na magsimula sa kanan. Bahagi rin ng sunnah kapag ninais niyang hubarin ang sapatos niya na magsimula sa kaliwa.

**Nagpapatunay rito:** Ang ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya: "Ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi: ***Kapag magsasapatos ang isa sa inyo ay magsimula siya sa kanan. Kapag huhubarin niya ito ay magsimula siya sa kaliwa upang ang kanan ay maging una sa dalawa na isapatos at huli sa dalawa na hubarin.***"[(1)]

(1) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 5856.

Sa ibang pananalita ni Imām Muslim: "***Huwag maglakad ang isa sa inyo na nakasuot ng iisang sapatos. Isuot niya ang dalawang ito na magkasama o hubarin niya ang dalawang ito na magkasama.***"(2)

**Sa dalawang ḥadīth na ito ay may tatlong sunnah:**

1. Na magsimula sa kanan sa pagsusuot ng sapatos.
2. Na magsimula sa kaliwa sa pagsusuot ng sapatos.
3. Na magsuot ng mga sapatos nang magkasama o maghubad ng mga ito nang magkasama kaya naman hindi maglalakas na nakasuot ng iisang sapatos.

## 2 Bahagi ng Sunnah ang Pagsusuot ng Puti sa mga Kasuutan.

Ang tinutukoy ay magsuot ng mga kasuutang kulay puti sapagkat tunay na ito ay bahagi ng sunnah batay sa ḥadīth ayon kay Ibnu `Abbās – malugod si Allāh sa kanila – na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***Magsuot kayo ng mga puting damit ninyo sapagkat tunay na ang mga ito ay kabilang sa pinakamainam sa mga kasuutan ninyo at balutin ninyo rito ang mga patay ninyo.***"(3)



Nagsabi ang Shaykh nating si Ibnu `Uthaymīn – kaawaan siya ni Allāh: "Ito ay sumasaklaw sa pagsusuot ng kasuutang puti: ang mga kamisa, ang mga butones, at ang mga salawal, ang lahat ng mga ito ay kabilang sa nararapat na maging kabilang sa puti sapagkat tunay na ito ay higit na mainam, subalit kung sakaling nagsuot ng ibang kulay, walang masama sa kundisyong ito ay hindi kabilang sa anumang natatangi ang pagsusuot nito sa mga babae."(4)

---

(2) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2097.

(3) Isinaysay ito nina Imām Aḥmad na may numerong 2219, Imām Abū Dāwud na may numerong 3878, at Imām At-Titmidhīy na may numerong 994. Itinuring na tumpak ito ni Al-Albānīy, Ṣaḥīḥ Al-Jāmi` 1/267.

(4) Tingnan: Sharḥ Riyāḍ Aṣ-Ṣāliḥīn ng Shaykh natin 2/1087.

### 3 Bahagi ng Sunnah ang Paggamit ng Pabango.

Batay sa ḥadīth ayon kay Anas – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***Pinaibig sa akin mula sa Mundo ang mga maybahay at ang pabango, at inilagay ang lugod ng mata ko sa dasal.***"[5]

Tungkol naman sa pananalitang: ***Pinaibig sa akin mula sa Mundo ang mga maybahay at ang pabango, at inilagay ang lugod ng mata ko sa dasal***, mahina ito.

Siya noon – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nasusuklam na makalanghap mula sa kanya ng mabahong amoy sapagkat nasaad sa ganang kay Imām Al-Bukhārīy sa isang mahabang ḥadīth ayon kay `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay naghihigpit noon na makalanghap mula sa kanya ng amoy."[6] Tinutukoy nito ang amoy na hindi mabango.

**Kinasusuklaman ang Pagtanggi sa Pabango.**

Nagpapatunay rito: Batay sa ḥadīth ayon kay Anas – malugod si Allāh sa kanya: "Ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay hindi tumatanggi noon sa pabango."[7]



(5) Isinaysay ito ni Imām Aḥmad na may numerong 12293. Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'īy na may numerong 3940. Nagsabi si Al-Albānīy sa Ṣaḥīḥ An-Nasā'īy: magandang tumpak.

(6) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 6972.

(7) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 2582.

### 4 Bahagi ng sunnah ang pagkakanan sa sandali ng pagsusuklay ng buhok.



Ang tinutukoy ng pagsusuklay ng buhok ay ang paggamit ng suklay rito at tunay na bahagi ng sunnah na magsimula sa kanang bahagi, pagkatapos ay sa kaliwa.

**Nagpapatunay rito:**

Ang ḥadīth ayon kay `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Ang Propeta noon – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay naiibigan ang pagkakanan sa pagsasapatos niya, pagsusuklay niya, pagdadalisay niya, at sa lahat ng nauukol sa kanya."[(8)]

(8) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 168. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 268.

# Mga Sunnah sa Pagbahin at Paghikab



## Mga Sunnah sa Pagbahin:

### 1 Itinuturing na Sunnah Para sa Bumabahin na Magsabi ng Alḥamdu lillāh

Batay sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – ayon sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – na nagsabi: "***Kapag bumahin ang isa sa inyo ay magsabi siya ng* Alḥamdu-llāh (*Ang papuri ay ukol kay Allāh*) *at magsabi sa kanya ang kapatid niya o kasamahan niya ng* Yarḥamuka-llāh (*Kaawaan ka ni Allāh*). *Kapag nagsabi ito sa kanya ng* Yarḥamuka-llāh *ay magsabi siya ng* Yahdīkumu-llāh wa yuṣliḥū bālakum (*Patnubayan kayo ni Allāh at pabutihin Niya ang kalagayan ninyo*).**"[1]

Itinuturing na sunnah para sa kanya na sari-sariin ang sinasabi kaya naman magsasabi siya minsan ng Alḥamdu lillāhi `alā kulli ḥal sapagkat nasaad nga ito sa isang sanaysay ayon kay Abū Dāwud: "***Kapag bumahin ang isa sa inyo***

(1) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 6224.

***ay magsabi siya ng* Alḥamdu-llāh `alā kulli ḥāl (*Ang papuri ay ukol kay Allāh sa bawat kalagayan*).”**(2)

Magsasabi ang tumutugon sa panalangin ng bumahin ng **Yarḥamuka-llāh**. Itinuturing na sunnah para sa bumabahin na tumugon dito at magsabi ng **Yahdīkumu-llāh wa yuṣliḥū bālakum**. Lahat ng ito ay pinatunayan ng naunang ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya.

## 2 Ang Sunnah Kapag Hindi Nagpuri kay Allāh – Pagkataas-taas Niya – ang Bumahin ay Hindi Dadalanginan.

Kaya kapag hindi nagpuri kay Allāh – pagkataas-taas Niya – ang bumahin, hindi bahagi ng sunnah na dalanginan siya ng awa batay sa ḥadīth ayon kay Anas – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: “May bumahing dalawang lalaki sa piling ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – at dumalangin ng awa ang isa sa dalawa at hindi dumalangin ng awa ang isa pa kaya nagsabi ang lalaki: O Sugo ni Allāh, dinalanginan mo po ito ngunit hindi mo po ako dinalanginan ng awa. Nagsabi siya: ***Tunay na ito ay nagpuri kay Allāh samantalang hindi ka nagpuri kay Allāh.***”(3) Ito ay kabilang sa gawain niya – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – at nasaad mula sa sabi niya – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ang isinaysay ni Imām Muslim ayon kay Abū Mūsā – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: ***“Kapag bumahin ang isa sa inyo at nagpuri, dalanginan ninyo siya ng awa sapagkat kung hindi siya nagpuri kay Allāh ay huwag ninyo siyang dalanginan ng awa.”***(4)

Subalit kapag ang kalagayan ay ang kalagayan ng pagtuturo gaya ng pagdudulot ng edukasyon ng ama sa anak niya o ng tagapagturo sa mga estudyante niya o tulad niyon na kabilang sa kalagayan ng pagtuturo, tunay na siya nagsasabi rito na magsabi ng **Alḥamdu lillāh** upang dulutan ito ng edukasyon alinsunod sa sunnah na ito sapagkat ito ay maaaring hindi nakaaalam sa pagiging sunnah nito.

Ganito sa sinumang sinisipon sapagkat tunay na siya ay hindi pananalanginan ng awa matapos ang ikatlong bahin. Kaya kapag bumahin siya nang tatlong ulit, dadalanginan siya ng awa at pagkatapos nito ay hindi siya dadalanginan ng awa.

---

(2) Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud na may numerong 5031. Nagsabi si Ibnu Al-Qayyim – kaawaan siya ni Allāh – sa Zād Al-Ma`ād 2/436 tungkol sa ḥadīth na ito: “Ang kawing ng pananalaysay nito ay tumpak.”

(3) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 6225.

(4) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2992.

**Nagpapatunay rito:** Ang isinaysay ni Abū Dāwud sa Sunan niya ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: “Dumalangin ka ng awa sa kapatid mo nang tatlong ulit ngunit ang anumang lumabis, ito aysipon.”(5)

Kinakatigan ito ng isinaysay ni Imām Muslim sa Ṣaḥīḥ niya mula sa ḥadīth ayon kay Salamah bin Al-Akwa` - malugod si Allāh sa kanya: “Na siya ay nakarinig sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – habang may bumahing isang lalaki sa tabi nito kaya nagsabi siya roon ng ***Yarḥamuka-llāh***. Pagkatapos ay bumahin iyon ng isa pa kaya nagsabi roon ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***Ang lalaki ay sinisipon.***”(6)

**Mabubuod mula sa naunang pagtatalakay na ang bumabahin ay hindi dinadalanginan sa dalawang kalagayan:**

1. Kapag hindi siya nagpuri kay Allāh – pagkataas-taas Niya.
2. Kapag lumabis siya sa tatlong pagbahin dahil siya sinisipon.

## Mga Sunnah sa Paghikab

### Bahagi ng Sunnah na Pigilin ang Paghikab o Takpan ito ng Kamay.

**Nagpapatunay rito:**

Ang ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – ayon sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – na nagsabi: ***“Tunay na si Allāh ay ibig ang pagbahin at nasusuklam sa paghihikab. Kaya kapag bumahin siya at nagpuri, tungkulin sa bawat Muslim na nakarinig sa kanya na dalanginan siya ng awa. Tungkol naman sa paghihikab, ito ay mula sa demonyo lamang kaya pigilin niya ito sa abot ng makakaya niya. Kapag nagsabi siya ng ha, tatawa sa kanya ang demonyo.”***(7)

Sa ganang kay ni Imām Muslim mula sa ḥadīth ayon kay Abū Sa`īd – malugod si Allāh sa kanya: “Nagsabi ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***Kapag humikab ang isa sa inyo ay pigilin niya ng kamay niya sa pagbukas ang bibig niya sapagkat tunay na ang demonyo ay pumapasok.***”(8) Kaya ang pagpigil sa paghikab ay nasa pagkontrol gamit ang

(5) Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud na may numerong 5034. Nagsabi si Al-Albānīy – kaawaan siya ni Allāh: “maganda, na mawqūf (huminto sa Kasamahan ang sanaysay) at marfū` (umabot sa Propeta ang sanaysay),” Ṣaḥīḥ Abī Dāwud 4/308.

(6) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2993.

(7) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 2663.

(8) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2995.

bibig sa pamamagitan ng pagpigil sa pagbukas nito, o nasa pagdiin ng mga ngipin sa labi, o nasa paglagay ng kamay sa bibig, at tulad niyon.

Gayon din, tunay na Ang Pinakamainam sa naghihikab ay huwag niyang itaas ang tinig Niya sa paghikab **gaya** ng pagsabi ng HA o AH at tulad nito na mga tinig na inilalabas niya dahil ito ay nag-aanya sa pagtawa ng demonyo sa kanya.

**Nagpapatunay rito:**

Ang ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – ayon sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – na nagsabi: ***"Ang paghihikab ay mula sa demonyo kaya kapag humikab ang isa sa inyo ay pigilin niya sa abot ng makakaya niya sapagkat tunay na ang isa sa inyo, kapag nagsabi ng HA, ay tinatawanan ng demonyo."***(9)

**Tawag-pansin:** Nasanay ang ilan sa mga tao sa pagpapakupkop laban sa demonyo matapos ang paghikab. Walang patunay roon, bagkus ito ay pagsalungat sa patnubay ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – dahil ito ay nagsaad ng dhikr na hindi sinabi ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – sa kalagayang ito.



(9) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 3298. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2994.

## Mga Ibang Pang-araw-araw na Sunnah



### Ang Pagsambit ng Dhikr na Nasasaad sa Pagpasok sa Palikuran at Paglabas Mula Roon.

**Itinuturing na sunnah para sa sinumang pumasok sa palikuran na sabihin ang nasaad sa Ṣaḥīḥayn:**



Ayon kay Anas – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "Ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – kapag pumasok siya noon sa palikuran ay nagsasabi: "**Allāhumma innī a`ūdhu bika mina -lkhubthi wa -lkhabā'ith. (*O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa mga lalaking demonyo at mga babaing demonyo.*)**"[1]

(1) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 6322. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 375.

Ang mga lalaking demonyo ay **khubth** at ang mga babae nila ay khabā'th. Ang pagpapakupkop ay laban sa mga lalaki ng mga demonyo at mga babae nila.

Ang **khabā'th** ay ang mga kaluluwang masama kaya ang pagpapakukop laban sa kasamaan at mga kampon nito ay higit na masaklaw.

- **Itinuturing na sunnah para sa sinumang lumabas ng palikuran na sabihin:**

Ang nasaad sa Musnad Aḥmad, Sunan Abī Dāwud, at Sunan At-Tirmidhīy. Itinuring na tumpak ito ni Al-Albānīy ayon kay `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – kapag lumabas siya noon mula sa palikuran, ay nagsasabi ng **Ghufrānak. *(Kapatawaran Mo [ang hiling ko].)***"(2)

### Itinuturing na sunnah ang pagsusulat ng huling habilin.



Ang huling habilin ay sunnah para sa bawat Muslim sa panahon ng pagkakasakit batay sa sabi ng Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "***Tungkulin ng isang lalaking Muslim na may bagay na ihahabilin kaugnay rito na hindi magpalipas ng dalawang gabi malibang ang habilin niya sa piling niya ay nakasulat.***"(3) Ang pagbanggit sa dalawang gabi sa ḥadīth ay hindi paglilimita. Ang tinutukoy lamang dito ay hindi magpapalipas sa kanya ng maiksing panahon malibang ang habilin niya ay nakasulat sa piling niya dahil hindi niya nalalaman kung kailan siya mamamatay. Ito ay sunnah na sumasaklaw sa lahat ng mga tao.

Tungkol naman sa habilin kaugnay sa mga karapatan ni Allāh – pagkataas-taas Niya – gaya ng zakāh, o ḥajj, o pambayad-sala, o mga karapatan ng mga tao gaya ng utang at ng pagsasauli ng mga ipinagkatiwala, ang mga ito ay isinasatungkulin hindi sunnah dahil nakasalalay sa mga ito ang pagganap sa mga karapatang isinatungkulin lalo na kapag hindi nalaman ng isa man ang mga karapatang ito. **Ang anumang hindi naisasakatuparan ang isinatungkulin malibang sa pamamagitan nito, ito ay isinasatungkulin.**

---

(2) Isinaysay ito nina Imām Aḥmad na may numerong 25220, Imām Abū Dāwud na may numerong 30, at Imām At-Titmidhīy na may numerong 7. Itinuring na tumpak ito ni Al-Albānīy, Taḥqīq Mishkāh Al-Maṣābīḥ 1/116.

(3) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 2783. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 1626, mula sa ḥadīth ayon kay Ibnu `Umar – malugod si Allāh sa kanilang dalawa.

## Ang Pagpaparaya at ang Kabanayaran sa Pagtitinda ang Pagbili




Iyon ay sa pamamagitan ng pagtataglay ng bawat isa sa tindero at mamimili ng katangian ng pagpaparaya at kabanayaran sa sandali ng pagtitinda. Hindi magpapakahigpit ang isa't isa sa kanila sa pakikipagtawaran sa presyo at sa pagtatalo rito, bagkus maging mapagparaya sila sa isa't isa.

**Nagpapatunay rito:**

Ang ḥadīth ayon kay Jābir bin `Abdillāh – malugod si Allāh sa kanilang dalawa – ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi: ***"Maawa si Allāh sa isang lalaking mapagparaya kapag nagtinda, kapag bumili, at kapag naningil."***(4)

Gayon din kapag humiling siyang gampanan ang karapatan niya sapagkat tunay na bahagi ng sunnah humiling nang may kagaanan at kabanayaran batay sa sabi ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "***at kapag naningil***".

## Ṣalāh na Dalawang Rak`ah Pagkatapos ng Bawat Wuḍū'



Ito ay kabilang sa mga sunnah na pang-araw-araw na nagreresulta dahil dito ng malaking kalamangan: ang pagpasok sa Paraiso. Ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya: "Ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi kay Bilāl sa sandali ng dasal sa madaling-araw: ***O Bilāl, magsalaysay ka sa akin ng pinakainaasahang gawaing ginawa mo sa Islām sapagkat tunay na ako ay nakarinig ng yabag ng mga sapatos mo sa harapan ko sa Paraiso.*** Nagsabi siya: Wala akong ginawang gawaing higit na inaasahan sa ganang akin kaysa sa ako ay hindi nagpakadalisay ng isang kadalisayan sa isang oras ng gabi o maghapon malibang nagdasal ako sa pamamagitan ng kadalisayang iyon ng itinakda sa akin na dasalin ko."(5) Ang ***yabag ng mga sapatos mo*** ay nangangahulugang: Paggalaw ng mga sapatos mo.

(4) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 2076.
(5) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 1149. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2458.

## Ang Paghihintay sa Ṣalah



Ang paghihintay sa ṣalāh ay kabilang sa mga sunnah na nagreresulta dahil dito ng malaking kalamangan.

**Nagpapatunay rito:**

Ang ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya: "Ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi: ***Hindi tumitigil ang isa sa inyo sa pagdarasal hanggat ang pagdarasal ay pumipigil sa kanya; walang humahadlang sa kanya na bumalik sa mag-anak niya kundi ang pagdarasal.***"[6]

Ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya: "Ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan ay nagsabi: ***Ang mga anghel ay dumadalangin ng pagpapala sa [bawat] isa sa inyo hanggat nasa dasalan niya, hanggat hindi nasira ang wuḍū'. O Allāh, magpatawad Ka sa kanya. O Allāh, maawa Ka sa kanya. Hindi tumitigil ang isa sa inyo sa pagdarasal hanggat ang pagdarasal ay pumipigil sa kanya; walang humahadlang sa kanya na bumalik sa mag-anak niya kundi ang pagdarasal.***"[7] Ang sabi niya: "***hanggat hindi nasira ang wuḍū***"' ay nangangahulugang: Walang nangyaring anumang nakasisira sa wuḍū'. Sa ganang kay Imām Muslim:

"***hanggat hindi siya nanligalig dito at hanggat hindi siya nasiraan ng wuḍū***"'[8] Nangangahulugan ito: Ang gantimpalang ito ay nakabatay sa kundisyong hindi siya magdudulot sa isa man ng kapinsalaan sa pag-upo niya at hindi nasisira ang wuḍū' niya.

## Ang Siwāk

Ang paggamit ng siwāk ay kabilang sa mga sunnah na lubos na naisasagawa sa bawat oras. Ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nag-uudyok noon dito nang madalas hanggang sa nagsabi siya: "Madalas akong nagsabi sa inyo tungkol sa siwāk."[9] Nagsabi ang Propeta – pagpalain siya ni

(6) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 659. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 649. Kaya naman siya sa paghihintay niya ay tatanggap ng gantimpala ng ṣalāh.

(7) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 659. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 649.

(8) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 649.

(9) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 888, mula sa ḥadīth ayon kay Anas – malugod si Allāh sa kanya.

Allāh at pangalagaan – kaugnay rito: "***Ang siwāk ay isang pandalisay para sa bibig, pampalugod para sa Panginoon.***"[10]



Nabibigyang-diin ang pagiging sunnah ng siwāk sa maraming kalagayang naunang nabanggit ang ilan sa mga ito lalo na ang nauulit-ulit sa araw at gabi gaya ng pagdarasal sa gabi, ng sa sandali ng pagsasagawa ng wuḍū', ng sa sandali ng bawat ṣalāh, at ng sa sandali ng pagpasok sa tahanan. Si Allāh ay higit na nakaaalam.

## Ang Pagpapanibago ng Wuḍū' Para sa Bawat Ṣalāh



Itinuturing na sunnah para sa Muslim na panibaguhin ang wuḍū' para sa bawat ṣalāh. Kaya kung sakaling siya ay nagsagawa ng wuḍū' para sa ṣalāh sa maghrib, halimbawa, pagkatapos ay nagdasal siya sa maghrib, at kapag sumapit naman ang ṣalāh sa `ishā', itinuturing na sunnah na magsagawa ng wuḍū' kahit pa man siya ay nasa kadalisayan pa. Kaya ang sunnah ay magsagawa ng isang bagong wuḍū' para sa bawat ṣalāh.

**Nagpapatunay rito:**

Ang ḥadīth sa ganang kay Imām Al-Bukhārīy na nagsabi: "Ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsasagawa ng wuḍū' sa sandali ngbawatṣalāh."[11]

Gayon din, bahagi ng sunnah na ang tao ay maging nasa kadalisayan sa buong araw niya batay sa ḥadīth ayon kay Thawbān – malugod si Allāh sa kanya: "Ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi: ***Walang nangangalaga sa wuḍū' maliban sa isang mananamapalataya.***"[12]

(10) Isinaysay ito ni Imām Aḥmad na may numerong 7. Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'īy na may numerong 5 mula sa ḥadīth ayon kay `Ā'ishah – malugod si Allāh sa kanya. Itinuring na tumpak ito ni Al-Albānīy, Al-Irwā' 1/105.

(11) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy 214.

(12) Isinaysay ito ni Imām Aḥmad na may numerong 22434. Isinaysay ito ni Imām Ibnu Mājah na may numerong 277. Isinaysay ito ni Imām Ad-Dārimīy na may numerong 655. Itinuring na tumpak ito ni Al-Albānīy, Ṣaḥīḥ Al-Jāmi` 1/225.

## Ang Panalangin

**Ang paglilinaw sa itinuturing na sunnah para sa Muslim na gawin niya kapag ninais niya na dumalangin. Kabilang sa mga sunnah:**

1 **Na manalangin samantalang siya ay nasa kadalisayan.**

Batay sa ḥadīth ayon kay Abū Mūsā – malugod si Allāh sa kanya – sa Ṣaḥīḥān, at kuwento niya kasama ng tiyuhin niyang si Abū `Āmir – malugod si Allāh sa kanya – noong ipinadala siya ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – sa hukbo ng Awṭās. Nasaad sa ḥadīth na napatay si Abū `Āmir – malugod si Allāh sa kanya – at nagtagubilin siya kay Abū Mūsā – malugod si Allāh sa kanya – na magparating sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ng pagbati at dumalangin para sa kanya. Nagsabi si Abū Mūsā: “Ibinalita ko sa kanya ang nangyari sa amin at ang nangyari kay Abū `Āmir at nagsabi ako sa kanya: Nagsabi ito: Sabihin mo sa kanya na humingi siya ng tawad para sa akin. Nagpakuha ang Sugo ni Allāh ng tubig at nagsagawa ng wuḍū’ mula rito. Pagkatapos ay inangat niya ang mga kamay niya. Pagkatapos ay nagsabi siya: ***O Allāh, magpatawad sa munting lingkod Mong si Abū `Āmir***, hanggang sa nakita ko ang kaputian ng kilikili niya. Pagkatapos ay nagsabi siya: ***O Allāh, ilagay Mo siya sa Araw ng Pagkabuhay sa ibabaw ng marami sa nilikha Mo*** o ***sa mga tao.***”(13)

2 **Ang pagharap sa Qiblah.**

Ayon kay `Abdullāh bin `Abbās – malugod si Allāh sa kanilang dalawa – na nagsabi: Nagsalaysay sa akin si `Umar bin Al-Khaṭṭāb – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: “Noong Araw ng Badr, tumingin ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – sa mga Mushrik habang sila ay isang libo samantalang ang mga kasamahan niya ay tatlong daan at labingsiyam na lalaki. Humarap ang Propeta ni Allāh sa Qiblah. Pagkatapos ay inunat niya ang mga kamay niya, na nananawagan sa Panginoon niya: ***O Allāh, tuparin Mo sa akin ang ipinangako Mo sa akin. O Allāh, ibigay Mo sa akin ang ipinangako Mo sa akin. O Allāh, kung masasawi ang pangkat na ito na kabilang sa mga alagad ng Islām, hindi ka na sasambahin sa lupa.*** Hindi siya tumigil sa pananawagan sa Panginoon niya habang nakaunat ang mga kamay niya, habang nakaharap sa Qiblah, hanggang sa bumagsak ang balabal niya buhat sa mga balikat niya. Pinuntahan siya ni Abū Bakr, kinuha ang balabal niya, at inilagay sa mga balikat niya. Pagkatapos ay dinikitan siya nito mula sa likuran niya at nagsabi: O Propeta ni Allāh, sumapat na sa iyo ang paghiling mo sa Panginoon mo sapagkat tunay na Siya ay tutupad para sa iyo ng ipinangako Niya sa iyo…”(14)

(13) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 4323. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2498.
(14) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 1763.



3 **Ang pag-aangat ng mga kamay.**

**Nagpapatunay rito:** Ang naunang ḥadīth ayon kay Ibnu `Abbās – malugod si Allāh sa kanilang dalawa – at nasaad dito: "Humarap ang Propeta ni Allāh sa Qiblah." Ang mga ḥadīth para sa sunnah na ito ay marami.

4 **Ang pagsisimula sa pagbubunyi kay Allāh – kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan – at pagdalangin ng pagpapala sa Sugo Niya – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan.**

Batay sa isinaysay ni Imām At-Tirmidhīy ayon kay Fuḍālah bin `Ubayd – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Habang ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nakaupo biglang may pumasok na isang lalaki at nagdasal at nagsabi: O Allāh, magpatawad Ka sa akin at maawa Ka sa akin. Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***Nagmadali ka, o nagdarasal. Kapag nagdasal ka, uupo ka at purihin mo si Allāh sa anumang Siya ay karapat-dapat doon. Dumalangin ka ng pagpapala para sa akin. Pagkatapos ay dumalangin ka sa Kanya.***"(15) Sa isang sanaysay nito: "***Kapag nagdasal ang isa sa inyo, magsimula siya sa pagpupuri-puri kay Allāh at pagbubunyi sa Kanya. Pagkatapos ay dumalangin siya ng pagpapala para sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan. Pagkatapos ay dumalangin siya matapos nito ng anumang niloobniya.***"(16)

5 **Ang panalangin kay Allāh – pagkataas-taas Niya – gamit ang mga pangalan Niyang pinakamagaganda.**

Kaya pipili siya mula sa mga pinakamagagandang pangalan ni Allāh ng anumang naaakma at naaangkop sa panalangin niya. Kaya kapag hiniling kay Allāh – napakamaluwalhati Niya – ang panustos, magsasabi ng **Yā Razzāq** (O Mapagtustos). Kapag hiniling kay Allāh – kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan – ang kapangyarihan, magsasabi ng **Yā `Azīz** (O Makapangyarihan). Kapag hiniling kay Allāh – kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan – ang kapatawaran, magsasabi ng **Yā Ghafūr** (O Mapagpatawad). Kapag humiling kay Allāh ng paggaling, magsasabi ng **Yā Shāfī** (O Tagapagpagaling).

(15) Isinaysay ito ni Imām At-Tirmidhīy na may numerong 3476.
(16) Isinaysay ito ni Imām At-Tirmidhīy na may numerong 3477. Itinuring na tumpak ito ni Al-Albānīy, Ṣaḥīḥ Al-Jāmi` 1/172.

Ganito siya mananalangin ng nababagay sa panalangin niya batay sa sabi ni Allāh (Qur'ān 7:180): **Taglay ni Allāh ang mga pangalang napakagaganda kaya dumalangin kayo sa Kanya sa pamamagitan ng mga ito.**

6 **Ang pag-uulit ng panalangin at ang pangungulit dito.**

**Nagpapatunay rito:** Ang ḥadīth ayon kay Ibnu `Abbās – malugod si Allāh sa kanilang dalawa – na nauna kung saan nagsabi ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "***O Allāh, tuparin Mo sa akin ang ipinangako Mo sa akin. O Allāh, ibigay Mo sa akin ang ipinangako Mo sa akin.***" Hindi siya tumigil sa pananawagan sa Panginoon niya – pagkataas-taas Niya – hanggang sa bumagsak ang balabal niya buhat sa mga balikat niya samantalang si Abū Bakr ay nakadikit sa kanya nagsabi: "O Propeta ni Allāh, sumapat na sa iyo ang paghiling mo sa Panginoon mo."(17)

Gayon din ang nasaad sa Ṣaḥīḥān mula sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – noong nag-anyaya ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan –sa liping Daws at nagsabi: "***O Allāh, patnubayan Mo ang liping Daws at dahil Mo sila. O Allāh, patnubayan Mo ang liping Daws at dahil Mo sila.***"(18)

Gayon din ang nasaad sa Ṣaḥīḥ Muslim na tinutukoy: "***Ang lalaking nagpapahaba ng paglalakbay, na nagulo ang buhok, na naalikabukan, na nag-uunat ng mga kamay niya tungo sa langit: O Panginoon ko, o Panginoon ko.***"(19)

Ang sunnah ay manalangin nang tatlong ulit batay sa ḥadīth ayon kay Ibnu Mas`ūd – malugod si Allāh sa kanya – sa Ṣaḥīḥān at nasaad dito: "Siya noon, kapag dumalangin, ay dumadalangin nang tatlong ulit; at kapag humiling, ay humihiling nang tatlong ulit. Pagkatapos ay nagsabi siya: ***O Allāh, bahala ka na sa Quraysh***, nang tatlong ulit."(20)

7 **Ang pagkukubli ng panalangin.**

Batay sa sabi ni Allāh (Qur'ān 7:55): "**Manalangin kayo sa Panginoon ninyo nang may pagpapakumbaba at nang pakubli.**" Ang pagkukubli ng panalangin ay higit na malapit sa kawagasan. Dahil dito, pinapurihan ni Allāh – kamahal-mahalan Siya at pagkataas-taas – si Propeta Zacaria – sumakanya ang pangangalaga – at nagsabi (Qur'ān 19:3): "**nang tinawag siya ng**

(17) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 1763.
(18) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 2937. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2524.
(19) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 1015.
(20) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 240. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 1794.

**Panginoon niya sa isang panawagang lihim.**" Ito ay dala ng paghiling ng kawagasan ayon sa isa sa mga pahayag ng mga pantas ng tafsīr.

- **Aral:** Marahil nagtatanong ang ilan: **Ano ang sasabihin ko sa panalangin ko?**



**Ang Sagot:** Dumalangin ka ng anumang ninanais mo sa mga bagay-bagay sa buhay sa Mundo at Kabilang-buhay. Magsigasig ka sa pagdalangin gamit ang Jawāmi1 Al-Kalim, ang mga panalanging nasasaad sa Qur'ān at Sunnah. Naglalaman ang mga ito ng paghiling ng mga mabuti sa Mundo at Kabilang-buhay. Pagnilayan mo ang tanong na ito nang inilahad sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – at sumagot siya ng mga salitang dakila na nagtitipon para sa Muslim ng Mundo at Kabilang-buhay. Kay dakila nito bilang nakagagalak na balita at kay sagana nito bilang bigay kaya panghawakan mo ang mga ito at pagbulay-bulayan mo ang mga ito.

Ayon kay Abū Mālik Al-Ashja`īy ayon sa ama niya – malugod si Allāh sa kanilang dalawa: "Siya ay nakarinig sa Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – at pinuntahan ito ng isang lalaki at nagsabi: O Sugo ni Allāh, papaano po akong magsasabi kapag hihiling ako sa Panginoon ko? Nagsabi siya: ***Sabihin mo:*** **Allāhumma ghfir lī, wa rḥamnī, wa `āfinī, wa rzuqnī. (*O Allāh, patawarin Mo ako, kaawaan Mo ako, palusugin Mo ako, at tustusan Moako.*)**"(21)

Sa isang sanaysay niya: "Ang lalaki, kapag yumakap sa Islām, ay tinuturuan ito ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ng ṣalāh. Pagkatapos ay inutusang dumalangin ng mga salitang ito: **Allāhumma ghfir lī, wa rḥamnī, wa `āfinī, wa rzuqnī. (*O Allāh, patawarin Mo ako, kaawaan Mo ako, palusugin Mo ako, at tustusan Mo ako.*)**"(22)

(21) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2697.
(22) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2697.

**Ibang Aral:** Itinuturing na sunnah para sa tao na manalangin para sa kapatid niya sa likod ng paglilingid. Ito ay panalanging tinutugon ayon sa kapahintulutan ni Allāh – pagkataas-taas Niya – at ang dumadalangin ay may dakilang kalamangan. Ito ay ang isinaysay ni Imām Muslim sa Ṣaḥīḥ niya ayon kay Abū Ad-Dardā' – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***Ang panalangin ng taong Muslim para sa kapatid niya sa likod ng paglilingid ay tinutugon habang sa tabi ng ulo niya ay may isang anghel na itinalaga. Tuwing dumadalangin siya para sa kapatid niya ng mabuti, nagsasabi ang itinalagang anghel para sa kanya: Āmīn at ukol sa iyo gayundin.***"(23)



Anong bigat ng pangangailangan mo para mag-isa kasama ng sarili mo upang tuusin ito at alalahanin mo ang Panginoon mo lalo na sa panahon ng pagdami ng pagkaabala at pagkalingat!

(23) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2733.

### Bahagi ng mga sunnah na pang-araw-araw ang pag-alaala kay Allāh – pagkataas-taas Niya.

**Natatanging Kahulugan:** Ito ay pag-alaala kay Allāh – kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan – gamit ang mga pananalitang nasaad buhat kay Allāh – napakamaluwalhati Niya at pagkataas-taas – gaya ng pagbigkas ng Qur'ān, o ang mga pananalitang nasaad buhat sa dila ng Sugo Niya – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – at naglalaman ito ng pagdakila, paglalayo sa kapintasan, pagbabanal, at paniniwala sa kaisahan ni Allāh – napakamaluwalhati Niya at pagkataas-taas.

Ang nilalayon sa sunnah na ito ay **ang natatanging kahulugan**.

Ang pinakadakila rito ay ang pagbigkas sa Aklat ni Allāh – pagkataas-taas Niya – sapagkat ang paggamit bilang pagsamba sa pamamagitan ng pagbigkas nito ay pumuyat sa mga mata ng Salaf at nagkait ng mga tulog nila (Qur'ān 51:17-18): "**Sila noon ay kakaunti mula sa gabi ang itinutulog. Sa mga huling bahagi ng gabi, sila ay humihingi ng tawad.**" Kaya natipon nila sa gabi nila ang pagbigkas sa Aklat ni Allāh – pagkataas- taas Niya – at nalalabing mga dhikr na iniulat buhat sa Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – kaya kahanga-hanga ang isang gabing bumuti dahil sa pagdarasal ng mga tao sa Kanya. Kalungkot-lungkot ang pagsasayang natin, ang pagpapawalang-bahala natin, at ang pagpapabaya natin sa mga gabi natin at mga madaling-araw natin! Sana ay maligtas sa pagsuway sa Diyos natin. Ito ay malibang naawa sa atin ang Panginoon – pagkataas-taas Niya.

### Papaano noon ang mga kasamahan kasama ng Qur'ān?

Naunang nabanggit ito sa unang bahagi ng mga sunnah mula sa ḥadīth ayon kay Ḥudhayfah kung papaano ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – bumibigkas sa iisang rak`ah ng Sūrah Al-Baqarah. Pagkatapos ay Sūrah An-Nisā'. Pagkatapos ay Sūrah Āl `Imrān. Ayon kay Abū Wā'il, ayon kay `Abdullāh – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Nagdasal ako kasama ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – isang gabi at hindi siya tumigil sa pagkakatayo hanggang sa nagpasya ako ng isang masagwang bagay. Nagsabi kami: At ano ang ipinasya mo? Nagsabi siya: Nagpasya akong umupo at iwan ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan."[24]

(24) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 1135. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 773.

Sa Ṣaḥīḥān, ayon kay `Abdullāh bin `Amr – malugod si Allāh sa kanilang dalawa – na nagsabi: "Nagsabi sa akin ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***Bigkasin mo ang Qur'ān sa bawat buwan.*** Nagsabi ako: Tunay na ako ay nakatatagpo ng lakas. Nagsabi siya: ***Kaya bigkasin mo ito sa loob ng dalawampung araw.*** Nagsabi ako: Tunay na ako ay nakatatagpo ng lakas. Nagsabi siya: ***Kaya bigkasin mo ito sa loob ng pitong araw at huwagkangmagdagdagdoon.***"[25]

Yamang ang mga kasamahan – malugod si Allāh sa kanila – ang pinakamasigasig sa mga tao sa Qur'ān, sila noon ay nanghihinayang sa hindi pagkabigkas nito kaya naman gumawa para sa kanila ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ng isang pagkakataong maitutumbas nila sa hindi nila nabigkas mula sa Qur'ān. Isinaysay ni Imām Muslim sa Ṣaḥīḥ niya ang ḥadīth ayon kay `Umar bin Al-Khaṭṭāb – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***Ang sinumang nakatulog nang hindi nakabibigkas ng bahagi niya [sa Qur'ān] o ng anuman mula rito ngunit binigkas niya ito sa pagitan ng dasal sa madaling-araw at dasal sa tanghali, itatala para sa kanya na para bang binigkas niya lamang ito sa gabi.***"[26] Kaya Panginoon ko, isunod Mo kami sa kanila sa kabila ng pagkukulang namin at mga pagkalingat namin.


Ayon kay Aws bin Ḥudhayfah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Tinanong ko ang mga kasamahan ng Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: Papaano ninyong hinahati ang Qur'ān? Nagsabi sila: Tatlo, lima, pito, siyam, labing-isa, labingtatlo, at ḥizbu-lmufaṣṣal lamang."[27]

Ang tinutukoy ng "tatlo" ay simula ng tatlong sūrah sa unang araw. Pagkatapos ang "lima" ay sumusunod doon sa ikalawang araw. Ganito hanggang sa matapos nila ang Qur'ān sa isang linggo. Ganito noon ang unang salinlahi kasama ng pinakadakilang dhikr, ang Qur'ān, sumunod sa bakas ng mga iyon ang sumunod sa mga iyon na Salaf dahil sila ay nahubog ayon sa pamamaraan ng paaralan ng mga iyon. Madalang kang makababasa ng talambuhay ng isa sa kanila na hindi mo matatagpuang ito noon ay tumatapos ng Qur'ān sa loob ng isang panahon. Ang karamihan sa kanila, ang nakagawian ay lingguhan: tinatapos nila tuwing isang linggo.

(25) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 5054. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 1159.
(26) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 747.
(27) Isinaysay ito ni Imām Aḥmad na may numerong 16166. Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud na may numerong 1393.

Ayon kay Ḥammād bin Zayd, ayon kay `Aṭā’ bin As-Sā’ib: Si Abū `Abdirraḥmān ay nagsabi: “Nakuha namin ang Qur’ān buhat sa mga taong nagbalita sa amin na sila noon, kapag natuto ng sampung āyah, ay hindi lumalampas sa mga ito patungo sa ibang sampung āyah hanggang sa maisagawa nila ang nasa loob ng mga ito. Kaya kami noon ay natututo ng Qur’ān at ng pagsasagawa nito. Mamanahin ang Qur’ān matapos namin ng mga taong iinom nito gaya ng pag-inom ng tubig, na hindi lalampas sa mga balagat nila.”(28)

### Ang dhikr, dito ay may buhay para sa mga puso.



Marami sa atin lalo na sa mga panahong ito kasabay ng dami ng pinagkakaabalahan ay dumaraing ng pangangalawang ng puso at kapabayaan niya. Ang buhay ng puso ay nasa pag-alaala Sa Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy mula sa ḥadīth ayon kay Abū Mūsā – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: “Nagsabi ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***Ang paghahalintulad ng umaalaala sa Panginoon niya at ng hindi umaalaala sa Panginoon niya at tulad ng buhay at patay.***” Sa Pananalita ni Imām Muslim, nagasabi ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: “***Ang paghahalintulad ng bahay na inaalaala si Allāh roon at ng bahay na hindi inaalaala si Allāh doon ay tulad ng buhay at patay.***”(29)

Nagsabi si Ibnu Al-Qayyim – kaawaan siya ni Allāh – sa aklat niyang Madārij As-Sālikīn sa Bahagi: Ang Katayuan ng Pag-alaala: “Kabilang sa mga katayuan ng **Sa Iyo lamang kami sumasamba at sa Iyo lamang kami nagpapatulong** ay ang katayuan ng pag-alaala [kay Allāh]. Ito ay pinakamalaking katayuan ng mga tao, na mula rito ay nagbabaon sila, dito ay nangangalakal sila, at tungo rito ay nagbalik-balik sila. Ang pag-alaala ay laganap sa pagtangkilik, na ang sinumang binigyan nito ay napauugnay at sinumang pinagkaitan nito ay napahihiwalay. Ito ay pagkain ng mga puso ng mga tao, na kapag humiwalay sa mga ito, ang mga katawan ay magiging mga puntod para sa mga ito; at gusali ng mga tahanan nila na kapag nasira, ito ay maging hungkag…Ito ay pagningning ng mga puso, pagkinis ng mga ito, at gamot ng mga ito kapag binalot ang mga ito ng pagkakasakit. Sa tuwing nadadagdagan ang umaalaala sa pag-aalaala niya ng sigla, nadaragdagan ang inaalaala ng pagkaibig sa pakikipagtagpo sa kanya at pananabik…Ito ay pinto

(28) Tingnan: Siyar A`lām An-Nubalā`, 4/269.
(29) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 6407. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 779.

ni Allāh, na pinakadakila, na nakabukas sa pagitan Niya at ng lingkod Niya hanggat hindi isinasara ito ng tao sa pamamagitan ng kapabayaan niya."[30]

Nagsabi si Ibnu Al-Qayyim – kaawaan siya ni Allāh – sa aklat niyang Al-Wābil AṢ-Ṣayyib ng higit sa isandaang aral dulot ng pag-alaala, na makabubuti ang pagsangguni sa mga iyon sapagkat nasa mga iyon ang pumupukaw sa mga malasakit sa pagpapanatili sa dakilang pagsambang ito. Inilahad niya sa mga ito ang mga huwaran para sa mga nag-aalaala lalo na ang Shaykh niyang si Shaykh Al-Islām Ibnu Taymiyah – kaawaan siya ni Allāh.[31]

### Naghikayat si Allāh – kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan – sa pag-alaala sa Kanya sa maraming kalagayan. Kabilang sa mga ito:

1. Naghikayat si Allāh – kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan – sa mga lingkod Niya na magparami sila ng pag-alaala. Nagsabi si Allāh (Qur'ān 33:41): "**O mga sumampalataya, alalahanin ninyo si Allāh nang madalas na pag-aalaala at luwalhatiin ninyo Siya sa umaga at gabi.**"

2. Nangako si Allāh – pagkataas-taas Niya – sa mga lalaking nag-aalaala at mga babaing nag-aalaala ng kapatawaran at malaking kabayaran at gantimpala. Nagsabi si Allāh (Qur'ān 33:35): "***ang mga lalaking umaalaala kay Allāh nang madalas at ang mga babaing umaalaala ay naghanda si Allāh para sa kanila ng kapatawaran at dakilang kabayaran.***"

3. Nagbabala sa atin si Allāh – kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan – laban sa mga katangian ng mga nagpapanggap na sumampalataya sapagkat sila man ay nag-aalaala kay Allāh – kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan – ngunit pagnilayan mo ang sukat ng pag-alaala nila. Nagsabi si Allāh (Qur'ān 4:142): "**Tunay na ang mga nagkukunwaring sumampalataya ay nagtatangkang linlangin si Allāh ngunit Siya ang lumilinlang sa kanila. Kapag tatayo sila para sa pagdarasal, tumatayo sila bilang mga tamad na nagpapakitang-gilas sa mga tao; at hindi nila naaalaala si Allāh kung hindi madalang.**"

(30) Tingnan: Madārij As-Sālikīn 2/423.
(31) Tingnan: Al-Wābil Aṣ-Ṣayyib p. 94.

4 Nagbababala sa atin si Allāh – kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan – laban sa pagpapakaabala sa mga yaman at mga anak sa halip na sa pag-alaala sa Kanya – kapita-pitagan Siya at pagkataas-taas. Nagsabi si Allāh (Qur’ān 63:9): “**O mga sumampalataya, huwag kayong lingatin ng mga yaman ninyo ni ng mga anak ninyo sa pag-alaala kay Allāh. Ang sinumang gumawa niyon, ang mga iyon ang mga malulugi.**”

5 Pagnilayan mo kasama ko ang dakilang kalamangang ito at ang mataas na karangalan. Nagsabi si Allāh (Qur’ān 2:152): “**Kaya alalahanin ninyo Ako, aalalahanin Ko rin kayo.**” Nagsabi siya Ḥadīth Qudsīy: “**Ako ay sa ganang pag-aakala ng lingkod Ko sa Akin at Ako ay kasama niya kapag naalaala niya Ako. Kaya kung naalaala niya Ako sa sarili niya, maaalaala Ko siya sa sarili Ko; at kung naalaala niya Ako sa madla, maaalaala Ko siya sa madlang higit na mabuti kaysa sa kanila.**”(32)

## Ang nasaad sa sunnah ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – na mga uri ng dhikr ay marami. Kabilang sa mga ito ang sumusunod:

1 Ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya: “Ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi: ***Ang sinumang nagsabi ng* — Lā ilāha illa llāhu waḥdahu lā sharīka lah, lahu lmulku wa lahu lḥamd, wa huwa `alā kulli shay’in qadīr (*Walang Diyos kundi si Allāh – tanging Siya: walang katambal sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan*) — *sa isang araw nang isandaang ulit, magkakamit siya ng katumbas sa pagpapalaya sa sampung alipin, magsusulat para sa kanya ng isandaang magandang gawa, magpapawi sa kanya ng isandaang masagwang gawa, magkakaroon siya ng isang pananggalang laban sa demonyo sa araw niyang iyon hanggang sa gumabi. Walang sumambit na isa man ng higit na mainam kaysa sa sinambit niya maliban sa isang gumawa ng higit kaysa roon. Ang sinumang nagsabi ng* Subḥāna -llāhi wa biḥamdihi (*Napakamaluwalhati ni Allāh at kalakip ng papuri sa Kanya*) *sa isang araw nang isandaang ulit, aalisin ang***

(32) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 7405. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2675, mula sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya.

***mga kasalanan niya kahit pa man ang mga ito ay tulad ng mga bulangdagat.*"(33)**

2 Ayon kay Ayyūb – malugod si Allāh sa kanya: "Nagsabi ang Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: Ang sinumang nagsabi ng — **Lā ilāha illa llāhu waḥdahu lā sharīka lah, lahu lmulku wa lahu lḥamd, wa huwa `alā kulli shay'in qadīr (*Walang Diyos kundi si Allāh – tanging Siya: walang katambal sa Kanya. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan*) — *nang sampung ulit, siya ay naging gaya ng sinumang nagpalaya ng apat na tao mula sa mga anakniIsmael.*"(34)**

3 Ayon kay Sa`d bin Abī Waqqāṣ - malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Kami noon ay nasa piling ng Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – at nagsabi siya: ***Nanghihina ba ang isa sa inyo na magkamit sa bawat araw ng isang libong magandang gawa?*** Tinanong siya ng isang nagtatanong kabilang sa mga kaupuan niya: Papaano pong magkakamit ang isa sa amin ng isang libong magandang gawa? Nagsabi siya: ***Magluluwalhati siya ng isandaang pagluluwalhati at isusulat para sa kanya ang isang libong magandang gawa o aalisin sa kanya ang isang libong kasalanan.*"(35)**

4 Ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya: "Ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – ay nagsabi: ***Ang sinumang nagsabi ng* Subḥāna -llāhi wa biḥamdihi (*Napakamaluwalhati ni Allāh at kalakip ng papuri sa Kanya*) *sa isang araw nang isandaang ulit, aalisin sa kanya ang mga kasalanan niya kahit pa man ang mga ito ay tulad ng mga bula ng dagat.*"**(36) Sa isang sanaysay sa ganang kay Imām Muslim: "***Ang sinumang nagsabi kapag nag-uumaga at kapag gumagabi n*g Subḥāna -llāhi wa biḥamdihi (*Napakamaluwalhati ni Allāh at kalakip ng papuri sa Kanya*) *nang isandaang ulit. Walang sumambit na isa man sa Araw ng Pagkabuhay ng higit na mainam kaysa sa sinambit niya maliban sa isang nagsabi ng tulad ng sinabi niya o nagdagdag ito roon.*"(37)**

---

(33) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 3293. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2691.
(34) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 6404. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2693.
(35) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2698.
(36) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 6405. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2692.
(37) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2692.

Ang mga ḥadīth sa mga uri ng dhikr at kalamangan ng mga ito ay marami. Ang naunang nabanggit ay kabilang sa higit na tanyag at higit na tumpak sa nasaad na dhikr na may kalamangan. Nasaad ang maraming iba pa rito. Ayon kay Abū Mūsā Al-Ash`arīy – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Nagsabi sa akin ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***Hindi ba ako gagabay sa iyo sa isang kayamanan mula sa mga kayamanan ng Paraiso?*** Kaya nagsabi ako: Siya nga po. Nagsabi siya: ***Sabihin mo:*** **Lā ḥawla wa lā qūwata illā bi-llāh (Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allāh)**."[38]

Ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***Talagang ang magsabi ako ng*** **Subḥāna llāh, alḥmadu lillāh, lā ilāha illa llāh, AT Allāhu akbar** ***(Napakamaluwalhati ni Allāh, ang papuri ay ukol kay Allāh, walang Diyos kundi si Allāh, AT si Allāh ay pinakadakila) ay higit na kaibig-ibig sa kanya kaysa sa sinisikatan ng araw.***"[39]

Ang paghingi ng tawad din ay kabilang sa mga uri ng dhikr. Nauna na ang ḥadīth ayon kay Al-Agharr Al-Muznīy – malugod si Allāh sa kanya – sa ganang kay Imām Muslim at ang sabi ng Propeta – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "***Tunay na talagang nalilingat ang puso ko at tunay na ako ay talagang humihingi ng tawad kay Allāh sa isang araw nang isandaang ulit.***"[40]

Ito ay gawain niya – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – at hinimok nga niya ang paghingi ng tawad ayon sa sabi niya gaya ng nasa Ṣaḥīḥ Muslim ayon kay Al-Agharr – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi rin: "Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: ***O mga tao, magbalik-loob kayo kay Allāh sapagkat tunay na ako ay nagbabalik-loob sa isang araw sa Kanya nang isandaang ulit.***"[41]

Sa ganang kay Al-Bukhārīy mula sa ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Narinig ko ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan – na nagsasabi: ***Sumpa man kay Allāh, tunay na ako ay talagang humihingi ng tawad kay Allāh at nagbabalik-loob sa Kanya sa isang araw nang higit sa pitumpong ullit.***"[42] Kaya nararapat sa tao na hindi magpabaya sa paghingi ng tawad.

---

(38) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 4202. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2704.
(39) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2695.
(40) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2702.
(41) Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2702.
(42) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 6307.

Winawakasan ko ang sunnah ng dhikr – at ganito rin ang lahat ng mga sunnah na pang-araw-araw – sa pamamagitan ng isang dakilang dhikr na nasaad sa Ṣaḥīḥān, na ipinangwakas ni Imām Al-Bukhārīy sa Ṣaḥīḥ niya at ipinangwakas ni Ibnu Ḥijr sa aklat niyang Bulūgh Al-Marām – kaawaan silang dalawa ni Allāh. Ito ay ḥadīth ayon kay Abū Hurayrah – malugod si Allāh sa kanya – na nagsabi: "Nagsabi ang Sugo ni Allāh – pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: May dalawang pangungusap na magaan sa dila, na mabigat sa timbangan, kaibig-ibig sa Napakamaawain: **Subḥāna llāhi wa biḥamdihi, subḥāna llāhi l`adhīm** (***Napakamaluwalhati ni Allāh at kalakip na papuri sa Kanya, Napakamaluwalhati ni Allāh, ang Sukdulan***)."[43]

**Ang papuri ay ukol kay Allāh na sa pamamagitan ng biyaya Niya nalulubos ang mga matuwid na gawa.**

(43) Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy na may numerong 6406. Isinaysay ito ni Imām Muslim na may numerong 2694.

Philippine


Mga Pagpapakilala


Mga Sunnah ng Bago Magmadaling-araw


Mga Sunnah ng Oras ng Madaling-araw


Mga Sunnah sa Oras ng Ḍuḥā


Mga Sunnah sa Dhuhr at `Aṣr


Mga Sunnah sa Oras ng Maghrib



Mga Sunnah sa ‘Oras ng `Ishā


Mga Sunnah sa Pagkain


Mga Sunnah sa Pagbati, Pakikipagkita, at Pagtitipon


Mga Sunnah sa Kasuutan at Gayak


Mga Sunnah sa Pagbahin at Paghikab


Mga Ibang Sunnah


# Ang mga Sunnah ng Propeta
– pagpalain siya ni Allah at pangalagaan –
**at mga Dhikr Niyang Pang-araw-araw**

اللغة الفلبينية
FILIPINO LANGUAGES

جميع لغات المشروع
ALL LANGUAGES